



PANGKULTURANG DYORNAL NG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG KILUSAN SA
PANGANGASIWA NG ARTISTA AT MANUNULAT NG SAMBAYANAN (ARMAS)
SA PAMAMATNUBAY NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS (MLM)



ANG BAWAT LIKHANG-SINING SA ISYUNG I TO NG AY MAAARING IPALAGANAP SA ANUMANG PARAAN O ANYO; ANG MGA AWIT, TULA, KWENTO, SANAYSAY AT SINING BISWAL AY MAAARING SIPIIN SA MGA PANUNURI AT ITANGHAL SA MGA PULONG-MASA AT MGA PAGTITIPON NG MGA REBOLUSYONARYONG PWERSA; MAAARING ISALIN SA IBANG WIKA AT ILATHALA SA MGA PUBLIKASYON NG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG KILUSAN.

HINIIHIKAYAT ANG LAHAT NG KASAMA SA KANAYUNAN MAN O SA LUNSOD NA MAG-AMBAG NG KANILANG MGA AKDA AT IBA PANG LIKHANG SINING. ANUMANG MGA PUNA AT MUNGKAHI AY MALUGOD NAMING TINATANGGAP SA DIWA NG IBAYO PANG PAGPAPAUNLAD SA ATING REBOLUSYONARYONG SINING AT PANITIKAN.

NILALAMAN

ISULONG ANG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG REBOLUSYON SA PAMAMAGITAN NG DIGMANG BAYAN SA GITNA NG LUMALALANG PANDAIGDIGAN AT LOKAL NA KRISIS, <i>mula sa Patnugutan ng ULOS</i>	5
KASAYSAYANG DINALISAY NG PAKIKIBAKA <i>ni Silvia Madiaga</i>	9
PAGLIHIS, PAGWASTO, PAGSULONG <i>ni Celso Sinag</i>	17
MGA ALON SA DAGAT NG NAKARAAN: MGA KWENTO NG PAKIKIBAKA <i>nina Ka Jo, Ka Levi, Ka Anita, Ka Perse, Ka Siana, Ka Jojo at Ka Masuring</i>	36
MANGGAGAWA NG PLANTA, MANGGAGAWA NG SAMBAYANAN <i>ni Maria Catalanon</i>	69
BUMANGON NA ANG SINGKO	79
T.O.D. <i>ni V. Sangganghayan</i>	88
HANAY <i>ni Sorai Malaya</i>	99
MANGINIG KA HANGGANG TALAMPAKAN, PANGINOON <i>ni Silvia Madiaga</i>	100
TIYO CARDING <i>ni Kalayaan Esguera</i>	102
TIYO CARDING, <i>salin ng ULOS</i>	103
SI ROSITA AT SI YOLANDA <i>ni Maria Catalanon</i>	104
MASSWORK <i>ni Joven Obrero</i>	110

MASSWORK, <i>salin ng</i> ULOS	112
MAPULANG PAGPUPUGAY KAY KA GAB <i>ni Yeng Kasanag</i>	114
AKO ANG BAGONG HUKBONG BAYAN <i>ni Macario Salakay</i>	122
MALUTONG GABON <i>ni Soral Malaya</i>	124
SA KRB, HIGIT NA MALAKAS ANG MAMAMAYAN <i>ni Vener Sto. Domingo</i>	125
HINGGIL SA REBOLUSYONARYONG HUSTISYA <i>ni Landay Baweh</i>	131
UGNAYAN <i>ni Soral Malaya</i>	140
PAGPAPASYA NG ISANG INA <i>ni Ka Dez</i>	142
FREE(DOM) VERSE <i>ni Karlo Kanuyos</i>	146
LUZON, VISAYAS, MINDANAO, <i>mula sa North Eastern Mindanao Region</i>	148
PASASALAMAT	150

ISULONG ANG PAMBANSA- DEMOKRATIKONG REBOLUSYON SA PAMAMAGITAN NG DIGMANG BAYAN SA GITNA NG LUMALALANG PANDAIGDIGAN AT LOKAL NA KRISIS

MULA SA PATNUGUTAN



“Sa ika-45 anibersaryo ng muling pagtatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas sa teoretikong batayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, ipinagdiriwang natin ang natipon at bagong mga tagumpay ng Partido

at mamamayang Pilipino sa bagong demokratikong rebolusyon laban sa naghaharing sistema ng malalaking kumprador at panginoong maylupang sunud-sunuran sa imperyalismong US.

“Determinado tayong isulong ang bagong demokratikong rebolusyon sa batayan ng ating lakas sa ideolohiya, pulitika at organisasyon, pangibabawan ang ating mga pagkakamali at kahinaan, ilatag ang ating mga tungkulin at isakatuparan ang mga iyon upang ibunsod ang mas malalaking tagumpay sa rebolusyonaryong pakikibaka.

“Ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista ay nagtatagal at lumalala. Bunga nito, patuloy ang paglalim at paglubha ng palagiang krisis ng lokal na naghaharing sistema. Ang kundisyon ng krisis ay nagdudulot ng di mabatang pagdurusa sa mamamayan at nagtutulak sa kanila na lumaban sa lahat ng paraan.

“Alinsunod sa disenyo ng US, layunin ng Oplan Bayanihan na wasakin ang rebolusyonaryong kilusan o pawalansaysay ito sa pagkukumbina ng papatinding mga brutal at mapanupil na kampanyang militar at ng huwad na paglalarawan sa rehimeng Aquino bilang modelo ng mabuting pamamahala, pag-unlad ng ekonomya at tagapamigay ng limos sa pinakanagdarahop, laluna sa mga larangang gerilya.


“Subalit sa ngayon, ang malalang pagkabigo ng Oplan Bayanihan ay napakalinaw. Patuloy na lumalawak at lumalakas ang digmang bayan. Ang mga rebolusyonaryong pwersa at mamamaya’y umaasa na sa pamamagitan ng walang kapagurang pagsisikap at pakikibaka, susulong sila mula estratehikong depensiba tungong estratehikong pagkapatas.

“Ang rehimen ni Aquino ay inilalantad at kinukundena ng mamamayan dahil sa paglilingkod nito sa interes ng mga nagsasamantalang uri, na kinabibilangan din niya, sa pangangayupapa niya sa imperyalistang US, sa pagpapalala ng atrasadong katangian ng ekonomya at sa pagiging korap dahil sa

pagnanakaw ng pondong publiko at pagtanggap ng suhol mula sa malaking negosyo.

“Ang imperyalistang US at ang mga lokal na nagsa-samantalang uri ay umasa noon na mapipigilan ng rehimeng Aquino ang rebolusyonaryong kilusan, mapagkakasundo ang nagriribalang reaksyunaryong pwersa at mapatatatag ang naghaharing sistema. Subalit pinalalala nito ang krisis sosyo-ekonomiko at pampulitika at itinutulak ang mamamayan na mag-alsa. Ang panawagan para sa pagpapataksik o pagbibitiw ng rehimeng Aquino ay lumalawak at tumatalas.”
(Komite Sentral, Partido Komunista ng Pilipinas, Disyembre 26, 2013)

Ang isyung ito ang ambag ng ULOS sa pagdiriwang ng ika-45 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas. Sa pamamagitan ng rebolusyonaryong panitikan, itinatampok ng ULOS ang maniningning na nakaraan ng Partido at ang pinamumunuan nitong rebolusyonaryong mamamayan, ang magiting na pagharap sa mga hamon ng kasalukuyan, hanggang sa natatanaw na maliwanag na kinabukasan.



Dalawang magkapares na tula, binungkos sa pamagat na **Ipagdiwang ang Ika-apatnapu't limang Anibersaryo ng PKP!** ang naglalahad ng 45 taong kasaysayan ng Partido— ang tulang **Kasaysayang Dinalisay ng Pakikibaka** ang unang bahagi, at ang tulang **Paglihis, Pagwawasto at Muling Pagsulong** ang pangalawa.

Binibigyan ng **Mga Alon sa Dagat ng Nakaraan** ng dagdag na kulay ang kasaysayan ng Partido sa inipong mga karanasan ng ilang kasamang tuwirang nakibahagi sa iba't ibang panahon ng pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusan.

At ngayong patuloy nang sumusulong ang digmang bayan sa

mas mataas na antas ng pakikidigma, makikita ang kasiglahan ng kilusan sa mga hayag at lihim na pakikibakang inilulunsad ng mga manggagawa sa monolog na **Manggagawa ng Planta, Manggagawa ng Sambayanan** at ng maralitang tagalunsod sa kwento ng **Bumangon na ang Singko**.

Inilalarawan naman ang kalagayan at pakikibaka ng mga magsasaka sa tulang **Manginig Ka Hanggang Talampakan, Panginoon** at **Tiyo Carding** ng Mindanao, habang ang pagkilos ng kanilang sandigan, ang Bagong Hukbong Bayan, ay isinalaysay sa mga kwentong **T.O.D.** at **Si Rosita** at **si Yolanda**, sa mga tulang **Hanay, Mass Work, Malutong Gabon** at **Ako ang Bagong Hukbong Bayan**, at sa Mapulang Pagpupugay kay **Kasamang Gab**.

Makikita ang binhi ng tunay na demokratikong gubyernong bayan sa mga panayam na **Sa KRB, Higit na Malakas ang Mamamayan** at **Hinggil sa Rebolusyonaryong Hustisya**.

Pinagtatagpo ng tulang **Ugnayan** ang hayag at lihim na pakikibaka sa kalunsuran at ang digmang gerilya at rebolusyong agraryo sa kanayunan. Sa mga akdang **Pagpapasya ng Isang Ina** at **Free(dom) Verse** at sa awit na **Luzon, Visayas, Mindanao** ay ipinapanawagan at muling pinaninindigan ng mga kasama mula sa iba't ibang lugar ang paglahok sa kabuuang pagsisikap sa pagsusulong ng digmang bayan.

Ang mga itinatampok sa isyung ito ay ilan lamang sa mga kongkretong tagumpay ng rebolusyonaryong kilusan sa 45 taon ng mapagpunyaging pakikibaka. Tuntungan ang mga ito sa pagsusulong ng rebolusyonaryong digma patungo sa estratehikong patas hanggang sa ganap na tagumpay.



IPAGDIWANG ANG IKA-APATNAPU'T LIMANG ANIBERSARYO NG PKP!

KASAYSAYSANG DINALISAY NG PAKIKIBAKA

NI SILVIA MADIAGA

I.

Nilinang sa sakahan, pinanday sa pabrika,
Iginiit sa eskwelahan, pinaandar sa kalsada
Ng kasaysayang dinalisay ng pakikibaka,
Hiyas ng Pilipinas — ang Partido Komunista:



II. Paghahanda sa Muling Pagtatatag ng Partido

Dekada sienta'y ligalig ang mga bayan
Sa *Cold War*, *witchhunts*, agresyon sa Byetnam.
Pagsasamantalang imperyalista ay nilalabanan
Ng malawak na masa ng sandaigdigang.
Sa anti-imperyalistang pandaigdigang kilusan
Malalaking bato ang nangag-uumpugan,
Rebisyonismong moderno ni Khrushchov nanlinlang
Inilantad naman ni Mao at nagtunggalian.

Dakilang Debate na nangagsagutan,
Kampong sosyalista ay nagkabiyaan.

Sa Pilipinas, prontera'y nasaid, magbubukid wala nang malinang
Dahil sa pyudalismo, lupa'y inari ng asenderong swapang.
Mga magsasaka sa syudad nagdagsaan
Hanap ay empleyong di naman matagpuan.
Industriyalisasyo'y binansot ng imperyalistang patakaran
Ng dekontrol, debalwasyon, kontrol ng IMF-World Bank;
Manggagawa't maralitang lunsod ang pangunahing pumasan
Presyong mataas! Sahod na mababa! Mga kapitalistang kalabisan!



Baya'y bumabangon, masa'y nagpupuyos
 Ngitngit ng lipunan ay bulkang sasabog!

Ngunit pakikibaka'y di mapamunuan
 Ng lumang kapisanang lupaypay sa kamalian,
 Mga punang inihapag ayaw pag-aralan
 Kaya't kabataa'y nagsariling hakbang
 At mga halaw na aral sa Tsina, Rusya, at Byetnam,
 Pakikibakang kabang-yaman ng sangkatauhan
 Pinagdaop sa pag-aaral ng kasaysaya't lipunan—
 Naging linya ng demokratikong rebolusyon ng bayan.

SND naghapag, mga pagsusuri
 At pinalaganap ang linya ng ND.

Demonstrasyong anti-CAFA ang pumutok na paglaban
 Sa panggigipit sa mga guro, estudyante at kabataan
 Na nagpapalaganap ng makabayang kaisipan,
 Hanggang itinatag ang Kabataang Makabayan.
 Mga bagong kadre'y nagtuon sa Marxista-Leninistang pag-aaral,
 Nilagom ang karanasan, pinuna ang mga kamalian
 At ang Unang Pagwawasto'y ginawang kilusan,
 Sumilip ang liwanag sa dulo ng karimlan.

Kung walang rebolusyonaryong teorya
 Rebolusyonaryong kilusa'y wala
 Sa kasaysayang dinalisay ng pakikibaka
 Tumindig sa Maoismo ang Partido Komunista.

III. Muling Pagtatatag ng PKP (MLM)

Noong sisenta'y otso, Disyembre bente saís
 Taliba ng proletaryo'y muling itinindig
 Sa prinsipyong MLM, papel na iginuhit
 Ng uring manggagawang namumunong salik.
 Pagsusuri sa lipunan ay tinanganang mahigpit:
 Pangunahing kaaway ay imperyalismong ganid,
 Na sumusuhay sa pyudalismong katotong matalik
 At burukrata-kapitalistang mga limatik.

Baya'y malapyudal at malakolonyal
 Bagong DRB lang ang s'yang kalutasan.

Uring magsasaka ang pangunahing bisig,
 Karapatan sa lupa ay sa digma igigiit.
 Binuong hukbong baya'y lalaki mula maliit
 Kukubkob sa lunsod mula sa mga bukid.
 Mga anyo ng paglaban ay walang mawawaglit,
 Armado ang pangunahin ngunit parlamentaryo'y kalakip.
 Lahat ng mamamayang sa tatlong ismo ay galit
 Nagkakaisang prente ang siyang magbibigkis.

Upang tatlong salot ay mawakasan na
 Ang sagot ng baya'y matagalang digma!

Pambansang industriyalisasyon sa ekonomya'y iguguhit
 Habang rebolusyong agraryo sa kanayuna'y iiugit
 Sa gubyernong koalisyon na siyang ititindig
 Demokratikong karapatan ng masa ay di ipagkakait.





Itataguyod ang syensya, libheng edukasyon, malayang tinig,
 Karapatan sa pulitika ng kababaihan ay di na panaginip
 Pagpapasya-sa-sarili ng pambansang minorya ay igigiit
 At di-pantay na mga tratado sa basurahan ihahagis.

Ito'y PDRB na ating programa

At ang sosyalismo ang s'yang perspektiba.

Demokratikong sentralismo sa organisasyo'y huhugis
 Sa buong kasapian na ang malayang tinig
 Ay bubuklurin ng sentro sa iisang tindig,
 Sa isip at kilos, pagkakaisahin nang mahigpit.
 Tagumpay ng bansa ang siyang uugit
 Ng landas patungo sa sosyalismong nais.
 Papawiin nang ganap ang imperyalismong ganid
 At palalayain ang buong daigdig.

Dala'y wastong linya sa pulitika

Organisasyon at ideolohiya

Sa kasaysayang dinalisay ng pakikibaka

Namuno sa paglaban ang Partido Komunista.

IV. Panimulang Paglalatatag ng Pakikidigmang Gerilya

Krisis pampinansya noong sitenta'y nagpalaki ng lamat,
 Nag-agawan sa umimpis na yaman ang mga bayawak.
 Bumahang petrodollars nag-unahang sinunggab
 Ng mga kroni at tuta na umutang ng limpak-limpak.
 Militar na paksyon ni Marcos ay pinalakas
 At sa Plaza Miranda, karibal na paksyon ay winasak.

Ngunit nang *writ suspension* sa Agosto 'y ipinatupad
 Protestang bayan ay lalong namukadkad
 'Pagka't hukbong bayan ay naitayo na
 May maaasahang sandigan ang masa.

Ang Bagong Hukbong Bayan, mula Isabela't Tarlac
 Sa malalaking isla ay nagsimulang umugat
 Sa tulong ng masa at sa labanan nagparami ng armas
 Sinagot ng estado ng reaksyunaryong dahas.
 Dalawang daan limampung-libong baseng masa ang humarap
 Sa Task Force Lawin, Task Force Saranay, iba pang pagsisikap
 Ng rehimg US-Marcos na kilusa'y malansag
 Ngunit rebolusyo'y sa buong bayan inilatag.
 LRP ang naging batayang aralin,
 OG at RGRL gabay sa gawain.

Unang Sigwang bumulwak sa paaralan, kalsada, komunidad,
 Pambansa-demokratikong linya sa buong bansa itinulak
 Nagsagutan ang mga boykot, rali at pag-aklas
 Sinagot ng estado ng Militar na Batas!
 Pagsaklot ng puting lagim, bukod-tanging Partidong nangahas
 Na ang masa'y pakilusin, organisahin at imulat
 At ang kilusang lihim sa kalunsuran ay ilatag
 Mga sonang gerilya'y magbukas, magpalawak
 NDF binuong lihim na alyansa
 Kontra-tatlong ismo ang pagkakaisa.

Hanggang lunsod noong sitenta'y singko ay muling namulaklak
 Sa mga kilos protesta, mga welgang sumambulak.





Kilusang masang iginiit ay naging hayag
 Diktadurang Marcos natanggalan ng panindak.
 Rebolusyong agraryo sa kanayuna'y namalas
 Gubyernong bayan at samahang masang matatag,
 Hukbong bayang sa taktikal na opensiba pumakat.
 Armadong paglaban sa kapulua'y lumaganap.
 Mula sa masa at tungo sa masa
 Ang paglalatatag ng digmang gerilya
 Sa kasaysayang dinalisay ng pakikibaka
 Gumabay sa pagsulong ang Partido Komunista.

V. Matatag na Pagsulong ng Rebolusyon

Sa Batas Militar, kabuhayan ng bayan ay sumadsad
 Limang bilyong dolyar na dayuhang utang sa buwis nagpabigat
 Ginamit sa imprastrukturang pasikat na puno ng *kickback*.
 PD 27, Samahang Nayon, napatunayan nang huwad.
 Masang anakpawis lalong natutong pumiglas
 Sa mga masaker, tortyur, hamlet, iba't ibang pandarahas
 Kahit panggitnang pwersa'y nagsikap umigkas
 Diktadurang US-Marcos sa dulong kanan inilagak.
 Sa napakatinding pulitikang krisis
 BHB'y lumaki nang lalong mabilis.

Sitenta'y sais nang mga karanasan ay iangat
 Sa Mahigpit Nating Mga Tungkulin na sa pagkilos inilapat.
 Ang linyang makauri sa mga samaha'y nagpatatag
 Antipasistang kilusan sa anti-imperyalista inilangkap.
 Silangang Kabisayaan ang nanguna sa paglulunsad

Ng mga pamplatang T.O. na papasinsin, papalaganap.
Sa bansa'y tatlumpung larangang gerilya ang humatak
Sa kaaway upang sa kapulua'y mapilitang kumalat.

Ito ay pagtupad nitong PKDB
Na sa Pilipinas naging pagsusuri.

Hanggang otsenta'y sais, lumaki na at sukat
Ang kasapian ng Partido'y tatlumpung libo na ang pakat
Armas ng Hukbo'y sa anim na libo lumagpas
At mga larangang gerilya'y sa animnapu pumatak.
Ngunit anong saklap, maling linya'y di nasipat
At ang bwelo ng wasto ay unti-unting nangatngat.
Malapyudal at malakolonyal na pagsusuri'y inungkat
Pangmamata sa Maoismo ay naging palasak.

May adbenturismo, may rebisyunismo,
Nais likidahin pati ang Partido.

Sa linyang SCO at RA-WA, mga kumpanya sa Minda'y itinatag
Na sa kampanyang Ahos bumulusok din sa talampas.
Pundasyong MLM na dati nang nailatag
Inuk-ok ng kakulangan sa pag-aaral at paggagap.
Sa dating wastong pundasyon, karamihan ng kadre'y nagsikap
Na sa matinding krisis ng naghahari, rebolusyon ay lumakas.
At nang paslangin si Aquino, malawakang protesta'y sumagsag,
Diktadurang US-Marcos, sa EDSA ibinagsak!

Laganap, sinsin ng gerilyang digma
Sa lalim at lawak ng baseng masa
Sa kasaysayang dinalisay ng pakikibaka
Patuloy na sumulong ang Partido Komunista



VI.

At kahit ginipit at nilinlang ng rehimeng US-Aquino
 Kahit binomba ng dilaw na hukbo nito
 Kahit sa tama at mali ay nagkalito-lito
 Kahit dinahas ni Ramos na berdugo
 Kahit binayo ng OBL ni Arroyo
 Kahit pinasaklaw ng US ang OpBay ni Noynoy Abno
 Rebolusyonaryong kilusan ay hindi nagupo
 Patuloy na tumitibay, patuloy na lumalago
 Pagwaksi ng mali, pagtangan sa tama
 Batayang prinsipyo ay mahalaga
 Sa kasaysayang dinalisay ng pakikibaka
 Nagwasto at tumatag ang Partido Komunista.

SND – ang aklat na Struggle for National Democracy (Makibaka para sa Pambansang Demokrasya)

ND – National Democracy o Pambansang Demokrasya

CAFA – Committee on Anti-Filipino Activities ng Kongreso, na nag-uusig sa at nagpaparatang na komunista ang mga nagdadala ng nasyunalismo

OG – Organizational Guide and Report Outline na naglalaman ng mga gabay sa pag-uulat at paano nagtatayo ng mga organisasyong masa

RGRL – Rebolusyonaryong Gabay sa Reporma sa Lupa

PD 27 – Presidential Decree 27, dikreto ni Marcos hinggil sa huwad na reporma sa lupa

PKDB – Ang mga Partikular na Katangian ng ating Digmang Bayan

T.O. - taktikal na opensiba

SCO – Strategic Counter-Offensive

RA-WA – Red Area-White Area, kung saan binigyan ng magkapantay na kahalagahan ang kanayunan at kalunsuran, at sa kalaunan ay mas bumigat pa ang diin sa kalunsuran

OBL – Oplan Bantay Laya

OpBay – Oplan Bayanihan

IPAGDIWANG ANG IKA-APATNAPU'T LIMANG ANIBERSARYO NG PKP!

PAGLIHIS, PAGWAWASTO AT MULING PAGSULONG

NI CELSO SINAG



I

Isang katotohanang laon na nating tangan-tangan
Sa Partido, dalawang linya'y laging nagtutunggalian
Kahit na sumusulong at nasa pinakakainaman
Iyan ay batas ng pag-unlad at lipunang kinalulugaran

Sa lahat ng yugto ng pagsusulong ng rebolusyon
PKP, nakapailalim sa batas ng kontradiksyon
Laging tatangkain ng burgesyang ipasok at ibaón
Mapanlasong gawi at kaisipa'y maipusisyon

Kumikilos ang burgesya mula sa labas ng Partido
 O nakapupuslit sa loob na di nagbagong elemento
 Pinalalabas na mga ideyang petiburges ay proletaryo
 At inaatake ang linyang MLM nang kubli o krudo

Patotoo nito sa dekada otsenta ang unang mga taon
 Kilusa'y mabilis kaysa nakaraang mga taon na sumulong
 Pero hindi nasustini, pumihit, at inisyatiba'y nawala
 At bandang huli, nagkamit ng pagkalalaking pinsala

Ang mga larangang gerilya'y lumawak ang teritoryo
 Tuluy-tuloy na umunlad ang kilusang demokratiko
 Na lalong sumigabo nang paslangin si Ninoy Aquino
 Lalunang nahati ang hanay ng mga reaksyunaryo

Pagkakatao'y sinunggaban para mabilis na bumugso
 Ang kilusang masa sa kalunsuran at para mabuo
 Pinakamalawak na prente kaya milyun-milyo't libu-libo
 Ang nag-alsa noong '86 at ibinagsak -- pasistang berdugo

Dahil sa papel ng pambansa-demokratikong kilusan
 Na alyansang manggagawa't magsasaka ang sandigan
 Ang rehimeng Aquino na humalili sa diktadura'y napilitan
 Na palayain lahat ng detenidong pulitikal sa bilangguan

Di nagtagal pilit itinatwa ng rehimen na may kinalaman
 Sa pagbagsak sa diktadura ang rebolusyonaryong kilusan
 People power at aklas na militar daw ang may kagagawan
 Kaya nakamit diumano ang kalayaan ng ating bayan





Batid ng balana na ang rebolusyonaryong kilusan
 Ang pinakamalaking organisadong pwersa at samahan
 Na patuloy na nakibaka at nagpursigi sa pakikipaglaban
 Para pasistang diktadura'y ibagsak at mapangibabawan

Lumaki ang Partido sa higit tatlungpung libong kasapian
 Sa labing-apat na rehiyon may higit animnapung larangan
 Naitatag mga samahang masa at organo ng kapangyarihan
 At higit limang libong HPR ang lakas ng hukbong bayan

Militar ng kaaway malayung-malayo ang kalamangan
 Sa anim na libong mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan
 Pero puu-puong libong milisyang bayan ang katuwang
 At daan-daan libong SDU ng pangmasang samahan

Ang tagumpay na ito'y dahil sa matibay na pundasyon
 Sa pagpupunyagi sa wastong linya ng mga rehiyon
 Batay sa saligang dokumento ng Partido, PKDB at MNT
 At sa mabilis na paglubha ng krisis ng sistemang naghahari

2

Sa kabilang banda, nabuo sa huling bahagi ng dekada sitenta
 Ang maling mga agos at tunguhing malaki ang pinsala
 Nagkahugis sa plenum noong dyes-i-nwebe mil otsenta
 Nang kwestyunin kung Pilipinas ay malapyudal na malakolonya



Mas urbanisado daw kaysa Tsina nang ito’y magrebolusyon
 Kwarenta porsyento ang populasyon ng lunsod at poblasyon
 Sa katunaya’y giit nito na si Marcos ay nag-industriyalisasyon
 Kaya malakapitalista na itong lipunang Pilipino sa ngayon

Tinatanaw ng pagsusuring ito na baguhin ang estratehikong linya
 Matagalang digmang bayan hindi na raw angkop at laos na
 Mas malaki raw papel ng pakikibakang rebolusyonaryo sa lunsod
 Insureksyong lunsod ang kailangan para igpaw ay maibunsod

Kinontra ng “Hinggil sa Moda ng Produksyon” ang agos na ito
 Sa “Patalong Landas ng AFP” matalas na sinagot ang konsepto
 Na lalaki ang hukbong bayan kapag nakamit ang bilang na takda::
 Sa wala-sa-panahong bertikalisasyon ay mahigpit na nagbabala

Pero nangibabaw ang mali, minadali ang igpaw sa “abanteng subyugto”
 Ipinagtibay bilang ikatlo’t huling subyugto itong SCO,
 Kung saan tampok ang papel ng insureksyong lunsod na armado
 At isinulong, adelantadong regularisasyon ng hukbo

"Regularisasyon" ay pagbubuo ng dagdag na burukrasya sa Partido
 Na kulang naman sa teoretikal at ideolohikal na pagbubuo
 Paglalatag ito ng dagdag na antas ng komand at istap sa hukbo
 At tutók sa gawaing militar -- walang gawaing masang solido

Nagpursigi sa wastong linya sa unang mga taon ng otsenta
 Pero di naglaon, dahil dito, mas tahasang linyang militarista
 Inengganyo ng linyang SCO sa Mindanao ang paghahalu-halo
 Ng adbenturismong militar at panlunsod na insureksyunismo

Insureksyong lunsod daw ang pinakamataas na pakikibaka sa pulitika
 Pinatindi ang pakikidigmang partisano at pawalis na propaganda
 Naglunsad ng mga "welgang bayan" na naghahakot ng magsasaka
 Mula sa kanayunan, o kaya'y nagtettekpoynt sa mga kalsada

Higit kalahati ng hukbong bayan ang absolutong konsentrado
 At kinaligtaan ang mas mahalagang gawaing masang solido
 Naging vulnerable sa atake ng kaaway at nalagay sa pasibo
 Itinuring ding mapagpasya – gawaing internasyunal sa ibayo

Sunud-sunod ang pagkatalo ng hukbong absolutong konsentrado
 Mga presisong reyd ng kaaway sa kilusang lihim sa lunsod at baryo
 Dahil dito napakarami ang nahuli at nagbuwis ng buhay
 Maling isinisi sa nakapuslit sa kilusan na “DPA ng kaaway”

Sa gayon nagsimula ang kampanyang Ahos na isang isterya
 Pinayagan ang tortyur at pagpatay sa madugong pamumuksa
 Daan-daang kasapi ng Partido at aktibista ang biktima
 Nakademoralisa, bumagsak ang bilang ng kasapi at baseng masa



Pagpasok sa lokal na Usapang Pangkapayapaan, 1987 SAGADA

Sa kabila nito, di iniulat, malalaking kabiguan ng maling linya
Iprinisinta pa ngang maganda ang pagsulong pati ang resulta
Kaya't sa Plenum noong 1985 pinagtibay pa nga
Ang pagpapatindi tungo sa SCO ng pakikidigma

3

Patuloy na lumala ang krisis sa ekonomya at pulitika
Nang paslangin si Ninoy Aquino, nagalit ang balana
Higit pang sumigla ang malawakang kilusang antipasista
Sa pamamagitan ng snap presidential elections pilit sinawata

Sa malinaw na dayaan, namuhi nang husto ang masa
Ibinagsak ang pasistang diktadura sa pag-aalsang EDSA
Binagabag ng ultra-Kanan at mga labi ng diktadura
Ang rehimeng Aquino sa sunud-sunod na tangkang kudeta

Ang marami sa mga detenidong pulitikal ay pinalaya
Ibinalik ang mga palamuti ng diumanong demokrasya
Pinagtibay ang konstitusyong '87 na reaksyunaryo
At reaksyunaryong paghahari'y matibay na ipinwesto

Nagdaos ng negosasyong pangkapayapaan kuno
'Yun pala, paniniktik at Oplan ay ipinupwesto
Noong Nobyembre 1986, pinaslang sina Alay-ay at Olalia
Minasaker mga magsasakang nagmartsa sa Mendiola





Nagpatibay ng mga batas ang bagong halal na Kongreso
 Isinabatas dikta ng imperyalismong neoliberalismo
 Gaya ng Omnibus Investment Code at Herrera Law
 At Comprehensive Agrarian Reform Law diumano

Sa pangalawang hati ng dekada otsentang iyon
 Natulak sa adbenturismo ang iba't ibang rehiyon
 Nagbuo ng wala-sa-panahong malalaking pormasyon
 Humina ang gawaing masa at militarizado ang sitwasyon

Dahil kumaunti ang mga iskwad na naggagawaing masa
 Lumiit nang husto ang ating organisadong baseng masa
 Di nakaangkop sa psy-war at paniniktik na isinagawa
 Naisulong ng kaaway – gradwal na konstriksyong pakana

Dahil hindi napapanahong naiwasto ang kamaliang “kaliwa”
 Nasundan ang KAHOS ng iba pang “anti-DPA” na isterya
 Gaya sa NL, sa Negros, sa ST at mga organo sa Maynila
 Pinabagal ang pag-unlad, sa ilang panaho’t kilusa’y pinahina

Sa pagkukunwaring pinaunlad, Marxista-Leninistang teorya
 Hindi na raw malapyudal ang lipunan, isang suhetibistang linya
 Malakapitalista raw ito, at nagharap ng "mas madaling paraan"
 Para maagaw ang poder at isulong ang rebolusyong panlipunan

Nariryan ang “kaliwang” mga oportunista – mga putsistang militar
 Sa malalaking yunit ng hukbong walang baseng masa sila’y heneral
 Mga insureksyunistang lunsod na panggagaya ang nilalayon
 Sa Nicaragua sa kanilang kontra-awtoritaryang insureksyon

Nariryan din ang Kanang oportunismong dala-dala ng popdemista
 Ang NDF daw gagawing “Bagong Katipunan” na mistula
 Sa programa’y inalis ang pamumuno ng proletaryado
 Para raw maakit sa nagkakaisang prente ang mga alyado

May panukala na nagpalabnaw sa nilalaman ng programa
 Nag-uulit sa mga ideyang burges ng kontra-rebolusyong Dengista
 Panukalang baguhin pagsusuring PKUS ay rebisyunista
 Para tulong militar mula kanya at kanyang mga alyado’y makuha

Mga panukalang ito’y binigo ng mga tunay na rebolusyonaryo
 Dahil umiigting ang digmang bayan at krisis ng reaksyunaryo
 Hanggang sa ang iba’t ibang pwersa’y magtagpo at bumugso
 At noong 1986 sa pagbabagsak ng pasistang diktadura ay tumungo

Pero matapos bumagsak ang pasistang diktadura sa pag-aalsa
 Boykot sa snap presidential elections pilit pinalaki nila
 Bilang estratehikong kamalian at nang-upat pa laban sa sentro
 At nagpasalamat sa demokratikong espasyo at sa rehimeng Aquino

Kabilang sa mga Kanang oportunista ang nagtataguyod sa liberalismo
 Populismong burges, sosyal-demokrasya, Gorbachovismo, Trotskyismo
 Nakiisa sila sa mga “kaliwang” oportunista sa pagsusuri sa lipunan
 Na itong Pilipinas raw ay malakapitalista na ang kalagayan

Anila’y mapalalakas ng anti-komunistang kaisipan ang Partido
 “Pundamentalista” raw ang pagtataguyod sa MLKMZ sa loob nito
 Akala mo’y sopistikado, ipinagmatwid ang eklektisismo
 Napakaraming ideyang petiburges para palitan iyong sa proletaryo

Tinugon ng “Krisis at Rebolusyong Pilipino” ang maling mga ideya
 Sinabing pinabagsak si Marcos ng Simbahan, militar at pag-aalsang masa
 At katangian ng rehimeng Aquino na komprador burges din
 Inapdeyt ang LRP at inilinaw ang bagong kalagaya’t tungkulin

4

Nakiisa ang “kaliwa” sa Kanang oportunista sa pagsasabi
 Na ang boykot ang pinakamalaking kamalian ng PKP
 Para ikubli ang mas mapaminsalang katangian at bunga
 Ng kamalian nila sa prinsipyo’t linya at kamalian sa isterya

Anila’y tanging mga insureksyong lunsod at importasyon ng armas
 Sa gradual constriction ng mga larangang gerilya, ito ang lulutas
 Estratehiya ng AFP na isulong – digmang madaling tinatapos
 Malalaking pormasyong militar at malalakas na armas ang ibuhos

Noong ‘87-88 nabigo ang kanilang patakarang isinulong
 Na tinaguriang pambansang koordinadong mga operasyon
 Mga operasyong harasment na umubos sa maraming amunisyon
 Banderang kapos, nawalan ng loob, kumiling sa kapitulasyon

Habang ipinagpatuloy ang wala-sa-panahong regularisasyon
 Ang mga “kaliwang” oportunista, sa lunsod naman dumuon
 Isang manipestasyo’y pagdidiin na nila sa insureksyon
 Napakalinaw na sa linya ng MDB ito’y isang pagpupusong

Dahil daw lumaki ang kalunsuran at kanyang populasyon
 Kung dati’y 70-30, ngayo’y 60-40 na ang diin ng rebolusyon
 Kinaligtaan ang pagpapasampa ng mga kadre’t aktibista
 Mula kanayunan ang mga kadre’y sa kalunsuran pinapunta



Pilit naglunsad ng insureksyunistang mga aksyon
 Welgang bayan kuno, at mga labang paralisasyon
 Pinauso ang panununog ng bus, sumalig sa koalisyon
 Para pampuno sa mga kakulangan sa mobilisasyon

Hindi na raw magsasaka ang pangunahing pwersa
 Kundi ang tambalan ng manggagawa't magsasaka
 Digmang bayan daw sa nayon, sa lunsod partisano naman
 Ang anyo ng pakikibakang naaangkop sa kasalukuyan

Nagbuo ng baseng partisano, pinaigting, partisanong operasyon
 Iyon na raw ang anyo ng armadong pakikibakang kaayon
 Lumiit ang mobilisasyon sa mga demonstrasyong gasgasan
 Kaya't mga organisasyon sa baseng partisano'y pinuruhan

Kumupos ang mga samahan at lumiit ang kasapian
 Ang kamalian ng "kaliwang" linya'y lubos na napatunayan
 Panimulang pinuna ang mga tagibang sa gawaing masa --
 "Bertikalisasyon" na puminsala sa papalapad na pwersa

Umigting sa sentral na organo ang tunggalian sa linya
 Maging ang pagbubuo ng NDF ay minaniobra
 Ginawang pederasyon ito sa halip na alyansa
 At PKP at BHB ay nakapailalim sa desisyon niya

Ilan sa “kaliwang” oportunista ay sumanib sa mga Kanan
Para makakuha ng pusisyong istap ay nagmaniobrahan
Sa iba’t ibang reaksyunaryong partido at ahensya ng gubyrerno
Kontra-Mao, kontra-PKP at anti-komunista, isinulong pang lalo

Siniyasat ng Partido ang laki ng pinsala sa baseng masa
Bunga ng nagpapakitid-sa-sarili na “kaliwang” linya
Higit animnapung porsyento ang nawala sa buong bansa
Sa mga organisado, sa hukbo at mga larangang gerilya

5

Noong 1990, pormal na iniurong ng Komite Sentral ang SCO
At batay sa ulat-rekomendasyon ng mga organo ng Partido
Inihanda ang pagsusulong ng dakilang kilusang pagwawasto
Pangyayari’y binaybay, pinsala’y sinuri at paglalagom ay binuo

Pangunahing kamalian sa ideolohiya’y malubhang kapabayaang
Sa gawaing pang-ideolohiya at pag-angat ng kamulatan
Sa pulitika, pinakamalalang anyo ng kaliwang oportunismo
Ang insureksyunismong lunsod at militar na adbenturismo

Sa organisasyon naman, nilabag ang demokratikong sentralismo
Pagbabaseng lunsod at ultrademokrasya, at burukratismo
Pati na paglabag sa mga patakaran sa seguridad mismo
Ang mga ito ang mga aral at kahinaang kailangang iwasto





Sa panahong inakala ng “kaliwang” oportunistang tigas-ulo
 Na maibibigwas nila ang katapusang dagok sa Partido
 Pinagtibay – “Muling Pagtibayin...”, “Manindigan sa Sosyalismo”
 At sinuri ang mga usapin at mga resolusyon ay binuo

Tinangka itong pigilin ng ilang “kaliwang” oportunista
 Inilantad nila ang kanilang pusisyong Trotskyista
 Na hindi na kailangan ang matagalang digmang bayan
 Kung ang mga pag-aalsang lunsod maisusulong lamang

Ikinubli ang pusisyong ito hanggang nakatipon sila
 Ng may sapat na bilang ng tagasuportang anti-Maoista
 Hinahangad na mula sa loob ang Partido ay magdisintegra
 At ang rebolusyon ay ganap nang malusaw at mawala

Kasabay ng ubos-lakas na pagsisikap na masawata
 Ang tangkang wasakin ang partido’t kilusang masa
 Isinulong ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto
 Nitong huling dekada ng ikadalawampung siglo

Sa esensya ang IDKP ay kampanya ng teoretikal na edukasyon
 Para muling pagtibayin ang saligang mga prinsipyo ng rebolusyon
 Punahin at itakwil ang iba’t ibang suhetibistang kamalian
 At muling pasiglahin ang rebolusyonaryong pwersa’t kilusan

Ang mga organo ng partido ay nagtasa at naglagom
 Tinukoy ang partikular na linyang ipinatupad at iprinaktika
 At ang inabot na pinsala sa hukbo at baseng masa
 At sa kaisipan at gawi ng mga kasama't Partidista

Naglunsad ng kampanya sa pag-aaral sa batayang prinsipyo
 Malaganap na inaral ang BKP, IKP at mga batayang dokumento
 Pati na mga tugon sa mga nag-reject na kontra-rebolusyonaryo
 Tinuligsa ang rebisyonismo, liberalismo, populismo at Trotskyismo

Inilinaw ang mga tungkulin sa muling pagpapasigla ng kilusan
 Sa pagkontra sa operasyong pangwawasak ng mga taksil sa bayan
 Sa pagbawi sa, at reedukasyon ng mga tauhang naguluhan
 At pagbawi sa rekursong kanilang inagaw at pinagpasasaan

Inilinaw din ang mga tungkulin sa reoryentasyon at pagwawasto
 Ng deployment ng mga kadre at kasapi ng Partido at hukbo
 Gayundin ang pagtitibay ng gawain sa mga mandirigma
 Sa armadong pakikibaka, pagbubuo ng base at reporma sa lupa

Pinuna at itinakwil ng IDKP ang “kaliwang” oportunistang linya
 Nag-aakalang sapat na ang gawaing masa't ang punto'y narating na
 Para magtatag ng absolutong konsentradong batalyon at kumpanya
 Na may sapat na yunit istap para tagumpay, mas mabilis na makuha





Tiyak na matatalo ang rebolusyon kung gawaing masa'y bibitiwan
 Dahil dito nagmumula ang pulitikal na superyoridad natin sa kaaway
 Lantay pananaw militar – kung paano ang kaaway ay lumalaban
 Iyon din ang gagawin, kaya't lakas militar niya'y mangingibabaw

Pinuna at itinakwil ng IDKP ang Kanang oportunistang linya
 Na nagsasabing dapat bawasan ang armadong pakikibaka
 At sa demokratikong kilusang masa ay gawing sekundaryo
 Gayong ang wasto ay pangunahin ang pakikibakang armado

Kung armadong pakikibaka ay pakikitirin, pahihinai't babawasan
 Tiyak at tiyak na magagapi ang pakikibaka ng sambayanan
 Ang turo ni Mao Zedong kailanma'y huwag kalilimutan
 Walang anuman ang mamamayan kung walang hukbong bayan

6

Mula noon, masiglang ipinatupad ng Partido ang wastong linya
 Pagkubkob sa kalunsuran mula sa kanayunan ang estratehiya
 Ginawang mga platun ang wala-sa-panahong batalyon at kumpanya
 Tumayong sentro de grabidad ng mga yunit na lubog sa masa

Napigil ang pagdausdos, lumakas at sumulong ang hukbong bayan
 Dumami ang mga taktikal na opensiba't lumawak ang mga larangan
 Pero dahil sa gawaing masa na pinahirap ng nakaraang kamalian
 Doon sa konserbatismo'y nasadlak at pumaling naman

Ngunit sa tanglaw ng kasalukuyang pangkalahatang panawagan
 Sa kalakhan, ang konserbatismong ito'y napangibabawan
 Isulong ang malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya
 Na nakabatay sa lumalalim at lumalawak na baseng masa

Pinatibay pa ito ng reporma sa lupa't pakikibakang agraryo
 Mga samahang masa at OKP ay maramihang binuo
 Itinatag ang mga larangan at ang kaaway ay pinadudugo
 Sa palaki nang palaking saklaw, naglunsad ng mga TO

Matagumpay ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto
 Itinakwil at iwinaksi ang adbenturismo at insureksyunismo
 Pinagtibay muli ang saligang pagsusuri at mga prinsipyo
 Mga Oplan ng kaaway ay binigo't sumulong sa gitnang subyugto

Puspasang hinarap ang mga usapin, nagdaos ng mga kumperensya
 Mga bara sa pag-oorganisa at pagsulong ng gawain sa manggagawa
 Kumperensya sa gawaing masa sa kanayunan – pag-oorganisa,
 Mga usapin sa hukbo, at programa sa reporma sa lupa

Ang Bagong Hukbong Bayan, sa absolutong pamumuno ng Partido,
 Naging pinakamalaki't pinakamalakas na rebolusyonaryong hukbo
 Mula nang magapi ang rebolusyonaryong hukbong Pilipino
 Sa Digmaang Pilipino-Amerikano noong nakaraang siglo



Katuwang nito ang milisyang bayan na puu-puong libo
 At daan-daang libong yunit pananggol-sa-sarili na itinatayo
 Ng mga samahang masa sa pagkarami-raming baryo
 Para tumulong sa pagsusulong ng pakikibakang armado

Lumahok sa negosasyong pangkapayapaan ang nagrerebolusyon
 Inilatag ang balangkas ng kasunduan sa The Hague Joint Declaration
 Nakamit ang JASIG at ipinahayag, pagtalima sa Geneva Conventions
 At CARHRIHL ay nilagdaan ng magkabilang panig sa negosasyon



Ang prinsipyo't linya ng PKP sa negosasyon sa pamahalaan
 Pakikibaka para sa makatarungan at matagalang kapayapaan
 Iyon mismong pakikibaka sa pambansang demokrasya at kalayaan
 Magtatagumpay lamang kung isusulong ang pakikibaka ng bayan

Hindi nagpatangay sa huwad na ilusyon sa usapan
 Sa halip inilahad ang makatarungang mga kahilingan
 Para sa mga reporma sa lipunan, ekonomya at pulitika
 Inilantad na kontra-sambayanan ang gubyernong Maynila

7

Sa anibersaryong 45, pinanag-uli ang determinasyon
 Digmang bayan sa estratehikong pagkapatas ay isulong
 Armadong lakas ay palalakihin sa dalawampu't limang libo
 At paramihin ang bilang ng larangan sa sandaan walumpu

Mga elemento ng digmang makilos pauunlarin sa batayan
 Ng pakikidigmang gerilya; at bibiguin ang Oplan Bayanihan
 Pauunlari't palalawakin ang nagkakaisang prenteng pambansa
 Para sa armadong rebolusyo't pagpapakilos sa milyun-milyong masa

Palalakihin sa 250 libo ang kasapian ng Partido Komunista
 Kokonsolidahin sa ideolohiyang Marxista-Leninista-Maoista
 Puspusing kikilos sa pulitika ayon sa wastong linya
 At sa demokratikong sentralismo, mahigpit na tatalima

Burukratismo at komandismo ay tuluy-tuloy na binabaka
 Malawakang mag-organisa, makisalamuha't lumubog sa masa
 Mapagpunyaging isulong ang matagalang digmang bayan
 At armadong pakikibaka bilang pangunahing anyo ng paglaban

Mga aral ng kilusang pagwawasto, mahigpit na panghahawakan
 Pagsusuri sa uri at makauring pakikibaka'y kinakailangan
 Armadong pakikibaka, malakolonyal at malapyudal ang lipunan
 Dalawang yugtong rebolusyon, ang sosyalistang kinabukasan

Sa DRB at sosyalistang rebolusyon mahigpit na kailangan
 Ang pamumuno ng uring manggagawa sa lahat ng larangan
 Kung hindi tatalima sa makauring linyang rebolusyonaryo
 Ang nagkakaisang prente ay hindi kailanman maitatayo



Internasyunalistang tungkulin na digmang bayan ay isulong
Itaguyod nang umaasa-sa-sarili ang armadong rebolusyon
Sa mga kapatid na partido ay pratal na nakikipag-ugnayan
Nang pinalalalim ang pang-ideolohiya't pampulitikang kaisahan

Isinusulong nito ang malawak na anti-imperyalistang solidaridad
Nakikipag-ugnay batay sa paggalang sa kasarinla't ekwalidad
Di panghihimasok, kooperasyon at mutwal na kapakinabangan
At sa ibayong dagat ay inoorganisa ang ating mga kababayan

Palaki nang palaki ang banta ng agresyong militar ng US
Sa pagdadahilang pagpigil sa Tsina at pagkontra sa terorist
Habang naghahanda laban sa agresyon, mababawasan ang peligro
Ng armadong paglaban sa US ng ibang mga bayan sa mundo

Makaaasa tayong lahat na sa darating na mga taon
Susulong ang pandaigdigang proletaryong rebolusyon
Umiigting ang pangunahing mga kontradiksiyon sa mundo
Aagaw sa atensyon ng US at mga imperyalistang alyado nito



Tumitindi ang kontradiksyon ng mga imperyalistang kapangyarihan
 Sa pagitan ng mga kapangyarihang imperyalista at aping mga bayan
 Sa pagitan ng mga imperyalista at mga bayang giit ang kasarinlan
 At sa pagitan ng paggawa at kapital sa mga imperyalistang bayan

Lilikha ito ng maraming unos at pandaigdigang kaguluhan
 Lilikha ito ng magandang kondisyon para sa mga kilusan
 Anti-imperyalista't sosyalista, at para sa pambansang demokrasya
 Pagsulong hanggang tagumpay ay tiyak nang makukuha!

PKDB - Ang mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan

DPA – Deep Penetration Agent

NL – Northern Luzon o Hilagang Luzon

ST – Southern Tagalog o Timog Katagalugan

PKUS – Partido Komunista ng Unyong Sobyet

*Muling Pagtibayin – ito ang dokumentong **Muling Pagtibayin ang mga***

Saligang Prinsipyo at Iwasto ang mga Pagkakamali

*Manindigan sa Sosyalismo – ito ang dokumentong **Manindigan sa***

Sosyalismo Laban sa Modernong Rebisyunismo

IDKP – Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto

BKP – Batayang Kurso ng Partido

IKP – Intermedyang Kurso ng Partido

OKP – Organo ng Kapangyarihang Pampulitika

JASIG – Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees

CARHIHL – Comprehensive Agreement on Respect for


Human Rights and the International Humanitarian Law



MGA ALON SA DAGAT NG NAKARAAN: MGA KWENTO NG PAKIKIBAKA

“Ang PKP, BHB at iba pang mga rebolusyonaryong pwersa sa lahat ng rehiyon ay may mahaba at mayamang kasaysayang mailalahad kung paano, sa mga taon ng pormasyon, sila ay lumakas at sumulong sa napakahirap na kalagayan, kung paano nila ikinumbina ang armadong pakikibaka at nagkakaisang prente, kung paano nila ikinoordina ang mga anyo ng pakikibakang ligal at iligal, kung paano sila nakagawa ng malulubhang kamalian sa ilang panahon, dumanas ng kabiguan at nakapangibabaw sa mga ito sa pamamagitan ng pamumuna at pagpuna-sasarili, aktwal na pagwawasto at muling pagpapalakas.” (Jose Maria Sison, Pag-Unlad, Kasalukuyang Katayuan at Mga Prospek ng Teorya at Praktikang Maoista sa Pilipinas, Setyembre 2012)

Ibinabahagi ng ilang kasamang nasa kasibulan ng buhay noong maagang bahagi ng pambansa-demokratikong rebolusyon ang kanilang kwento sa pakikibaka na nagbibigay ng personal na kulay sa apatnapu't limang taong kasaysayan ng Partido Komunista.




Panahon ng bagong tatag na Partido

Kwento ni Kasamang Jo.

Natatangi ang klima ng nasyunalismo noong 1968 nang lumipat ako sa UP Diliman. 1962 pa lang ay itinayo na ang SCAUP, 1964 ang KM, at dahil dati na akong narekrut ng KM nang nasa Baguio pa, madali akong nakasama sa mga aktibista. Masigla ang mga DG

kahit saang bahagi ng eskwelahan, kahit sa hagdan ng library o kaya sa mga corridor. Nasyunalismo ni Recto ang karaniwang talakayan, pero mainit na isyu ang agresyon ng US sa Byetnam. Nagtatalakay rin kami ng *dialectical and historical materialism* sa abot ng aming makakaya, at mga sulatin ni Mao.



Ang mga sulatin ni Joma, na kalaunan ay pinagsama-sama at inilimbag sa librong SND, ay iniipon namin at tinatalakay. Walang sistematikong programa sa pag-aaral, kami-kami ang nagtatalakayan, pero doon nahasa ang mga aktibista sa walang-kabusugang pag-aaral at walang-pagod na pagpapaliwanag. Dahil nga kabataan, mayroon din sa aming mga tinatawag na KM sa araw, tomador sa gabi.

Nag-iisponsor ang KM ng integrasyon sa Laguna, tumitira ang mga aktibistang estudyante sa piling ng mga magsasaka at nagmumulat sa masa. Pero hindi lang kami ang nagmumulat, iminumulat din kami ng masa. Minsan naman, gabi, sa isang ilang na lugar, pinalibutan kami ng *goons* ng panginoong maylupa. Buti na lang at ang isang kasama naming estudyante ay anak pala ng isang panginoong maylupa doon. Nakilala siya ng *goons*, kaya pinakawalan nila kami.



Sa marahas na dispersal ng mga raliyista noong Enero 30-31, naging *see-saw* ang labanan hanggang maabot ang mismong pintuan ng Malacañang. Kapagka sumugod ang mga kabataan, *mass* talaga, tapos susugod ang mga sundalo, atras naman. Pag nagpapatok, takbuhan kami sa mga nakaparadang sasakyan. Mas malakihan ang atake nang lumabas ang mga estudyante ng UE, at FEU, grabe na ang paglusob; naging mas matindi naman ang kontra-atake mula sa Malacanang hanggang sa pinaghahabol na kami. Ang isa sa apat na nasawi, nasaksihan namin, talagang binasag ang ulo. Nakatakbo kami, kasi ang mga estudyante sa dormitoryo ay talagang binuksan ang kanilang pinto para makapagtago kami. Sabi nila, “huwag kayong mag-alala basta dito lang kayo. Kumain na ba kayo?” Nang sunduin na ng tatay niya ang isang kasama namin, nakisabay na rin kami. Ang labanang ito ay isa sa mahahalagang bahagi ng First Quarter Storm (FQS).

Kasabay ng mga demo at martsa, patuloy rin ang mga welga sa pabrika. Koordinado na itong lahat ng Partido noon kahit katatatag pa lang. Tumulong kami sa mga welga bilang mga aktibista. Kapag pagod na ang mga welgista, kami naman ang humahawak ng plakard at umiikot. Ang US Tobacco, nagbayad talaga ng mga lumpen, mga Sige-sige, at habang umiikot ang *picket line*, bigla kaming inulan ng “indian pana”. Natamaan sa tagiliran ang nasa harap ko! Biglang sinugod ng mga estudyante ang mga lumpen! Diyan nakilalang matatapang ang mga aktibista, sina Raquel Tiglao...



Kahit hindi pa namin masyadong naiintindihan ang nangyayaring mga tunggalian, ang napakasiglang pag-aaral sa teorya at praktika ng buong kilusan ay bahagi na ng Unang Dakilang Kilusang Pagwawasto na isinulong bago at pagkatapos muling itatag ang Partido Komunista ng Pilipinas.


Panimulang paglalatatag ng Pakikidigmang Gerilya

Pagpapatuloy ng kwento ni Ka Jo

Nakarating ako sa Isabela noong 1970. Isinama ako sa kumikilos na mga armado doon, sa Cauayan, Benito Soliven, San Mariano, at Tumaui. *Nineteen sixty-nine* nang buksan ang Isabela bilang isang larangang gerilya, at dito nagkanlong ang Partido nang tambakan ng pwersa ng kaaway ang Tarlac. Sa pagsisikap kasi ng gubyrerno na wasakin ang rebolusyonaryong kilusan sa Gitnang Luzon, dinala sa iba't ibang prontera ang mga magsasaka para doon mabigyan daw ng sariling lupang matatamnan. Kaya marami sa *forest region* ng Isabela ay mga *settler* mula sa Gitnang Luzon, na dating tagasuporta ng HMB, kamag-anak nila, o dating HMB mismo. Sila ang naging kontak para sa pagbubukas ng bagong larangang gerilya doon.

Tabako, mais at saging ang produkto ng masa. Ang mga palayan ay nasa patag, mas marami sa West Isabela. Minimal pa noon ang pagto-troso. Napakalawak ng lupang pwedeng sakahin. Ang kagyat na problema ng mga magsasaka sa kinilusan naming lugar ay hindi ang panginoong maylupa kundi ang presyo ng kanilang mga produkto. Kaya may kinausap kaming alyadong komprador sa bayan at nagkasundo na siya ang bibili sa mga produkto ng masa sa mas mataas na presyo. Tuwang-tuwa ang masa sa panimulang benepisyong nakamit nila.

Medyo kumprehensibo



ang pagpapaunlad ng baseng masa sa Isabela, mula sa pagbubuo ng mga kontak hanggang sa pagtatayo ng mga samahang masa. Kabilang sa konsolidasyon ang pagtatayo ng mga grupong pangkultura na pinangunahan ng mga aktibistang nagmula sa mga tanghalan noong FQS.

Ang narekrut namang mga doktor o estudyante ng medisina noong FQS ay doon nagbibigay ng serbisyong medikal sa masa. Kasama na noon sina Johnny Escandor, Leo Velasco at marami pang ibang galing sa mga kolehiyo ng medisina.

Ang Isabela ang nagsilbing sentro para sa pambansang pagpapalawak. Ang mga aktibista na nagmumula sa iba't ibang rehiyon ay dinadala sa Isabela para magsanay at pinababalik sa kanilang pinaggalingang rehiyon para doon naman magtatag ng mga sonang gerilya. May mga galing Mindanao at Visayas, meron pa ngang Moro. Pinasasama sila sa SYP para matuto ng gawaing masa, gawaing edukasyon, at kilos ng hukbo. Masinsin ang pag-aaral noon ng mga aktibista kaya sila ang nagiging giyang pampulitika ng mga iskwad. Meron ding mga pagsasanay militar sa mga indibidwal na kasanayan tulad ng paggamit ng baril, pero hindi tulad ng pagsasanay na ginawa sa naitayong kumpanya noong sumunod na mga taon.

Nang kumilos ako sa isang *expansion unit* sa La Union-



Ilocos erya, nakapagpaunlad kami ng apat na kabataang dadalhin sa Isabela. Ang byahe namin ay daraan sa Maynila, pero pagdating namin doon ay wala akong mapagdalhan dahil walang tao sa alam kong bahay, kaya dinala ko sila sa himpilan ng KM noon sa Kamias Road. Laking gulat ng mga kasama roon, buti na lang dumating si Billy Begg. Tinulungan niya akong ilipat sila sa isang bahay na mas

mahusay ang seguridad.

Sa Isabela ginawa ni Joma ang **Philippine Society and Revolution**. Nagmamakinilya siya hanggang gabi sa ilaw ng gasera. Noong huling araw ng pagsusulat niya, dahil kinabukasan ay lalakad na papuntang Maynila ang magdadala ng PSR para mailimbag ito, nakakita si Julie ng kabute na mukhang masarap at niluto niya. Ewan kung hindi nga pwedeng kainin ang kabuteng ‘yon o kulang lang ng luto, basta nahilo kaming lahat. Si Joma lang ang hindi tinamaan dahil sa kamamadali niyang matapos ang mga huling pahina ng PSR, hindi siya kumain sa panahong ‘yon. Kaya natapos ang PSR sa takdang iskedyul.



At makasaysaysan ang naging resulta sa rebolusyonaryong pakikibaka sa buong Pilipinas ng isinulat na ito.

Kwento ni Ka Perse

Namulat, naorganisa at naging aktibista ako ng Kabataang Makabayan dahil sa lokal na pakikibaka sa aming lugar noong 1970. Sumampa ako noong huling bahagi ng 1971 at napaloob sa unang yunit ng BHB sa Bikol. Ang magkapatid na Romulo at Ruben Jallores (Ka Che at Ka Benjie) ang nag-inisyatibang magbuo ng yunit na ito noong unang bahagi ng 1971. Aktibista sila noong Unang Sigwa ng 1970 sa Maynila at umuwi sa kanila sa Tigaon, Camarines Sur upang doon isulong ang armadong pakikibaka. Nang maugnayan na sila ng Partido, ang isang *greasegun* at ilang mabababang kalibreng armas ay agad na dinagdagan ng Partido ng isang cal. 30 BAR (mula sa PMA armory raid), dalawang Armalite, mga granada at isang *claymore mine*.

Mabilis na lumaki ang hukbo at lumawak ang eryang kinikilusan sa lalawigan sa loob lamang ng ilang buwan bunga ng napakasiglang pagtangkilik ng masa sa rebolusyonaryong

kilusan, sa kanilang sariling hukbo. Agad tayong naragdagan ng dalawang yunit (SYP) na ang mga armas ay mula mismo sa masa, kamag-anak, kaibigan, at kaalyado. Mula sa Tigaon, narating ang Goa, Tinambac, Caramoan



at Parubcan (pasilangan), Ocampo at Baao (pakanluran), at Sangay, Buhi at Iriga (patimog). Nangyari ang paglaki at paglawak na ito ng kilusan sa Camarines Sur o CamSur bago at matapos ang unang engkwentro sa Bikol.

Hunyo, 1971 nang maglabanan sa Sityo Mambulala, San Pedro, Iriga, CamSur. Nagpapahinga sa isang maliit na kubo sa tabi ng kaingin ang yunit nina Ka Che nang madaanan ng isang platun ng PC na nagpatrolya mula Buhi. Unang nagpapatok ang mga kasama. Sa labanang ito namatay ang mandirigmang si Ka Joe at si Celia Naldo, isang 18-taong kasapi ng organisasyong kabataan sa baryo. Sila ang unang mga martir ng Bikol. Patay naman si Sgt. Valdez at may ilan pang sugatan sa panig ng konstabularya. Bunga ng labanang ito, naglunsad ng 600-kataong operasyon ang kaaway para tugisin ang anim-kataong SYP ng BHB. Ang pwersang ito ng PC ay tinipon ng kaaway mula sa anim na probinsya ng rehiyon. Naitaboy ang mga kasama hanggang sa Maipon, Ginobatan, Albay, at nakabalik na lamang paghupa ng atake ng kaaway.

Naganap ang sumunod na labanan sa Tinawagan, Tigaon, CamSur, noong Disyembre 18, 1971, isang ambus na nauwi sa engkwentro sa pagitan ng Task Force Bulusan (naging TF Isarog sa kalaunan) at ng dalawang pinagsanib na SYP ng BHB. Ito ang unang labanan na naranasan ko. Si Ka Che, Ka Karyo at ako ay nasugatan habang walo ang patay at anim ang sugatan sa panig ng reaksyunaryong sundalo.

Sa tatlong sugatang kasama, pinakamalubha si Ka Karyo na may tama sa tiyan sa may tabi ng pusod at sa siko na bahagyang nawasak ang buto. Si Ka Che ay tinagusan ng bala sa bandang gitnang itaas ng kanyang kanang pulsuhan at daplis sa kanang bahagi ng leeg, at ako naman ay mababaw na daplis lamang sa braso.

Magdamag naming inilakbay si Ka Bojie, palit-palitan kami sa pagkakarga sa kanya sa duyang tinuhog na kawayang palo. Sa karimlan ng gabi at tigil-buhos na ulan, tinahak namin ang madudulas at mapuputik na daan para maiwasan ang naglipanang patrolya ng tumutugis na kaaway. Kalat na ang liwanag ng sumunod na araw nang dumating kami sa relatibong ligtas na pahingahan, sa isang abandonadong bahay-asyenda na abakahan ang paligid, sa liblib na lugar ng Tigaon.

Tyempo namang dekotse na bumisita sa bahay-asyenda ang binatang anak ng asendero kasama ang isa niyang kabarkada. Pinakiusapan nina Ka Benjie ang binata na ihatid palabas ang sugatan para magamot ng doktor. Sa una, matigas siyang tumanggi, pero nahimok din.

Kami nina Ka Benjie at Ka Ben ang sumama sa pagbibiyahe ng sugatan, dala ang isang AR-15 armalite at isang *grease gun*.




Si Ka Che ay armado ng .45 cal. pistol. Iniwasan ng binatang anak ng asendero ang mga tsekpoynt ng kaaway. Medyo nakahinga kami nang maluwag nang marating ang relatibong ligtas na haywey sa dugtungan ng bayan ng Sangay sa CamSur; Tiwi, Malinao at Tabaco sa Albay. Gayunman, dahil lubhang malakas ang ulan at maraming baku-bakong bahagi ang kalsada na may ilang lubog sa baha, naging mabagal ang takbo ng sasakyan. May mga tulay na *spillway* na lubog din sa tubig-baha kaya mas mahirap daanan ng kotse. Nang nasa gitna na

kami ng huling *spillway*, tumigil ang makina ng kotse. Ninerbyos ang driver dahil baka anurin ng malakas na agos ang sasakyan at mahulog sa malalim na bangin sa kaliwa ng tulay. Bumaba si Ka Benjie at kinausap ang mga taong nakatambay sa isang tindahan, at pito o walo sa kanila ang tumulong na itulak at iabante ang sasakyan sa mataas na bahagi ng daan.

Iniwasan ang pinakasentrong bayan ng Tiwi at Malinao, narating ang Tabaco, at tumuloy ang grupo sa bahay ng kapatid ng isang kasamang kumikilos sa kalunsuran. Nagpabili si Ka Benjie ng mga gamot sa botika sa bayan at nilapatan ko ng pangunang lunas ang mga sugatan. Matapos kausapin, bigyan ng nauukol na instruksyon at pasalamatang ni Ka Benjie ang anak ng asendero at kabarkada niya, sila ay masayang umalis. Marahil nagpapasalamat din dahil walang anumang masamang nangyari, ligtas kaming naibyahe at ligtas din silang nakauwi.

Papadilim na nang kinuha ng mga kasama sa syudad sina Ka Bojie at Ka Che para ipagamot sa doktor.

Noong 30 Disyembre 1971, nakubkob ng kaaway at nasawi sa labanan si Ka Che sa Ateneo Avenue, Naga City, habang nagpapagaling ng kanyang sugat. Patay din sa labanang ito si Lt. Agahan sa mga bala ng .45 mula kay Ka Che. Anim na buwan matapos nito, nasawi rin si Ka Benjie sa isang kubkob sa Villa Florida, Ocampo, CamSur.



Oktubre 1973, nagplano ang dalawang kagawad ng Komiteng Subrehiyon, sina Ka Zoilo (Francisco Portem) at Ka Nena, at ang pamunuan ng probinsya na maglunsad ng ambus upang magpalitaw ng armas at bala para sa pagtatayo ng SYP sa probinsya ng Albay. Pinagsanib ang SYP 1 at 2 at pinamunuan ni Ka Zoilo. Bago ang ambus, nag-aral muna ng kursong primarya, na tumagal ng isang buwan, ang mga namumunong kasama sa yunit at pinasumpa bilang kandidatong kasapi ang mga nagtapos. Nagdaos din ng mga simpleng pagsasanay militar

sa pang-aambus, pagpusisyon, pagkamoplahe, at pagbaril sa kaaway 'pag pumasok na ito sa “*killing zone*”, pag-*cleaning*, at pagkalas mula sa ambus.

Isinama ang anim-kataong yunit milisyang Ayta na armado ng mga lantakan kaya labingwalong lahat ang mang-aambus.

Nilakbay ng buong pwersa ang target na lugar sa haywey ng Tiwi-Tabaco, isang lugar na walang masang kontak. Sa gabi kami kumikilos para makalapit sa ambus erya hanggang sa makaposisyon sa gilid ng highway. Ngunit pagkatapos ng maghapong *ambush position* sa ulan at naubos na ang baong pagkain, walang nagdaang kaaway, kaya iniwanan namin ang gilid ng haywey. Pumunta kami sa kulumpon ng bahay sa Patitinan, Tiwi, Albay para magpropaganda na lang sa masa. Pinakain at pinatulog ng isang tao ang buong yunit sa kanyang bahay ngunit pagkatapos ng hapunan ay nagpaalam na matutulog siya sa kabilang bahay dahil masikip na sa bahay. Tulad ng nakagawian, may tuluy-tuloy na relyebo ng taliba sa magdamag, pero bandang alas dos medya ng madaling-araw, umalingawngaw ang mga putok mula sa kumubkob na kaaway na binubuo ng PC at mga elemento ng pulisya ng Tiwi.

Nasawi doon sina Ka Diego, Ka Jake, Ka Cely, Ka Nolan at isang kasama sa yunit-milisyang Ayta. Malubhang nasugatan si Ka Pael, at bahagyang nasugatan si Ka Ener. Tatlo kaming lumaban pero hindi namin nagawang ilitas ang mga kasamang nasawi, o makuha man lamang ang kanilang mga bangkay.

Hindi umatras ang mga kaaway. Nang magliwanag na bandang alas 5:00 ng umaga, nirapido pang muli ng mga kaaway ang bahay, at ang tubuhan sa palibot nito. Napilitan na kaming umatras nina Ka Zoilo. Sadyang



nagpaiwan si Ka Pael, kahit anumang himok ang gawin namin na isama siya sa pag-atras, sa pag-aakalang mamamatay na siya. Pero hindi naman siya namatay at naka-regrup sa mga kasama kinabukasan ng umaga.



Sa layunin ng preserbasyon dahil sagsag na ang atake ng kaaway at kakaunti na ang pwera, nagpasya ang mga namumunong kasama na isanib ang natitirang SYP sa pangunahing yunit ng rehiyon na noon ay nasa hilagang bahagi ng Sorsogon.

Ang yunit na lumakad mula CamSur ay binubuo ng anim na natira sa FU, armado ng anim na natirang HPR at binubuo nina Ka Zoilo, Ka

Nena, Ka Boning, Ka Panyo (Rogelio Calubad) at ako. Nagsimula ang martsa pagkagat ng dilim noong 23 Disyembre, 1973 sa Buhi, CamSur at bumagtas patungong Polangui, Albay. Sa gabi ang kilos, kahuyan at abakahan ang dinaraan, nilakbay ang mga bundok at kapatagan, palayan, binagtas o sinunson ang mga ilog at sapa, sinundan ang baku-bakong highway ng Ligao-Pio Duran, at humiwalay lamang dito nang magbubukang-liwayway na, hanggang nakarating ng Bangiawon, Oas, Albay noong 26 Disyembre 1973. Dito, nakakontak ng isang kasama sa yunit ng gawaing masa ng lalawigan. Giniyahan niya ang yunit sa paglalakad nang gabi upang makaugnay kina Ka Teroy Llamas na noo'y namumuno ng pagkilos sa Albay.

Sama-sama na kaming nagpatuloy ng martsa patungong Donsol at Pilar, Sorsogon sa ruta ng Pio Duran, Albay. Dito, habang naglalakad ay nagmumulat at nag-oorganisa kami sa masang dinaraan. May pinaunang tim sa araw na siyang nagsisiyasat ng ruta, nakikiusap sa mga taong pwedeng matuluyan

ang bahay, at pagdating ng gabi ay sumusunod ang buong yunit. Sa loob ng bahay, hati-hati ang buong yunit sa mga tim para tumulong sa pagluluto, paglilinis ng bahay, pagpopropaganda o pagmumulat sa masa, pagbabantay sa paligid, at tim na lalabas sa pag-aayos ng ruta para sa susunod na gabi.

Huling dako ng Pebrero o maagang bahagi ng Marso 1974 nang makaugnay kami sa SYP ng hilagang Sorsogon na pinamumunuan ni Ka Ramon (Virgilio Maceda). Sa kanila namin nalaman na dinudurog na ng kaaway ang “base” sa Ikalawang Distrito ng Sorsogon, kaya hindi na kami tumuloy. Sa Albay na muling nagpalakas at nagparami ang yunit na nagmula sa CamSur.

Paggiit ng pakikibaka sa panahon ng Puting Lagim

Kwento ni Kasamang Anita

Pangunahing diin ng aking gawain noong 1974 hanggang 1975 ang komunidad ng Boulevard kung saan ang partikular na isyu ay ang pagbaha dahil sa ginagawang reklamasyon para itayo ang modernong *fisheries landing* sa Navotas.

Marami ang itinayong organisasyong pangkomunidad at ang alyansa ng mga organisasyon doon ay ang Samahang Pangnayon (SPN) na masiglang kalahok sa mga hayag na kilusang masa. Pinamunuan ito ni “Sister M”. Ipinagwagi ang kahilingan ng pagtatambak sa baryo para maibsan ang baha. Ang SPN ay isa sa mga organisasyong masa na katuwang ng ZOTO sa paglaban para sa makataong pamayanan na humiling sa walang relokasyon kundi *on-site development*, o kung kinakailangan talaga ng relokasyon ay *in-city relocation* gaya ng Dagat-dagatan. Sa kalakhan ay ipinanalò



sa mga panahong iyon ang mga kahilingang ito.

Ang SPN ay mahigpit na katuwang sa laban ng mga batilyo. Ang bulto ng naninirahan sa Boulevard ay mga batilyo, kargador, taong-laot, magyeyelo at iba pang kaugnay na trabaho sa pondohan ng isda. Kaya nga sabi ng SPN, mga asawa nila ang mga nagtatrabaho sa pondohan, kaya ang laban nila ay laban din ng SPN.

Mula sa *deep-sea fishing vessels*, inililipat ang huling isda sa mga barko na hindi nakakadaong sa Navotas. Kaya mga *amphibian* ang humahakot ng isda mula sa barko; mga taong-laot ang nagkakarga sa amphibian. Pagdating sa pondohan, mga batilyo ang nag-aayos, nagsasalansan, nagbubuhat ng isda para sa mga namimili nang bulungan. May malalaki at maliliit na namimili ng isda. Dalawang-katlo ng isda ng Luzon ay nanggagaling noon sa Navotas. Nakapaligid ang *ice-crushers*. Ang dinurog na yelo na pampalamig sa isda ay ibinebenta ng mga magyeyelo. Ang mga kargador naman ang nagbubuhat ng isda pasakay sa mga sasakyan ng mamimili. Syempre, may mga tindahan, meryendahan sa paligid, nagtitinda ng gantso, banyera, atbp. Mayroon ring nagbibilad ng *reject* na isda para gawing *fishmeal*, at marami pang iba.



Maraming pwesto sa pondohan na may kani-kanyang may-ari gaya ng Frabel, DCruz, 99, 77, 44, 22, atbp. May mga unyon sa bawat pwesto. Malapit sa 1,000 ang kabuuang bilang ng batilyo.

Itinayo ng mga unyong ito ang isang payong na organisasyon na nakilala sa pangalang Samahan ng Nagkakaisang Batilyo (SNB). May gumagabay na seksyon ng Partido rito.

Inilabas ni Marcos ang dikreto na dapat nakapailalim ang paggawa sa pondohan sa isang Labor Contractor at ipinatutupad ito ng Ports Authority sa pamumuno ni Rolando Geotina, na ang tanggapan ay nasa Pier sa Tondo. Ipinagkaloob ng diktadura ang kontrata sa paggawa sa pondohan sa Navotas sa MASTARSCO, na balitang-balitang pag-aari ni Donya Josefa Edralin Marcos.

Mangyari pa, nangangahulugan ito na tatanggalin sa trabaho ang lahat ng taong-laot at batilyo at hahalinhan ng mga tauhan ng MASTARSCO. Nagkaisa ang lahat ng batilyo sa lahat ng pwesto na labanan ang pagpasok ng MASTARSCO. Nakipag-usap ang SNB sa mga may-ari ng pwesto, na sumuporta rin sa paglaban sa pagpasok ng MASTARSCO. Sumuporta rin ang mga taong-laot, magyeyelo at kargador, at ilang digaton (maramihang mamimili ng isda na dinadala sa iba't ibang bahagi ng Luzon).

Para konsolidahin ang laban, pumirma sa sariling dugo ang mga batilyo, kasama ang mga asawa, sa isang puting kartolina na humihiling ng pagpapaalis sa “kumpanyang eskirol”, at pagkilala sa SNB. Ginawa ito sa Misa Para sa Katarungan na idinaos sa isang kapilya sa Navotas at pinangunahan ni Msgr. Gaudencio Rosales. Pagkatapos ng misa, nagmartsa ang mahigit 500 sa opisina ng MASTARSCO, at tumuloy sa NFLMA kung saan namudmod ng mga polyeto sa iba pang batilyo at mga namimili ng isda.

Apat na piket-protesta ang inilunsad sa DND, subalit hindi natinag ang diktadura at ipinagpatuloy ang pagpasok ng MASTARSCO sa pondohan sa Navotas. Minobilisa ang buong pulisya ng Navotas at humanay kasama ang mga tauhan ng MASTARSCO para pasukin ang pondohan.

Mahigpit ang hanay ng mga batilyo, kasama ang mga taong-laot, kargador at magyeyelo. Buong suporta rin ang SPN, na kasama ang ilan sa hanay at naghanda ng tulong sa komunidad gaya ng pagkain, tubig, at atrasan. Marami sa mga batilyo ang nagpakalbo. Dala ang kanilang mga gantso, matatag nilang sinalubong ang mga pulis at eskirol, na natakot dahil sa nakitang determinasyon ng mga batilyo. Umatras ang mga pulis

at eskirol. Hindi natuloy ang kanilang *take-over* sa pondohan.

Kung hindi ako nagkakamali, kinabukasan, nagmobilisasyon ang mga batilyo at buong komunidad sa tanggapan ng Ports Authority sa Pier sa Tondo para hilingin ang pagbawi sa permit ng MASTARSCO at panatilihin ang umiiral na kaayusan. Halos lahat ng tao sa baryo ay nagpunta roon. Ang ulo ng martsa ay nasa pier na sa Tondo, habang ang dulo ay palabas pa lamang ng baryo. Ito ang una kong nasaksihang welgang baryo/pag-aalsang baryo na kumilos ang halos lahat ng tao sa baryo.

Nahintakutan si Rolando Geotina. Binawi niya ang permit ng MASTARSCO at hindi na natuloy ang pagkuha nito sa *cargo-handling* sa pondohan sa Navotas. Di nagtagal, nagbitiw si Rolando Geotina, nagbalik sa Surigao at doon tumakbo para sa lokal na pwesto.



Dahil sa tagumpay na ito, hindi na nakapasok ang *labor contracting* sa *cargo-handling* sa Navotas.

Malaking pwersang sumuporta sa La Tondeña ang mga batilyo ng Navotas, at isa ito sa pinakamalalaking *contingent* sa susunod na mga mobilisasyon, laluna laban sa PD 823, na siya ang bumubuo ng kalakhan ng grupong “compo”.

Tatlo sa mga manggagawa ng SNB ay naging bahagi ng mga nagtungo sa kanayunan sa ilalim ng Peasant Department, at dalawa sa kanila ang bumutas sa Calabanga, Camarines Sur noong 1981.

Sa pamamagitan ng tamang mga taktika, ng wastong mga patakaran sa alyansa (sa komunidad, sa mga may-ari ng pwesto sa pondohan, sa ibang mga manggagawa sa pondohan), ng malawakang ahitasyon at mobilisasyon sa komunidad,

ipinagwagi nila ang laban.

Kwento ni Ka Levi

Tinutukan nina Kasamang Wendy at Rey Kulot, noong 1974, ang pag-oorganisa sa pinapasukan kong Central Knitting Factory sa Corazon de Jesus, San Juan, noo'y Rizal. Pag-aari ito ni Chua, malapit na kaibigan ni Marcos. Sister company ito ng Central Textile Mills sa Balintawak. Nasa *dyeing* ako nang pumutok ang welga sa La Tondena noong 1975. Nagwelga kami noong 1976. Sumama rito ang halos lahat ng manggagawa ng aming pabrika. Paralisado ang trabaho, mga 500 ang nagpiket sa labas. Martial Law noon, pero hindi na namin iniisip na bawal ang welga, karapatan namin iyon. Ang mahalaga ay ipaglaban ang kapakanan ng mga manggagawa. Bago pa man ang Martial Law, may unyon na sa ilalim ng NAFLU, pero dilawan ang presidente, at matindi na 'yong isyu sa CBA. Hindi tinutupad ng *management* ang mga napagkasunduan. Napakababa ng sahod na walong piso ang minimum, at kahit kinse anyos nang nagtatrabaho, 90 sentimos lang ang idinagdag.



Dalawang pasada ang welga. Sa una, tatlong araw lang ay hinuli na kami. Dalawang trak kami, pero sumama ang iba pang welgista hanggang Crame kahit hindi naman sila hinuhuli. Mga tatlong araw lang, pinalabas na kami dahil nabwisit na ang mga sundalo sa Crame. Dinala ng mga manggagawa ang mga pamilya nila sa Crame. Nagkampo-kampo na sila sa Kampo. Napakaingay, nagsitae na doon 'yong mga bata. Kasama namin ang mga lider unyon mula sa mga pabrika sa Cainta at Canlubang. Limang pabrika kaming sabay-sabay na nagwelga. Nang makalabas kami sa kulungan ng

Crame, balik kami sa pabrika, tinanggap naman at nagwelgang muli. Itinaon namin ang welga nang minamadali ni Imelda ang order niyang mga kubrekama para sa Manila Hotel. May darating yatang mga V.I.P. noon, pero hindi na makaandar ang pabrika.

Sa pangalawang welga, tinanggal na kami. *Preventive suspension* daw, hintayin mo na lang daw ang tawag pero ibig sabihin noon, tanggal ka na talaga. Hindi ka naman talagang tatawagin. Walang *separation pay*. Tapos, hindi ka na makakapasok ulit sa ibang pabrika ng *textile* dahil magkakakilala ang mga kapitalista diyan, nakatimbre ka na sa kanila. Mahalaga naman ang *experience*, pero kung may ganun kang rekord, wala ka nang trabaho.

Marami ring nasuspinde sa Gentex at mga pabrika sa Pasig. Punumpuno kami sa kumbento ng San Loreto sa Legarda, lahat *preventive suspension*, at lahat ay handang magpultaym sa rebolusyonaryong kilusan...

Pinasumpa ako sa sangay ng Partido sa pabrika nang matapos na ang welga, pero ayaw na kaming papasukin, kaya tumanggap ako ng gawain sa kilusang lihim sa syudad. Nagpapaandar ako ng mimeo machine na naglilimbag ng iba't ibang rebolusyonaryong babasahin. Kasama ko sa trabaho ang mga galing sa pabrika o estudyante; naku! napakahirap naman talaga ng buhay noon. Palipat-lipat kami sa mga bahay ng kaibigan, para hindi matukoy ng kaaway. Madalas nga solo lang ako. Pinapasan ko lang ang makina. Napakaingat namin, hindi lumalabas ng bahay maliban kung bibili ng papel, o magdedeliber ng nailimbag. Sa higpit ng sitwasyon noon, kung bumili ka ng maraming papel ay pagdududahan ka, kaya hiwa-hiwalay at paunti-unti ang pagbili. Kung nagpapaandar ng mimeo machine, pinatutunog rin namin nang malakas ang radyo para hindi halata. Ngayon nga kung makakita ako ng radyo, parang gusto kong ihampas sa pader, hahaha. Pero malinaw sa akin ang kahalagahan ng trabaho, kaya tumagal ako rito hanggang 1978.

Pagsulong ng Rebolusyonaryong Kilusan

Kwento ni Ka Siana

Tinalakay at ipinatupad sa Bikol ang Mahigpit Nating mga Tungkulin noong 1977 na. Binuo ito noong 1976 mula sa paglalagom ng Komite Sentral ng Partido, pero mabagal pa ang komunikasyon noon dahil Martial Law. Walang mga *cellphone* o *internet*, at ang tanging mga kuryer na nagbibitbit ng mga sulat o dokumento ay nadadakip at kinukulong pa kung minsan.

Sa panahong ito, nagsimula nang malampasan ng kilusan sa Bikol ang pinakamahirap na mga kalagayan mula nang maiwanan ang sonang gerilya sa Camarines Sur at bumagsak ang base sa Sorsogon noong 1975. Buong 1976 nga, iisa ang aming rekrut sa BHB sa buong rehiyong Bikol, si Ka Laura lang. Pero noong 1977, maraming kabataan at manggagawang mula sa Maynila ang sumampa sa hukbo sa Bikol, mga produkto ng masiglang hayag na kilusang masa sa kalunsuran. Papataas na rin ang rekrutment sa hukbo sa hanay ng mga magsasaka. Nailigtas at muling natipon sa Albay ang natirang sampung kasamang *survivor* ng dati'y mahigit laking kumpanyang pwera sa Sorsogon.

Dahil idinidiin ng Mahigpit Nating Tungkulin na dapat bigyan ng pangunahing pansin ang pag-oorganisa ng mga



magsasakang nasa batayang saray, masigasig na inilunsad ng aming SYP ang panlipunang pagsisiyasat sa mga baryong kinikilusan sa hangganan ng Libon, Albay, at Bato, CamSur para malaman ang mga uri't saray ng mga inoorganisa. Pero dahil hindi namin alam kung paano ito ipatutupad, ang isinagawa namin ay pagsesensus ng bawat pamilya para makakuha ng datos. Minsan nagbabahay-bahay kami, minsan nagpapatawag ng pulong pagsisiyasat, minsan nga masmiting pa, pero lagi't lagi, ang laman ng pagsisiyasat ay napakadetalyadong sensus. Halos alam namin kung ilan ang manok at pusa, at ilang pirasong kubyertos ng bawat bahay, pero hindi nga lang namin alam kung paano na aanalisahin ang mga ito. May isa nga kaming tim na napaengkentro at naiwanan ang kalahating sako ng kinuhang sensus. Siguro pati kaaway noon, sumakit ang ulo sa pagbabasa ng pagkarami-raming papeles na iyon. Tumagal rin ng ilang buwan ang kalituhan bago namin nagagap ang pamamaraan ng pagkuha lamang ng mahahalagang datos at *indicators* para sa pag-oorganisa. Kapag natiyak na ang isang pamilyang magsasaka ay nagpapaupa ng kanilang lakas paggawa bilang pangunahing ikinabubuhay o kaya'y para sa mahalagang dagdag sa kita, pwede agad silang ipasok sa grupong pang-organisa ng magsasaka. Nang makasanayan na ito, naging mabilis ang pag-oorganisa at napakasigla ng organisadong pagkilos sa *luyo-luyo* o palusong, at sa pagpapababa ng upa sa lupa. Noong 1978, laganap na sa maraming niyugan ang tersyong baligtad mula sa dating hatiang tersyo sa kinikilusang lugar, sa gilid ng Lawa ng Bato. Dahil maraming magsasaka ang napakaliit ang lupang sinasaka, sa isang ikot lang ng *luyu-luyo* ay tapos na ang lahat ng kanilang gawain sa sarili o inuupahang lupa kaya nagtatrabaho ang mga grupo sa niyugan ng malalaking panginoong maylupa, at dahil organisado, napataas nila ang sahod. Nagpapaligsahan ang mga GP ng kababaihan at GP ng kabataan sa palakihan ng kasapi at lawak ng tinatamnan. Madalas din na may humahabol sa amin na kabataang nakalagay ang damit sa isang "basket butas-butas" at gusto nang sumampa sa hukbo, pero pinauwi namin dahil wala pa sa itinuturing namin noon na pamantayan at programa.

Ang masiglang anti-pyudal na pakikibaka ang naging base ng sumigla ring kilusang antipasista. Mga kasapi ng GPM, GPKbb at GPKbt ang bumuo ng kauna-unahang malaking hayag na mobilisasyon sa rehiyon noong 1980 na tinawag na “Sulo sa Libon”. Dito, mahigit isanlibong magsasaka mula sa kabundukan ng Bato at Libon ang humugos sa munisipyo ng Libon. Tumakbo ang mga pulis.



Naging sunud-sunod ang mga hayag na kilos masa sa iba't ibang larangan pagkatapos nito, kahit nananatiling mahigpit ang militar dahil panahon ito ng Martial Law. At nagmula sa Libon-Bato ang maraming kasamang ipinadala sa pagbubukas o pagbawi ng sonang gerilya sa Balatan, Nabua, Bula, Iriga, at Buhi ng CamSur at sa Polangui, Malinao, at Tabaco ng Albay. Noong sumunod na taon, nakapag-ambag rin ng mga kadre para tumulong sa yunit ng ST na muling magbubukas sa Mindoro.

Kaya dito rin idinaos noong Marso 1981 ang unang Panrehiyong Kumperensya ng Partido sa Bikol, kung saan napakaraming nakuhang mga aral sa sampung taong karanasan na nagpabilis pa ng pagsulong.

Pagpapatuloy sa kwento ni Ka Levi

Idineploy ako sa Bundok ng Caraballo noong Hunyo 1979 para sa ekspansyon. Pinakakapal ang erya natin sa bundok sa dugtungan ng Nueva Ecija, Aurora at Pangasinan. Kinilusan namin ang Pantabangan, Caranglan, Maria Aurora, hanggang Castañeda.

Katatayo pa lang ng dam nang kumilos kami doon, kaya

karamihan sa magsasakang pinalayas sa lupa ay trabahador na lang sa pagtatanim ng *g'melina* at iba pang kahoy na ginagawang papel sa *reforestation* ni Marcos. Kakarampot ang pasweldo ng gubyerno. Nang wala nang mataniman ay kung saan-saan na lang sila dumarayo ng hanapbuhay. May magyayantok, may ilang magkakaingin at nagtatanim ng kung anu-anong pagkain tulad ng kamote, pero halos wala nang lupang makakaingin.

Ang yunit namin ay kadalasang apat-limang katao, minsan umabot ng pito. Itinayo natin ang mga grupong pang-organisa ng mga trabahador sa NIA at grupong pang-organisa ng magyayantok. Ibinababa sa bayan ng mga magyayantok ang produkto upang ipambayad sa utang nila sa bigas. Naitaas nila ang presyo dahil hindi nila ibinaba ang yantok hanggat di itinaas ng kapitalista ang presyo.

Minsan, may namasyal na CHDF at pumasok sa bahay na pinapahingahan namin. E' di huli siya. Nalaman namin mula sa kanya na wala doon 'yong CO ng CHDF, natinik ng karpa sa lalamunan at nagpaduktor. Ang iniwan niya sa detachment ay tatlong CHDF, umuwi sa bahay niya ang isa at ang isa ay 'yong hawak namin. Kaya iisa na lang. Nagpagiya kami sa bihag na CHDF. Biglaan 'yon, kaya nilakad namin nang araw. Pito kami, Carbine, Thompson, Springfield at ang isyu kong de-sabog na iisa ang bala ang baril namin. Kasama namin si Alex Bongcayao. Nakumpiska natin ang pitong Garand at isang M2, walang putok, biglang yaman sa baril.



1981 nang *i-deploy* ako sa Bongabon, Nueva Ecija, para tumulong na panatilihin ang presensya ng hukbo doon at ipagpatuloy ang ugnay sa mga kasama sa lokalidad, dahil napakatindi ng militarisasyon. Ito ang



dating pinakakonsolidadong bahagi ng larangan at dito idinaraos ang karamihan ng aktibidad pangkonsol ng rehiyon. Pagkatapos mabira rito si Major Turingan, ang CO ng PMG, tumindi nang tumindi ang

atake ng kaaway. Dito nga nasawi noong '79 si Ka Lori [Lourdes Garduce], ang asawa ni Popoy Lagman. Tapos, nahuli ang kalihim ng seksyon at bumaligtad, lansag lahat ng organisasyong masa. May detatsment ng kaaway mula Vega, Luna, Tugatug, Digmala, sa paanan ng bundok hanggang pataas. Makapal ang kaaway sa itaas kaya sa patag kami kumilos dahil walang kaaway doon. Iniikot lang namin ang mga barangay na may kaaway para mapanatili ang ugnay natin sa masa. Napakahirap. Gumagapang kami sa gabi upang kausapin o pulungin sila. Kahit hindi makapagbuo ng mga organisasyong masa, ang mahalaga, tuluy-tuloy nating nalalaman ang kalagayan nila at nabibigyan ng mga oryentasyon. May mga yunit pangkonsol din sa Rizal Taas at sa iba pang erya.

Napabilang ako noon sa LGY (Larangang Gerilya Yunit) na tinatawag naming LiGaYa. Isang M14 at apat na M16 lang ang baril namin. Pasalubong kami sa isang platun sa kabila na mula sa Cagayan Valley, na bumabawi sa mga bayan ng Diadi, Bagabag, Villaverde, Solano, at Kasibu sa Nueva Viscaya. Mga lugar 'yon na nabalikan lamang noong 1981 mula nang maiwan noon pang 1975.

Kalaunan, nakonsolida pati bayan ng Bongabon. Noong panahon nga ng lihis, isang platun ang nakadikit at kumikilos na sa sentrong bayan.

"Regularisasyon" at Adbenturismong Militar

Pagpapatuloy sa kwento ni Ka Perse




Noong 1985, sa pagtalima sa pambansang panawagan ng Partido para sa “estrategikong kontra-opensiba,” pinagpasyahan ng Komiteng Rehiyon ng Bikol na buuin ang dalawang “regular”

na kumpanya sa rehiyon, at kagyat itong sinundan ng isa pang maliit na kumpanya na tinawag naming “Baby Coy”. Tumutugon ito sa tatlong larangang gerilya ng Bikol noon, ang Camarines Sur, Camarines Norte at Albay-Sorsogon. May tatlong platoon ang bawat kumpanya na humigit-kumulang sa 90 katao. Ang Baby Coy naman ay binubuo ng 50-60 katao. Armado ang mga kumpanya ng M16, Garand, BAR, *auto* at *semi-auto carbine*, at ilang shotgun. Ang tauhan at armas ng mga coy ay hinugot sa mga Fighting Unit (maliliit na platoon, 24 ang tauhan) at SYP (6-9 katao) ng mga distrito ng mga Komiteng Larangang Gerilya sa rehiyon. Nag-aral din sila ng pinagsanib na batayang pagsasanay pol-mil sa antas kumpanya. Ang pampulitikang bahagi ng kurso ay para sa pagpapataas at pagpapatatag ng kapasyahang lumaban ng mga mandirigma. Para naman sa pagpapahusay ng taktika at teknika sa pakikidigma ang



bahaging pangmilitar at kabilang dito ang *military drills, combat drills and maneuvers, range firing* at iba pa. Nagsagawa ng mga TO ang bawat Coy pagkatapos ng *pol-mil training*. Sa TO, may ilang matagumpay ngunit marami ang bigo. Marami sa matagumpay na ambus ay kaunting armas lamang ang nasamsam.



Ang ambus sa Oas, Albay ang maraming nasamsam na armas. Dito, isang jeep at dalawang six by six ng Philippine Army ang epektibong ginamitan ng command detonated land mines na pumaralisa agad sa kaaway. Di bababa sa 30 sundalo ang patay kabilang ang mga opisyal na nasa jeep, isang machinegun at 29 na HPR ang nasamsam ng kumpanyang nang-ambus. Ang ibang HPR na nasamsam bukod sa 29, ay hindi na mapakinabangan, wasak ang tatlong sasakyan at ang ilang sundalong nakaligtas ay hindi na nakapanlaban at tumalilis nang tuluyan.

Kadalasan ay di nagtatagumpay ang mga reyds sa portipikadong pusisyon ng kaaway, laluna iyong itinuloy pa rin kahit salat ang paniktik. Sa buong panahon ng pag-iral ng mga “regular” na coy, dalawa o tatlo lang yata ang matagumpay.

Pana-panahong naglunsad rin ng mga pagsasanay sa medikal, *sniping, command detonated* na eksplosibo at paniktik, na kailangan talaga ng isang rebolusyonaryong hukbo, “regular” man ito o hindi, tuwid man o naging lihis ang linya nito sa isang panahon.

Sa isang pagtingin, may bahaging positibo ang pagtatayo ng mga kumpanya dahil sa dulot na kantitatibo at kalitatibong paglakas ng pormasyon ng hukbo. Kumpara sa iskwad ng SYP o maliit na pormasyong platoon ng fighting unit, hindi ito basta madudurog ‘pag napalaban sa malalaking pwersa ng kaaway.

Gayunman, mas negatibo talaga ang epekto ng pagbubuo ng mga kumpanya, wala sa panahong “regularisasyon” at adbenturismong militar. Kumitid ang erya na dating epektibong kinikilusan ng Partido at hukbo dahil hinatak ang mga yunit sa gawaing masa para ipaloob sa kumpaya. Kung may natira mang SYP o pangkat sa gawaing masa, ito’y napakaliliit, napakahihina sa tauhan at armas para sa tuluy-tuloy na pagpapaunlad ng baseng masa, rebolusyong agraryo at armadong pakikibaka.

Tumamlay ang masiglang rebolusyong agraryo dahil ang mga kadreng bihasa sa paglulunsad ng agreb ay naroon na rin sa mga kumpanya at nakatuon sa gawaing militar. Ang mga nasa sangay ng Partido sa lokalidad ay hindi pa ganoong kahusay sa lahatang panig na gawain laluna sa agreb. Di iilang lider-masa ang nagmistulang simpleng “kolektor” ng “buwis” sa agreb na tumungo sa liberalismo sa pinansya.

Humina rin ang edukasyong pampulitika sa hanay ng masa dahil nasa kumpanya ang karamihan ng kadre at hindi sapat na nasanay sa gawaing edukasyon ang mga kasama sa lokalidad at organisasyong masa. Di naglaon, matapos buuin ang mga kumpanya, naramdaman na ang kakapusan sa lohistika at ang pagsusustini ng pinansya at suplay ng pagkain. Halos masaid ang kabuhayan ng masa at maging ng kalikasan sa binabasehan



ng mga kumpanya. Kahit ang mga ilog at sapa na dati'y sagana sa isda, hipon, suso at talangka ay kadalasan said pag-alis ng kumpanya matapos ang ilang linggong pagbabase. Pati mga ahas sa basehan, maging iyong makakamandag, ay takot na ring magpakita dahil tiyak adobo o inihaw ang aabutin nila.

Hindi naging manhid ang KR at mga KLG sa negatibong epekto ng "regularisasyon" ng hukbo, pagkitid ng mga larangang gerilya at paghina ng gawaing pampulitika. Noong 1990, bago pa man ng IDKP, nagbalangkas ito ng mga panimulang hakbang para malutas ang gayong mga suliranin, gaya ng pagtatalaga ng kumpanya ng mga tim o iskwad na tutulong sa gawaing masa sa teritoryong binabasehan. Kahit bahagya man lamang ay nakatulong ito sa pagpigil sa pagkitid ng mga larangan, sa kalagayang tuluy-tuloy ang mga kampanyang SOT-Gradwal Konstrikasyon ng kaaway. Tinanggihan din ng rehiyon ang panukalang magbuo ng batalyon pagkat hirap na hirap na nga ito sa pagsusutini ng mga kumpanya, batalyon pa kaya?

Ang IDKP ang mas nakapaglinaw sa mga ugat ng suliraning kinaharap ng rehiyon at mga larangan. Lubusang nakatulong ang IDKP sa pagpigil sa pagkitid ng mga sona at larangang gerilya at sa unti-unting muling komprehensibong pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan ng rehiyong Bikol.

Pakikipagtunggali sa mga Rebisyunistang Taksil

Kwento ni Ka Jojo

Noong 1991, tinipon kami ng nakatataas na organo para itayo bilang isang pansamantalang kolektibo dahil nahuli ang GC na nakabase sa kalunsuran. Dito inilinaw ng sentro na hindi si Tabara ang gumagabay, kahit pa umuugnay siya sa amin nang magkahulihan. 'Yon pala, may hinahawakan siyang grupo sa mga pwersa namin at pinakikilos sa mga operasyong gangster na lingid sa aming kaalaman at kahit sa sentral na pamunuan mismo.

Bago pa man ang makasaysayang ika-10 plenum ay nakakuha

na kami ng mga borador na dokumento ng pagwawasto na aming tinalakay, at pagkatapos ay may nakuha pa kaming mga dokumento na tinalakay naming muli sa kolektibo. Sumulat si Tabara sa amin na nahalal siya sa KTKS at ipinahahanda niya ang mga armas para gamitin sa *security* ng



sentro, hindi na raw siya makakapasok sa amin dahil kailangan pa niyang ibaba sa VisCom ang mga desisyon. Pero ipinatawag niya ako para kausapin sa syudad. Nang bumaba ako, hindi siya humarap kundi isang tauhan niya na wala naman sa pusisyon para maglinaw ng mga gabay para sa amin. Ayon daw kay Tabara, siya na lang muna dahil abala ang una, at may atas na raw sa amin na magbalik sa mga rehiyon, at dalawa na lang raw kami sa Visayas na hindi nila nakausap.

Kahit pa nagpipilit akong si Tabara ang gusto kong makausap, dinala niya ako sa isang kainan sa *red light district* ng Maynila kung saan siya nagkwento nang nagkwento ng mga paninira kay Joma at sa KTKS, mga reklamo sa resulta ng plenum, at nagsabing marami na silang nahatak sa kanilang panig, pati mayorya ng Komite Sentral. Nagulat ako sa ganitong mga kwento na para nang intriga, pero dahil lasing na lasing na siya, hinayaan ko lang siyang magkwento. Sa huli, sinabi niyang inutusan na nila ang isang dati naming pwersa na AWOL ang katayuan para pumunta sa aming lugar at kunin ang mga armas dahil isesentralisa nila.


Naalarma ako. Maliban sa halatang-halata sa mga sinasabi niya na may grupo silang binubuo, sangkot na pati ang mga armas. Kaya pinuntahan ko ang aking mga kasamahan sa

gawain na nasa syudad. Sinabihan kong maging alerto sila sa gayong mga napansin ko. Hindi ko na inabutan ang ilan sa kanila na nasa mga operasyong gangster sa go-signal ni Tabara. Nagmamadali akong bumalik sa sona. Hindi pa alam ng mga kasama ang gayong mga pakana at nauna na doon ang kumuha ng armas. Buti na lang may naiwan pa, ‘yong hindi pa naipon. Ninakaw talaga nila ang pili at mahuhusay na klase ng armas.

Nag-ulat agad kami sa sentro. Pumusisyon kami na hindi kami sasama sa nagpaksyon. Kaya pinatipon kami ng sentro sa kanilang lugar at mayorya ng mga istap sa ilalim ng GC ay naging aktibo sa paglulunsad ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto.

Kwento ni Ka Mauring

Oktubre 7, 1992 nang pumusisyon ang mga paksyunalista ng Komiteng Rehiyon sa Negros na “autonomous” sila pero sa esensya ay umisplit na. Dahil sa disoryentasyon at malalang kakulangan ng pag-aaral, marami sa kasapi ng Partido sa rehiyon ang naniwala sa pambabaluktot ng mga paksyunalista na ang kahulugan daw ng demsen ay kailangang sumunod sa kanila ang mga nakabababang organo kahit mali at sila naman ang bahalang managot sa organong nakatataas sa kanila, sa Standing Group ng Visayas na pinamumunuan ni Tabara. Kaya’t isa lang sa mga kagawad ng Komiteng Panrehiyon ng Negros ang sumunod sa desisyon ng Komite Sentral tungkol sa kilusang pagwawasto.



platoon at tatlong SYP na nagdeklarang independyente sila ang hindi natangay ng paksyon. Sila ang tumanggap sa amin at nakumbinsing pumanig sa pagwawasto. Sa kanilang lugar namin idinaos ang simple, tahimik, walang ilaw na pagdiriwang ng anibersaryo ng Partido, kung saan nagtipon ang mahigit limampung kasama at masa.

Nang makapwesto sa kanayunan, una naming inasikaso ang pagtitipon sa mga pwersang naninindigan sa pagwawasto, lalo na ang karamihan ng kasama sa lunsod. Matiyagang pag-aaral sa mga dokumento ng pagwawasto, pagtulong na malagom ang kanilang kolektibo at indibidwal na karanasan, at pagpupunahan ang nakapagpatimo ng kilusang pagwawasto sa humigit kumulang 60 kadre at kasapi ng Partido at ng BHB, na naging binhi ng muling pagbabangon ng rebolusyonaryong kilusan sa Negros. Sa panimulang apat na baryong kinilusan sa kabundukan ng Central Negros, itinayo nating muli ang isang larangang gerilya na naging base ng bagong pamunuan at sumaklaw sa mga bayan ng Guihulngan, Kanlaon at Vallehermoso sa Negros Oriental, at Moises Padilla at Isabela sa Negros Occidental.

Sinikap ng buong rebolusyonaryong pwersa na abutin ang iba't ibang pwersa, mga kaalyado at dating kasama sa kalunsuran at kanayunan para maliwanagan ang mga natangay sa panlililang nina Tabara. Tinutukan namin ang lihim na pag-ugnay sa mga pwersa ng hukbo. Pumanig sa atin ang isang iskwad ng *Special*



Unit sa Southwest Negros, dala ang kanilang armas. Galit na galit si Tabara. Inugnayan din natin ang coy ng Southwest. Lima kaming pumunta doon at nakipagliwanagan sa mga pwersa.

Mapanganib,

pero tumagal pa kami ng ilan pang araw ng tuluy-tuloy na talakayan sa kumand at iba't ibang kasama at masa. Pinagkasunduang tipunin ang buong kumpanya para mas malalim na talakayin ang mga isyu ng pagwawasto, pero bago dumating iyon, may ilang dating kasapi ng nawasak na KR ang nakipagharap. Mainitan ang naging debate sa mga sagadsaring maka-Tabara. Dinalhan kami ng isa pang yunit na pinili nila at kinontrol ang yunit na ibinigay ng *coy* bilang *security* namin. Sa takdang araw ng pagtitipon, hindi nila pinayagang humarap sa amin ang *coy command*. Ang mga pinuno ng grupong maka-Tabara, kasama ang isang platun ng armadong galit na galit ay nagbabala na aarestuhin kami kung hindi aalis. Pumapasok daw kami sa kanilang teritoryo.

Si Carapali ang pinuno ng platung ito. Sinabi niyang kahit malapit ang personal na relasyon namin sa isa't isa ay utos pa rin ni Tabara ang kanyang susundin kaya kailangang agad na kaming umalis. Nagsikap kaming manatili hanggang hapon para sa patuloy na pagpapaliwanag. Nakikinig ang masa at mga karaniwang mandirigma, pero lalong uminit nang uminit ang tunggalian at pinagtumpukan ako ng mga namumunong isplitista. Pinagpasyahan naming umalis. Wala nang saysay na kausapin pa sila. Sa isla, sila ang namumuno sa paksyon. Sa sumunod na mga buwan ay maramihan nang umalis ang kanilang mga tauhan.

Binalikan at itinayo natin noong 2011 ang larangan sa Southwest Negros. Sa buong Negros, tatlong larangan ang itinayo natin sa panahong iyon. May mga RPA-ABB pa pero goons na sila ng mga pulitiko at panginoong maylupa, at di kalauna'y nakipagkasundo na sa gubyrno.


Pagpapatuloy ng kwento ni Ka Levi

Kumilos ako sa Bulacan noong 2001, sa Front Offshore na mas kilalang FOS. Larangang gerilya ito sa katubigan, sa palaisdaan. Dala ko ang isang platun. Dalawa ang kaharap naming kaaway, ang Seagull Battalion ng Marines at ang tatlong platun ng RHB. Napakahirap doon, 'yon na ang pinakamahirap

sa kinilusan ko, dahil katubigan. Sa ibabaw ng pilapil ka lang makakalakad. “Pag napalaban ka, mapipilitan kang lumangoy dahil hindi naman dikit-dikit ang pilapil. Bangka ang ginagamit ng mga nagbabantay ng palaisdaan para tumawid-tawid. Nakadikit pa sa Maynila, sampung minuto lang, nariyan

na ang *helicopter*. Okey na ako kung sa patag, kahit araw-araw ang labanan, parehas lang ang laban halos. Dito, ‘pag nawalan ka ng bangka, naku, tagilid. May isang labanan nga sa *army* na tumawid kami sa tubig. Nang mapuno ng tubig ang malalaking bulsa ng aming pantalon, halos hindi na kami makakilos. Kaya, nagdisenyo ang rehiyon ng *shortpants* na pantubig at nakakuha ng mga *jacket* na ‘pag hinipan nagkakahangin at lulutang ka.

Noong una, iniwasan naming makipaglaban sa RHB. Nagpopropaganda lang kami sa masa para maliwanagan, sinasabi kasi ng RHB na sila ang tunay. Dahil sila ang dating kumikilos dito, sila ang mas kilala ng masa. Kami talaga ang nahirapan. Marami-rami pa sila noon at armado. Kaya lang, dahil wala naman talagang tamang prinsipyo, hindi talaga sila umubra. Tapos, ang RHB mismo, sa sarili nilang kilos ang naglantad ng sarili. Mula nang nagpaksyon, nag-iba na rin ang pakikitungo nila sa masa. Sobrang nangungulekta. Nangingikil na talaga. Tinatakdaan ng buwis kahit maliliit na palaisdaan. Tapos, nakikikain sa bantay ng palaisdaan, ubos ang baon ng kawawang bantay. Kami nga, nagbabaon ng pagkain kung pupunta sa bantay. Kasi, ang pang isang linggong baon niya ay utang pa sa propitaryo, halos wala na nga siyang kinikita.



Napakatindi ng pagsasamantala ng mga propitaryo sa mga bantay. Malayong hamak ang usapin ng pagsasamantala ng panginoong maylupa sa magsasaka sa palayan sa dati kong erya. Pag kumita ng isa hanggang dalawang milyon ang propitaryo, lugi 'yan, kaya walang parte ang bantay. Ang bawat propitaryo dito ay nagmamay-ari ng aabot sa 300 ektaryang palaisdaan ng bangus at sugpo, at may tig-isang bantay bawat tatlong ektarya. Ang propitaryo ang gumagastos sa *feeds*. Ang pagpapakain, paglilinis at buwanang paghaharvest ay sa bantay, hati sila sa neto. Pero sa parte ng bantay kinakaltas ang utang sa pagkain, at hindi naman ipinapakita sa kanila ang kwenta ng neto o ng utang. Ang may-ari na lang ang nagsasabi sa kanila kung ilan ang kanilang tatanggapin. Nangangahas lang ang mga bantay na ipaglaban ang mas malaking bahagi kung nariyan tayo. Diyan lang gumaganda ang kanilang kita.

Mahilig maglibot doon ang RHB dahil maraming may-ari ng palaisdaan ang makikikilan. Noong 2001, inambush kami, mga 14 o 15 kaming nakasakay sa tatlong bangkang de-motor samantalang ang RHB ay isang platung nakaposisyon sa pilapil. Ang primera namin sa unang bangka ang binira nila, mga apat o lima sa amin ang nakasakay dito. Patay ang dalawang kasama, ang dalawa pa ay nakalukso at lumangoy. Nasa ikalawang bangka ako at kami ang gumanti, ipinasadsad namin ang bangka sa pilapil at umatras ang RHB. Kaya naglunsad na rin kami ng mga opensiba laban sa kanila. May humigit-kumulang limang opensiba bago naitaboy ang RHB sa Bulacan noong 2003. Papunta-punta pa rin sila, pero hindi na pinaniniwalaan ng masa. Doon na lang sila sa Zambales dahil nandoon ang kanilang sentro.

Ang mga karanasang naangkin ng mga kasama sa rebolusyonaryong pakikibaka ay bahagi ng maningning na kasaysaysan ng Partido. Patuloy itong nadaragdagan ng bagong karanasan ng mga anak, ng mga apo, ng masang magiting na nagpapatuloy at nagpapasulong sa pambansa-demokratikong rebolusyon.

SCAUP – Student Cultural Association of the University of the Philippines

DG – discussion group

HMB – Hukbong Mapagpalaya ng Bayan

SYP – Sandatahang Yunit Pampropaganda

BAR – Browning Automatic Rifle

ZOTO – Zone One Tondo Organization

CBA – Collective Bargaining Agreement

PMG – Provincial Mobile Group

KR – Komiteng Rehiyon

KLG – Komiteng Larangang Gerilya

SOT – Special Operations Team

GC – General Command ng NPA

VisCOM – Visayas Commission

KTKS – Komiteng Tagapagpaganap, Komite Sentral

RHB – Rebolusyonaryong Hukbong Bayan



mula sa Pasa Bilis, Agosto 2012

MANGGAGAWA NG PLANTA, MANGGAGAWA NG SAMBAYANAN

NI MARIA CATALONAN

*Monolog mula sa panayam kina Ka Flor Flores at iba pang
manggagawa*

Tumatagos sa buto ang ginaw sa madaling araw. Kahit doblehin pa ang pira-pirasong *plywood* na sinapinan ng karton na ipinambabanig namin sa *sidewalk*, tinatagos pa rin ng lamig. Kabaligtaran ng init ng planta sa loob.

Manggagawa ako. Dalawampu't pitong taon nang nagpapaandar ng makinaryang lumi-likha ng mga pako, alambre, *cyclone wire*, iba't ibang produktong yaring bakal. Dalawampu't pitong taon nang nag-aalaga ng makinaryang halos kaming manggagawa na rin ang nagdisenyo at nagkumpuni. Ba't sa gilid ng kalsada ako natutulog ngayon? Ba't nagsisiksikan kami ng kapwa ko manggagawa sa maliliit na kubol kasama ang aming mga pamilya?



Dahil ayaw kaming papasukin ni Bejo sa kanyang planta. O mas eksakto pa, ayaw kaming papasukin ng kapitalista kung hindi kami susunod sa kanyang mga kundisyon.

Naku, sasabihin ninyo, sa hirap maghanap ng trabaho ngayon, swerte ka nga at nandyan ka pa sa planta. Kung ako 'yan, kahit anong kundisyon pa ang sabihin ng kapitalista, susunod ako mairaos lang sa araw-araw na pangangailangan ang pamilya ko.

Pero, alam ba ninyo kung anong kundisyon ang mga iyon?

Sabi ko nga kanina, dalawampu't pitong taon na ako rito. Kaya marami na akong namasdan at natutunan. Ganyan katagal na akong nagtiis sa init ng pugon na kung magsimulang paandarin ay dalawang linggong walang patayan. Nagsusubo 'yan ng bakal, kaya dapat saktong-sakto ang init. At dahil walang bentilasyon sa loob ng planta, tiis kang parang kasama ng bakal na niluluto sa loob. Naghuhubad na nga kami, naka-*brief* na lang pero lutung-luto pa rin ang balat namin. At kahit man lang tubig na inumin ay wala. Wala. Pupunta ka pa sa *deep-well* para uminom. Di syempre iiwanan mo ang makina mo. Masisita ka na naman. Kaya hintay ka na lang ng *breaktime*, kung kelan pa

'yon. Madalas, meron sa aming nahi-*heatstroke*.

Kung *breaktime* naman, tiyaga ka sa mahal na presyo at walang lasang pagkain sa kantin ng kumpanya. Hindi kasi pwedeng lumabas.

Di lang 'yan. Napaka-delikado ng mga makina. Kung maubos na ang *wire rod* na ipinakakain sa makina, hindi pwedeng patigilin ang makina kaya kailangan mabilis mong maipasok ang susunod. Kung mabagal-bagal ka lang ng bahagya, pati daliri mo kakainin. Pero walang *safety equipment*. Kaya maiisip-isip na rin ninyo na kung minsang napupukpok ninyo ang daliri kung bumaluktot ang pako, nagmumura kayo, di ba? Kami, ilang beses nang napuputulan ng daliri sa paglikha ng mga pakong iyon. Hindi ba may karapatan din kaming mapangalagaan ang katawan namin habang nagtatrabaho?

Kung nakita nga ninyo si Lito, 'yong isang kasama namin, pudpod na sa asido ang mga daliri ng kamay at paa, patuloy pa rin siyang nagtatrabaho at nagpapapudpod dahil wala nang masulingang iba. Walang ibinibigay na kompensasyon

diyan ang kapitalista.

E lalo na si Roco. Nang nahulugan siya ng *wire rods* na kinakarga sa trak, nahimatay siya at napisat ang kanyang bayag. Pinagamot ba ni Bejo? Oo naman. May bonus pa ngang insulto at mura. Pero ang nagastos sa pagpapagamot ay ibinawas sa susunod niyang sweldo.

Ganyan ang kalagayan sa loob. Bilib na ba kayo sa lakas ng katawan ko at nakayanan ang dalawampu't pitong taong ito? Lahat kami, sanay man o hindi, matagal na sa trabaho o bago, ay walang mga benepisyong tumatanggap lang ng *minimum wage*, kulang pa para sa disentang pamumuhay ng aming pamilya. Kung makita ninyo kami pagkatapos ng trabaho, halos hindi na ninyo makilalang tao sa pawis at dungis ng mga katawan. Sa bawat araw ng aming paggawa, pakiramdam ko nga, parang hindi kami pu-mapasok para magtrabaho, para kaming kusang nagpapatortyur para sa *minimum wage*.



Sa kontrata ay lakas paggawa lang namin ang ipinangako sa kapitalista, hindi ang aming mga daliri, mga buhay at kaluluwa!

Kaya kailangan ng isang unyon para ipagtanggol ang karapatan ng mga manggagawa. Pangangailangan 'yan at karapatang ipinaglaban ng mga manggagawa sa buong daigdig daang taon nang nakaraan. Nasa batas nga ng reaksyunaryong gubyerno, pero kahit hindi iligal ang pag-oorganisa, basta't nakaharap ka sa kapitalista, lahat 'yan iligal sa mata niya. Tanggal ka kaagad kung matunugang nag-oorganisa ka. Napurbahan na nga 'yan sa ibang pabrika na nagtatawag agad ng CE kung walang unyon, LE kung may nakatayo na pero inutil ang pamunuan. Wasak agad sila. Kaya nagbago kami ng taktika. Lihim. Tatlong buwan bago magtapos ang 2010, nakapagtayo na kami ng mga lihim na grupo sa bawat departamento ng planta, at patuloy na nagpalaki.

M a a g a n g bahagi ng 2011, sitenta porsyento na ng mga manggagawa ang nakapag-aral sa kurso ng Tunay, Palaban at Makabayang Unyonismo na idinaos sa isang *ed fest* noong mahal na araw. Bago matapos ang Abril ay naitayo namin ang sangay ng Partido sa loob ng planta. Kaya pagdating ng Mayo Uno, halos lahat kaming mga manggagawa, kasama ang asawa at mga anak, ay tuwang-tuwang dumalo sa kauna-unahang pagkakataon sa rali na gumunita sa Araw ng Manggagawa.

Dahil ilang piraso na lang ang hindi nakapaloob sa mga grupo, nagpasya na kaming magtayo ng unyon. Ang problema, dahil may isang nakadalo sa pag-aaral na pumiyok kay Bejo, isinumbong ang aming plano. Kaya inihahapag pa lang namin sa *management* ang kahilingan para kilanlin ang itinayo naming unyon, milagro, biglang may unyon na raw kami sabi ng *management*.



Isang *dog union* na nasa ilalim ng dilawang pederasyon ang nakipagsabwatan sa kapitalista bilang *sole and exclusive bargaining agent* mga isang buwan pa lang ang nakalipas. Ginawang pamunuan dito ang iilang manggagawang hindi pa sumasali sa amin. At may CBA na raw, na walang laman na mga benepisyo para sa mga manggagawa. 'Yon palang mga blangkong papel na pinapirmahan sa amin para maka-*vale* ay ratipikasyon na ng CBA. Limang taon kaming itinali sa tinaguriang kasunduan na hindi naman kami natanong man lamang!

Nagdaos kami ng lokal na eleksyon para mapalitan ang pamunuan ng dilawang unyon, pero inipit kami sa iba't ibang teknikalidad. Pina-*rotation* pa kami at tinangkang bawasan

ang araw ng paggawa dahil daw sa sirang makina. Naglunsad kami ng sama-samang pagkilos bilang protesta. Bawat *breaktime* ay sabay-sabay naming kinalampag ang mga lata at mga baldeng lalagyan ng langis. Ang ingay! Tatlong araw lang ay ibinalik na ang normal na operasyon ng planta, pero tinanggal ang dalawang manggagawa at sinuspinde ang pito. Tapos, hindi na pinabavale ang hindi magtatakwil ng kanyang pagsapi sa unyon. Araw-araw sa halos isang linggo ay nagsuot kami ng itim na *T-shirt* o kaya'y itim na *ribbon* sa aming braso at nag-ikot na may mga plakard laban sa harasment.

Biglang naghigpit. Dinagdagan ang mga *security guard* at nilagyan ng CCTV ang bawat departamento para bantayan




kami. Konting pahinga mo sa trabaho, suspendido ka. Pinagbawalan muli ang pagpaparada namin ng mga bisikleta at motorsiklo sa loob ng gate, kaya napilitan kaming maghanap ng kung saan-saang pwedeng mapag-iwanan ng sasakyan. Ninakaw nga ang bisikleta ng isa sa amin dahil nasa labas na ng gate.

Inilagay rin ng kapitalista si Garcia bilang bagong *human resources officer*, isang ubod ng yabang na ubod naman ng duwag. Nakadispley ang kanyang kalibre 45, tinakot kaming nakikilala raw niya ang mga komunista sa aming hanay, at kanyang ipapahuli.

Ngunit muli, nagprotesta kami—kinalampag ang kantin at ang lugar ng produksyon. Gumawa kami ng mga plakard sa loob mismo ng planta, araw-araw na inilibot ang mga ito at dinala sa harap ng opisina ng kapitalista sa oras ng break. Nataranta si Bejo, akala niya magtutuluy-tuloy na kami sa welga, at nakipag-usap siya. Dahil sa lakas ng aming pagkakaisa, sumang-ayon ang kapitalista sa aming mga kahilingan.

Nangako siyang ibabalik



ang mga tinanggal at sinuspinde pagkatapos ng tatlumpung araw nilang *preventive suspension*. Dahil ilegal ang pagsuspinde, babayaran niya ang kanilang nawalang araw ng paggawa. Bibigyan pa raw kami ng upisina na hiwalay sa dilawang unyon, at magtatayo ng *joint grievance committee* na bubuuin ng mga kinatawan namin at ng dilawang unyon, may paupuin pang kinatawan namin sa pamunuan mismo ng dilawan. Pinayagan rin kaming magparada uli ng mga bisikleta namin sa dating pinagpaparadahan.

Kaya sa unang pagkakataon, nakapaglunsad kami ng Christmas Party na may ambag sa gastusin ang *management*. Ang pagsasalu-

salo naming mga manggagawa, kasama ang aming pamilya, ay ginawang pagkakataon para malagom ang mga tagumpay na nakamit namin sa buong taon ng pakikibaka, at muling pinagtibay ang aming pagkakaisa para mapaghandaan ang malamang na magpapatuloy na labanan sa darating na taon.

Totoo nga. Pagtapak pa lang ng 2012 ay umigting ang tunggalian. Mantakin mo ba namang hindi naman sinunod ng *management* ang mga pinagkaisahan. Isinulat namin ang lahat ng pangako niya sa isang MOA, pero gumawa siya ng sarili niyang MOA kaya hindi nagkapirmahan.

Hindi binayaran ang mga sinuspinde, nagdayaan pa sa kwentahan ng *thirteenth month* at overtime pay naming lahat. Ang mga nag-aaplay ng *vale* ay hindi binibigyan kung hindi pipirma ng *waiver* na hindi na sila sasama sa mga aktibidad ng aming unyon. Maya't maya'y pinaglilipat-lipat kami ng mga departamento, kahit sa mga trabahong hindi mo nakasanayan, at kung umayaw ka'y isang buwan kang suspendido. Pero halatang kahit naghahamon,

takot din siya, dahil binakuran at nilagyan na ng *gate* ang mismong harapan ng upisina. May *gate* sa labas, may *gate* rin sa loob.

Kaya nagreklamo kami. Tinanggal na naman sa trabaho ang ilang kasamahan namin. Sobra na. Nang mag-breaktime uli, nagpiket kami sa harap ng opisina pero pinagsarhan kami ng dalawang *gate* kaya hindi na kami makalabas, pinalibutan kami ng mga gwardya at nangangantyaw pa sila ng “ilabas na ninyo ang mga baril ninyo!” Nagpalibot na naman ng blangkong papel na pipirmahan si Garcia. Syempre, hindi kami pumirma, kahit pa ginaw na ginaw na kami sa pagkakabasa ng malakas na ulan. Pati ang mga kasamahan sa labas na naghahatid sa amin ng kape ay di pinalalapit. Hindi kami nakabalik sa trabaho sa takdang oras kaya kinabukasan, kinasuhan kami ng *abandonment of duty*.

Inulan kami ng sunud-sunod na harasment. May paninirang puri raw kay Garcia. May panggugulo. Kung anu-ano pa. Mahigit limampu sa amin ang sinuspinde ng isang buwan, *preventive suspension* daw. Pero hindi kami natakot.

Sumagot kami ng isang buwang piket protesta na umiikot sa loob at labas ng planta tuwing breaktime.

Iginiit namin sa *management* na pabalikin sa trabaho ang mga iligal na sinuspindi nang may bayad ang araw na hindi sila nakapagtrabaho, at kung sa loob ng tatlumpung araw ay hindi nila ito ipinatupad, pati kaming nasa loob ay lalabas din at tototohanin na ang welga.

Nang sumang-ayon si Bejo, para ngang nagtagumpay kami ulit. Pero ang sabit, bawat bumabalik sa trabaho ay pinapipirma ni Garcia sa papel na nangangakong hindi na sila sasali ulit sa anumang aktibidad ng unyon. Wala naman sa usapan ‘yon, a. Nag-*walk out* na kaming lahat. Pati ang mga hindi suspendido. Isang oras kaming tumambay sa labas ng pabrika. Akala ng management, welga na talaga, kaya iniatras ang pirmahan.

Makatarungan bang ipailalim kami sa ganitong panggigipit nang wala naman kaming ginagawang masama? Pag-uunyon lang naman at mga batayang karapatan ang hinihiling namin. Ni hindi pa nga namin nakakanti ang



paghingi ng dagdag na sweldo, tamang pagkukwenta pa lang ng obertaym na napakatagal nang dinadaya. At akala ba ninyo, ito lang?

Buong 2013 ang harasment at pananakot—pagtanggal sa trabaho, suspensyon, paglilipat ng mga departamento, pag-floating sa trabaho. E kung floating ka, wala syempreng sweldo. Laging nakaamba sa mga myembro ng unyon ang ganitong mga babala sa bawat kaunting kilos. Para bang kulang pa ang pisikal na pagpapahirap sa kalagayan ng pagtatrabaho namin sa loob ng pabrika, pati kaisipan namin ay gustong pahirapan. Para lang makapiga at makapiga pa ng tubo mula sa pako at alambre. Mula sa pawis naming pinipiga sa paggawa ng pako at alambre.

At talagang kulang pa para

kay Bejo. Noong Abril, walang kaabug-abog, nagbaba ng memorandum ang *management* na ang lahat ng manggagawa ay kailangang makaalis na sa buong bakuran ng planta trenta minutos pagkatapos nila ng trabaho. Hindi 'yan kakayanin dahil maliligo ka pa bago lumabas, nanggigitata ka ba naman sa dinaanan mong trabaho. At ang panggabi, naghihintay talagang mag-umaga bago lumabas dahil sa alanganing oras ng alas dos sa madaling araw, delikado kang maholdap.

E' di kaming mga panggabi ay natulog pa rin sa planta tulad ng nakagawian. Pinuntahan kami ni Bejo at ni Garcia at pinalayas, kaya sa labas na lang kami ng gate tumigil. Doon na kami naabutan ng mga pang-umaga, na sa pagpasok ay pinapipirma

na naman ng *management* ng pangakong hindi sasama sa amin. Ano pang aasahan mo, syempre hindi sila pumirma kaya hindi sila pinapasok. Sama-sama na kami sa labas ng gate na inabutan ng susunod na *shift* ng mga panghapon o panggabi. Pinagsarhan kami. *Illegal lock-out* kung sa salita pa ng abugado. Kaya nagpiket-protesta kami laban sa ganitong pagkakait sa amin ng hanapbuhay.

Tumigil ang paggiling ng mga pako at alambre, kinalawang ang mga bakal. Hindi kaya ng kakapiranggot na mga eskirol ang kasanayan sa pagpapaandar ng mga makinaryang ilang dekada nang naging bahagi ng aming buhay. Nandahas

ang kapitalista katulong ang mga bayarang pulis, *goons* at militar. Pinalibutan kami ng mga *security* ng planta na may dalang mga tubo. Binira kami ng isantrak na mga *special forces*. Tinakot, binantaan, pinangakuan, nilinlang. Sinampahan kami ng sari-saring kaso sa *regional trial court*. Nagpa-*injunction* at TRO pa para mailabas ang mga gamit sa planta o kaya'y mapapasok ang mga eskirol. Binigo namin lahat 'yon. Ganito pala talaga 'yan, tumutulong sa kapitalista ang buong lakas ng naghaharing gubyrno kung nagrereklamo ang manggagawa. Sa huli'y nakipag-usap si Bejo, pero iginigiit pa rin ang kanyang gusto, ang pagbalik sa mga dating kundisyong nagtulak



nga sa amin para mag-union. Hindi naman sana kami mahirap kausapin kung makatwiran lang ang ipinakikiusap. Kaya't *deadlock* at *deadlock* pa rin.

Mag-iisang taon na ngayon ang aming laban. Tinitiiis ang gutom, ang daing ng mga pamilya namin, ang pandarahas ng kapitalista at mga pulis. Kasama na namin sa piketlayn ang mga pamilya naming napalayas dahil hindi na makapagbayad ng upa sa bahay. Mag-iisang taon nang tumulong kami sa pagpapataas sa kamulatan ng mga kabataan at iba pang aktibista sa iba't ibang sektor na nakikisalamuha sa amin sa piketlayn. Natututo kami sa maraming bagay at sa iba't iba pang larangan ng gawain para sa pagmumulat at pag-oorganisa. Kasabay nito ay tumibay ang pagkakaisa naming mga manggagawa. Napagtanto naming hindi hiwalay ang ginagawang pang-aapi sa amin sa ginagawa sa iba pang aping mamamayan sa lipunan. Kaya hindi na lang ang mga karapatan sa pabrika ang aming ipinakikipaglaban, kundi ang karapatan at kalayaan ng uring anakpawis, ng buong sambayanan. Patuloy naming pinatutunayan sa uring kapitalista na ang uring manggagawa, kapag namulat at naorganisa, ay may di-maigugupong lakas at kakayahang bumangon at lumaban!



BUMANGON NA ANG SINGKO

Mula sa panayam kay Ka Rodel



Likas ang tunggalian sa lipunang makauri, sa loob ng kilusan, at sa loob ng kaisipan ng bawat kasama. Ang wastong paglutas ng mga tunggaliang ito ay nagdudulot ng ibayong pag-unlad, tulad ng pinatunayan ng karanasan sa isang syudad sa Metro Manila.

Nawasak ang mga organisasyong pangmasa sa syudad ng Singko nang magpaksyon ang pangkating Lagman noong 1992. Napatatag ng paksyon ang kanilang pusisyon dito sa pamamagitan ng kanilang armadong lakas na ABB at sa pakikipagkasundo at pagdikit sa reaksiyunaryong meyor, na siyang humahawak sa lahat ng organisasyong diumano'y organisasyong masa ngunit kontrolado niya ang pamunuan. Binaluktot at winalanghiya ng

paksyon ang rebolusyonaryong tradisyon ng mamamayan sa syudad ng Singko na matagal nang pinanday sa mga pabrika at kabayanan nito mula pa noong panahon ng Unang Sigwa at nakapagpalitaw na ng maraming kadre at martir sa pambansa-demokratikong rebolusyon.

Muhing-muhi ang mga mamamayan ng Singko sa nagsanib na paghahari ng meyor at paksyon ng mga kontras, ngunit nahihirapang lumaban dahil sa ganoong kontrol. Mula nang maupo rito ang meyor, napakarami nang nawalan ng hanapbuhay nang bumagsak ang lokal na industriya sa syudad dahil sa pagpabor niya sa iilang kapitalistang nag-aangkat lang naman ng yaring produkto sa China at tinatatakan ng lokal na pangalan. Kakaunti na rin ang mga pabrika sa dating *textile factory belt* ng syudad, at walang ginawa ang reaksiyunaryong pamahalaan para tugunan ang ganitong krisis sa hanay ng mamamayan.

Marami sa maralitang komunidad ang itinaboy sa tabing-ilog, nagsilbing pambakod sa mga tahanan ng mayayaman at pangharang sa madalas na paglaki ng tubig sa bawat tag-ulan. Dahil bagsak ang lokal na industriya at mga pabrika, karamihan sa naninirahan dito ay mga mala-manggagawa, mga tagapaglako ng iba't ibang produktong pangkonsumo lalo na ng gulay.




Taong 2008, isang tim ng organisador ang naglunsad ng panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri sa mga komunidad na ito. Iba't iba ang pinagmulang kabuhayan ng bumubuo ng tim, na halos lahat ay residente ng mga komunidad sa naturang syudad. Dating OFW na naging organisador ng komunidad, may dating manggagawang organisado sa malapit na pabrika

ngunit nawalan ng ugnay mula nang manggulo ang paksyon, may mga estudyanteng hindi na nakapag-aral, at mayroon pang organisador sa malapit na pabrika na nakikitang mahalaga sa pakikibaka ng mga manggagawa ang pakikibaka ng komunidad sa palibot nito. Binalik-aralan nila ang Mahigpit Nating mga Tungkulin, pinag-aralan ang mga resulta ng panlipunang pagsisiyasat, at nagkaisa sa mga angkop na taktika sa pag-oorganisa sa komunidad.

Dahil kontrolado ng upisina ng meyor ang mga organisasyon sa komunidad, itinayo ng tim ang mga tsapter ng Party List. Ito lamang ang maitatayong organisasyon na hindi kayang kontrolin ng meyor. Kitang-kita ang malakas na pagnanais ng masa na magkaroon ng organisasyong tunay na magiging daluyan ng kanilang tinig sa mabilis na pagdami ng mga ito, at bago dumating ang panahon ng eleksyon ay may 100 tsapter na ang naitayo. Naging masigla ang pag-aaral sa batayang kurso ng mga maralita sa lunsod, ang Lagutin.... Ang mga interesado sa mas malalim pang pag-aaral ay nagtalakay na rin agad ng Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino at ng Araling Aktibista.

Bumalik ang sigla ng mamamayan sa komunidad. Kinaya na, at hindi nakontrol ng meyor, ang itinayong iba't ibang grupo



na hindi na lamang Party list. May mga grupo ng maralita sa komunidad, may mga grupo ng maglalako (vendor), may mga grupo ng kabataan. Itinayo rin ng kabataan ang sarili nilang partylist. Higit pa, sa patuloy na mga pag-aaral, maraming aktibista ang hindi na

nagpakasapat sa mga lokal na sektoral o teritoryal na grupo kundi nagtayo ng mga lihim na rebolusyonaryong organisasyon ng KASAMA at Kabataang Makabayan. Bawat barangay ng maralita ay may balangay na ngayon ng KM. Ang pinakamauunlad na aktibista ay binuo bilang mga sangay ng Partido sa lokalidad, na nagpunyaging mag-aral ng Batayang Kurso ng Partido at Intermedyang Kurso ng Partido. May iba pa ngang dating nasa pangkat ng kontras na nag-aral, naliwanagan ukol sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at nagpultaym sa pagkilos. Nabasag ang nakasasakal na paghahari ng pangkating Lagman. Naihiwalay ang kinasusuklamang pangkatin ng meyor sa syudad. Muling nag-ugat ang rebolusyon sa syudad ng Singko.



Kaya nang pumutok ang isyu ng demolisyon ng mga maralitang komunidad, mabilis at masiglang tumugon ang masa. Nagtulung-tulong ang mga organisasyong masa, mga lihim na rebolusyonaryong organisasyon, at mga sangay ng Partido sa pagharap dito. Labimpitong barangay ang nagdala ng panawagang “Rehabilitasyon, hindi Demolisyon”, nagmartsa ang buu-buong komunidad, at nakipagdayalog sa meyor. Natigil ang demolisyon.

Unti-unti, naipakita sa buong mamamayan kung sino ang tunay na kumakatawan sa masa. Nang magkagitgitan sa ginawang demolisyon sa lupa ng isang kilalang pulitiko, sinaktan ng *goons* ang mga organisadong pwersa natin samantalang ang tumayong lider ng KPML ng mga kontras ay walang ginawa. Kaya’t nakuha natin ang tiwala ng mamamayan, maraming *home owners association* (HOA) ang sumama sa ating hanay, at pinataas pa natin ang kamulatan ng mga pamunuan.

Gayon din ang nangyaring pagharap sa problema ng mga tagapaglako, na matinding kinikikilan ng lokal na gubyrerno at ginagawang gatasan ng mga lokal na upisyal. Ang kanilang hanapbuhay ay labis na nilimitahan ng mga ordinansang pabor sa malalaking kapitalista tulad ng limang minutong *limit* sa pagtigil ng *ambulant vendor* sa mga pangunahing kalsada, na kung tutuusi'y kulang pa nga sa pakikipagtawaran lamang sa namimili, huwag nang sabihin pa ang pagpili ng bibilhin, pagbabayad at pagsusukli. Mayroon pa ngang wala man sa pangunahing kalsada ay hinuhuli pa rin. At nangyari na nga ang pagtutok ng mga armadong tauhan ng dating meyor sa isang matandang babae.

Palibhasa'y organisado at mulat na sa kanilang mga karapatan, nagreklamo ang mga tagapaglako at inilunsad ang Black Saturday kung saan mahigit 800 vendors ang nagmartsa. Napilitan ang gubyrerno na ayusin ang ordinansa at bigyan ng aksyong pandisiplina ang nangharas sa tagapaglako.

Nariyan ding ginulpi ang isang 16 na taong gulang na batang tumutulong sa magulang sa pagtitinda ng prutas. Agad itong inireklamo ng organisasyon at iniugnay sa kasalukuyang mainit na isyu tulad ng pork barrel. Isang bagong tsapter ng organisasyon ang naitayo dahil dito. Mula nang bigyang-diin ng mga organisador ang pagkilos sa hanay ng mga tagapaglako noong 2010, umabot na sa mahigit 1000 ang myembro ng organisasyon nito.



Nakipag-ugnayan ang mga organisasyong masa sa mga komunidad sa iba pang mga karatig na syudad upang mabuo ang malawak na pagtutulungan ng maralita. Sama-sama silang humarap sa mga problema ng maralita tulad ng pagtulong sa

mga biktima ng Ondoy at pagtutol sa demolisyon, hanggang sa pagdalo sa mga pangkalahatang isyu ng mamamayan. Gaya ng dating ginagawa noong panahon



ng kasagsagan ng pagkilos bago pa man magkapaksyon, nagpapadala ng mga *contingent* ang mga organisasyon ng Singko sa iba't ibang pagkilos sa pabrika at malalaking mobilisasyon sa mga lansangan.

Tumulong rin ang organisasyon ng Partido sa pagbibigay ng kinakailangang pag-aaral, at sa ngayo'y mahigit 200 ang nakatapos ng Batayang Kurso ng Partido. Mula sa isa, umabot sa halos 30 ang sangay ng Partido sa lokalidad.

Kaya ilang taon nang nasusustini ang pagkilos ng masa sa komunidad. Anumang mainit na isyu ng mamamayan ang lumitaw, agad na pinag-aaralan ito ng mga organisasyon, nag-oorganisa ng mga kanto-kantong pulong masa, rekorida sa bawat kalsada, mga martsang protesta na lumilibot at nagsusuyod sa buong komunidad. Kilalang-kilala ang mga organisasyong masa kung may kalamidad, dahil pinamumunuan nila ang masa sa paglilinis, pamamahagi ng *relief*, at pag-oorganisa ng mga *medical mission* katulong ang mga alyadong organisasyong pangkalusugan.

Nitong Kampanyang Elektoral ng 2013, nakapagbuo ng mga organisasyon ng mga drayber. Isang bagong pag-unlad ito at napapanahon dahil sa walang kontrol na pagtataas ng presyo ng langis at gasolina. Ang kabuhayan nilang dating kasya na naging pinagkakasya ay pilit nang pinagkakasya ngayon. Kaliwa't kanan ang multa kahit direktso lang ang pamamasada. Walang menor



o tigil ang laging abanteng pagtaas ng presyo ng bilihin at humahataw ang pagtaas ng singilin ng gubyrerno. Ilang panahon na lang at mabubuo nila ang *city wide alliance* para ilaban ang kanilang sari-ling sektoral na kahingian at karampatan.

Ngunit hindi naging madali ang pagkamit sa mga tagumpay na ito. Sinuong ng kilusan sa syudad ng Singko ang mga kahirapang karaniwang nahaharap sa mga naglulunsad ng rebolusyon, sa kanayunan man ito o sa kalunsuran. Nariyan ang problema sa harasment. Kung sa kanayunan ay hinaharap ng mga baryo ang operasyong militar, dito sa kalunsuran ay nariyan din ang harasment na ginagawa ng mga ahente ng estado. Saan mang komunidad na maamoy ng kaaway na may nag-oorganisa, agad itong ipinadedemolis, kaya't dapat mabilis na makapagtanda ang organisasyong masa sa ganitong pangyayari.

Nariyan din ang palagiang problema sa karalitaan. Ginagamit pa ito ng gubyrerno upang linlangin at kontrolin ang mamamayan, tulad ng ginawa ng dating meyor sa Singko na pagtatayo ng kung anu-anong mga *livelihood project* at huwad na kooperatiba na maliban sa nakapanlilinlang sa masa upang ilayo sila sa rebolusyonaryong landas at gamitin sa burges na eleksyon ay ginagamit pang gatasan ng mga lokal na upisyal.

Kabilang ang mga ito sa nilutas at nilulutas ng mga organisasyong masa sa mga komunidad ng Singko ngayon. Pinauunlad nila ang tulungan ng magkakapit-bahay sa halip na mga kooperatibang nagiging kurakot, ibinubunsod ang pagtatanim ng mga halamang gulay sa bawat kapirasong lupang

matatamnan, at tulung-tulong silang naglilibot sa mga alyado sa pagpapalitaw ng mga materyal at pinansyang gagamitin sa mga pangmasang mobilisasyon.

Kinikilala ng mga kadre, organisador at kasapi ng mga rebolusyonaryong organisasyon sa Singko na kailangan nilang patuloy na magpaunlad ng kanilang kaalaman sa Marxismo-Leninismo-Maoismo, ang kamulang gabay sa rebolusyonaryong pagkilos. Kailangan pa rin ang patuloy na pag-aaral sa nangyaring paksyunalismo at pagkabiya ng kilusan sa Singko upang mabigyan ng wastong kaliwanagan ang nahaharap nilang mga katanungan sa proseso ng praktikal na pagkilos.

Sa mga pag-aaral, nagiging kasanayan na ng mga kasapi ng Partido at mga organisasyong masa ang pagbabao ng “isang tasang bigas” sa mga pag-aaral, samantalang kinakalap ng organisasyon sa mga alyado ang pang-ulam. Nagpapalitaw rin ang organisasyon ng kabuhayang maaaring iwanan sa pamilya ng pinakamahirap para makadalo sila sa mahaba-habang mga pag-aaral. At ang maliliit na anak ay pinagtutulungan ng organisasyon kung paanong aalagaan sa panahong may pag-aaral ang mga magulang.



Ang diwa ng tulungan ay tumatagos hindi na lang sa mga kasama sa lokalidad. Tumutulong na sila sa hukbong bayan sa kanayunan sa pamamagitan ng pag-iipon at pagpapadala ng mga gamot at iba pang mga bagay na magagamit doon, pati na ang pangangalaga sa mga may sakit na kasama. Nakagawian na ang pagpapadala ng mauunlad na aktibista sa kanayunan upang mag-integrasyon, at ang nais sumapi sa hukbong bayan ay tinutulungan sa kanyang mga gamit. Muli, nakapagpadala na ang Singko ng mga manggagawa at kabataan sa komunidad upang maging Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan.

Samantala, ang dating naghahari-hariang ABB ay lubusan nang naitakwil, nagbabarilan na sila-sila mismo. Lubhang lumiit ang kanilang bilang pati na ng kanilang tagasuporta. Marami na sa kanila ang naging mga maton at mangingikil.

Sa matinding pakikipagtunggali sa panlilinlang at panggigipit ng kaaway sa uri at sa pakikipagtunggali sa mga maling kaisipang inilako ng grupong paksyunalista, pinangingibabawan ng masa sa Singko ang mga problema sa hirap ng buhay at kawalan ng organisasyon upang muling mapasigla ang rebolusyonaryong kilusan sa kanilang komunidad. Bumangon na, at patuloy na bumabangon, ang syudad ng Singko.

Lunsod ng Singko - Hindi inilagay ang tunay na ngalan ng lunsod para mapangalagaan ang seguridad ng mga kasamang kumikilos dito.



T.O.D.

NI V. SANGGANGBAYAN



Sa isang jeep na bumibyaheng Shangganang Quezon-Bicol sila nagpana-panagpo.

“Pare, badge ha. Army ito.”

“Brad, pulis,” sabay pakita ng tsapa.

“Mama, ayre ho ang bayad. NPA ako,” at saka siya pumara at bumaba.

Hagalpakan ang mga nakikinig sa kwentong ito. Binigyan sila ng pagkakataong magtawanan ni Ka Digo, ang kumander ng platun na nagpapadaloy ng pulong-talakayan, saka siya

nagpatuloy.

“Mga kasama, magandang hapon. Tanggal na ba ang antok?” entrada ulit ni Ka Digo sa kaharap niyang mga bagong mandirigma ng New People’s Army.

Nasa kabilang dulo ako ng kubol, nagsusulsi ng duyan kong napunit. Buwan ng Agosto noon. Mas malimit na naulan kaysa hindi. Ang nagaganap na talakayan ay bahagi ng pulong-pag-aaral ng SAB at RM ng mga bagong sampang mandirigma.

Anim na kalalakihan. Apat na binata at dalawang

may-asawa. Ang isa sa kanila ay singkwenta'y kwatro anyos na. Lahat sila ay mag-uuling, mga maralitang magsasaka, mga karaniwang tao na magkakaron ng pambihirang ambag sa kasaysayan.

Si Ka Jeric ang pinakahuling rekrut. Kasasanib lamang niya noong makalawa. Nagpasya siyang maghukbo matapos maipaloob sa GP ng kabataan at makakuha ng MKLRP na hindi pa nga natapos dahil sa ulat na may kaaway.

“Handa na po ako, buo na po ang loob ko,” pawisan si Ka Jeric na humabol sa yunit namin habang nagpa-*final* briefing kami para

magmaniobra. Wala siyang bitbit kundi maliit na pak na di namin tiyak ang laman.

“Ha?! Napapaano ka, ‘To?’” si Ka Digo iyon na naputol ang pagbi-*briefing* sa amin.

“Ang kalaban n’yo po ay kalaban ko na rin,” diretsong sagot ni Ka Jeric.

Ang unang madaling araw tulad nang inaasahan ay parang paggising mula sa mahabang tulog. Pupungas-pungas, may mga di-matandaang panaginip. Nagbabantulot kung tutupiin pa nang maayos ang malong o isisiksik na lamang sa bag. Ang mahalaga – nakapakat at hawak ang baril.

Natuyot ang dahon ng balinghoy pati ang gata sa apoy na ikinulong ng tungko. Sinipsip wari ng sibuyas ang katas. Mahirap lunukin kasabay ng sumobra sa ligat na kanin. Inihabol ko agad ang asin. Parang shotgun na isinabog sa baunan. Paglapat sa sikhura, nagputukan ang gutom.

Sabaw ang patak ng ulan sa kanin na hindi kursunada ang



ulam. Medyo mapait. Hindi malunok ang karalitaan sa kanayunan, pero kaunting tiis na lang.

Dinatnan ko ang sinaniban kong yunit ng NPA na nakatipon sa kampuhan para sa idinaraos na pag-aaral sa tatlong aklat ng Batayang Kurso ng Partido. Sabi sa akin ni Ka Zam, ang political officer ng yunit, 50 lahat ang kanilang estudyante. Kasapi ng Sangay ng Partido sa Lokal ang 30 na mula sa iba't-ibang baryo at ang 20 pa ay mga mandirigma at kumander ng BHB.

“Mga iskolar sila ng Pulang Paaralan natin,” pagmamalaki ni Ka Zam sabay sabing, “Para na rin silang gradweyt ng kolehiyo pagkatapos ng pag-aaral.”

“Ang mga kasapi ng Partido natin sa lokal ay puro padre-de-pamilya. Tiniyak natin ang pangangailangan ng iniwan nilang pamilya. Mula sa bigas, pambaon sa iskul ng anak, hanggang sa mga kasamang totoka muna sa kanilang trabaho sa bukid.



Pati kung paano i-uula ang mga kalabaw,” dagdag ni Ka Zam.

“Umupo ka sa paksang Imperyalismo, ha,” alok niya sa akin at saka pumaling kay Ka Digo.

Sabi ng Kumander, “Nakapwesto na ang mga bomba sa lahat ng pormasyon. Nabura na ang mga bakas natin. Andyan na rin ang mga kasamang nag-rekon. Galing pa sa kabundukan sa hangganang Quezon at Bikol ang mga ‘yan. Walang kakaibang obserbasyon maliban sa sangkaterbang pik-iw na dala nila. Yun na raw ang pinakamaamong hulihin.”

Si Ka Zam, “Pasaklawin pa natin ang ikot nila hanggang tabing highway. Paobserbahan ang lahat ng galaw sa kalsada. Itoka natin sa GP ng kabataan

na nasa sentro. Itakda natin ang minimum na 2-kilometrong rekon galing dito sa atin para walang anumang makakalusot. Tiyaking nasusugso lahat ng ilog at sapa. Marunong din kamo tayong kumain ng hipon at kimpi bukod sa puso ng saging.”

Nagkatawanan kami.

*Uhos-kaya, ating isulong
Ang matagalang Digmang Bayan
Opensiba, ating pustura
Biguin ang Oplan
Bayanihan*

Bahagi ito ng isang awit na ginamit na station ID para sa Radyo Pakikibaka, ang regular na balitaan sa loob ng platon.

“Ito po si Kasamang Maya.”



“At ako naman po si Kasamang Julian.”

“Nagbabalita, nagsusuri, nakikidigma!” duweto ng tumayong anchor ng Radyo Pakikibaka sa hapon na iyon.

Mula sa dating nakagawian na maikling balitaan tuwing umaga bago maghersisyo ang platon, pinaunlad namin ang Radyo Pakikibaka sa isang tipo ng *interactive* na *radio program*. Kinakalap ang mahahalagang balita na sumasaklaw sa pulitika, ekonomya, militar at ibayong dagat. Nilalapatan namin ng anggulo ang mga balitang ito mula sa perspektiba ng rebolusyonaryong kilusan.

Pinagmumulan din ng balita ang regular na isyu ng Ang Bayan at Kalatas, at ang mga lokal na balitang nakakalap sa loob at labas ng platon.

Tuwing makatanghalian, kapag ipinapahintulot ng seguridad, magtitipon ang mga kasama mula sa iba’t-ibang pormasyon para dumalo sa Radyo Pakikibaka. Iniimbitahan din ang mga masa na malapit sa lugar.

Pinalalahok din ang mga mandirigma sa pagsusuri ng mga balita. Mayroong Ronda Gerilya na tipong *field reporting* na siyang kukuha ng mga panig at pahayag ng mga mandirigma at kumander.

Tinatapos ang balitaan sa isang regular na *segment* na sumusuma at nagpapalalim ng mga balita. Ito ang editoryal ng Radyo Pakikibaka na pinamagatan naming Tinig ng Rebolusyon bilang paggunita at pagdakila kay Ka Roger – ang una at orihinal na anchor ng Radyo Pakikibaka, ang himpilang panghimpapawid ng rebolusyonaryong kilusan sa Timog Katagalugan na nagsimulang umere noong 1991.

Para higit na pasiglahin ang radio program, nilangkapan ito ng maiikling bahagi tulad ng pagpili ng tampok na kawikaan, praktikal na payong pangkalusugan at ulat-panahon. Pinakaaabangan ng lahat ang mga pagtatanghal at patalastas sa pagitan ng mga balita na ginagawa ng Pulang Bandila, ang grupong pangkultura ng platun.

Noong hapong iyon, tampok na balita ang naging



resulta ng isang buwang pagtatasa ng platun kung saan sa loob ng dalawampu't apat na araw ay nakapagtayo ng apatnapu't anim na Grupong Pang-organisa ang mga MLP at main body ng platun.

Ibinahagi ang matitingkad na karanasan ng paglulunsad ng dalawampu't pitong bugso ng MKLRP na nakapagpatapos sa 140 na mag-aaral. Nagresulta ang ganitong kasinsin na gawaing masa ng tatlong kumperensya ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid sa tatlong linggo ring magkakasunod.

“Ang mga GSM na itinayo natin ay mahalagang ambag sa pagkukumpleto ng rekisitos para umabante tayo sa susunod na mga taon mula sa dependensibang pusisyon tungong Estratehikong Pagkapatas,” paglililaw ni Ka Zam na isa sa



nakatokang manguna sa Tinig ng Rebolusyon.

“Ang mga kooperatiba ng magsasaka ay nakikinabang na ngayon sa kanilang ani. Pararamihin pa natin ang mga kooperatibang ito. Bahagi ito ng rebolusyong agraryo na magtitiyak ng pagwasak at rebolusyunasisyon ng kaayusang pyudal at mala-pyudal sa kanayunan tungo sa mas maunlad na sosyalisadong produksyon. Sa yugtong ito pa lamang, titiyakin ng ating Gubyernong Bayan ang subsidyo sa produksyon at pagbili sa tamang halaga ng kanilang ani,” pagpapalawig ng Opisyal Pampulitika ng platun.

“Tama ‘yan, Ka Zam,” pagsang-ayon ng co-host niyang si Ka Vilma. “Ay di nga ba’t ang huntahan daw sa baryo ay ganire: Totoo pala ang

sinasabi ng mga NPA na babayaran laang nating magsasaka ang binhi pagkatapos ng anihan. Walang interes! At, binili nila sa halos dobleng presyo ang palay natin!

Ipinaliwanag maige ng mga kasama kung paano kinukwenta ang makatwirang halaga na walang pagsasamantala at nakabubuhay na kita.”

Patuloy ni Ka Vilma, “Talaga namang hindi mapi-pigilan ang pagyakap ng uring magsasaka sa kanilang rebolusyonaryong kilusang magbubukid. Katunayan ang huling kumperensyang idinaos natin ay inilunsad sa mismong tungki-ng-ilog ng kaaway kung saan sampung minuto lamang ang layo natin sa nagmamartsang militar.”

“Dapat binira n’yo na sila, mga kasama!” singit ng isang masa na tagapakinig.

Tawanan.

“Ka Polding,” si Ka Zam ang sumagot, “Hindi natin ipagpapalit ang iilang

kaswalti ng kaaway sa daan-daan hanggang libu-libo pang iluluwal na kasapian ng balangay ng inyong organisasyon. Pero huwag kayong mag-alala, may panahon ang pagtitimpi at may lugaran ang hinahangad n'yong pamatay-na-bira. Ibibigay natin sa kaaway ang kanilang hinahanap.”

Kung sa tambak ng bulok na dayami ay may sumisibol na kabute ganoon din sa nabubulok na lipunan – lilitaw ang bago at demokratikong gubyernong bayan.

“Yan ang sabi ng Lolo ko!” si Ka Digo itong bumabangka na naman sa kwentuhan. Isa ito sa mga adlib niya sa gitna ng umaga at hapon na Taskum ng expanded kumand ng platun.



Hindi ko alam kung iniimbento lamang o sadyang may pinaghalawan siya ng mga kasabihan, mga regular niyang pagdu-*joke* at matatalinhagang pangungusap. Pero paborito ko talaga siyang pakinggan kapag nagkukuwento na, sa pormal man o karaniwang talakayan.

Tantya ko ay mahigit kwarenta anyos lamang si Ka Digo. Matikas na matikas ang tindig. Mula sa uring magsasaka na naintelektwalisa ng rebolusyonaryong kilusan. Panaka-nakang umiingles. Ang kwento niya, katorse anyos siya nang mamatay sa labanan ang tatay niya na NPA din.

Kapag nagbibida na siya ng mga labanan na naranasan niya, aangat ang puwit mo sa upuan. Kumpleto sa mga twist at climax. Para kang nanonood ng sineng bakbakan. Maiisip mong lulumain niya si Carlo J. Caparas.

Kapag naman nagsasalita siya sa pulong ng kumand, lalo na at mataas ang alerto ng seguridad, papanatag ang loob mo. Lagi niyang sabi, “Bago matulog, habang nakahiga

sa duyan, kabisaduhin ang direksyon hanggang sa mapanaginipan. Para kapag nagkaputukan, tukoy mo agad ang susulingan.” Na siya ko ngang ginagawa pati ang tagubilin niya na, “Pinakamainam kung halos isang dangkal lamang ang taas ng duyan mo sa lupa para kahit sa putok ka nagulantang, mahuhulog ka nang nakadapa na sa lupa.”



bakas. Magluto ka nang walang usok. Humalakhak ka nang walang tunog.”

“Dumapa agad sa unang putok. Kung hindi ka tinamaan ng signal fire, samantalain ang bagong-buhay. Makinig sa kumand. At tumalima nang hindi natataranta. Tandaan n’yo mas takot na mamatay ang kaaway.”

Kaya naman kahit parang amoy-pulbura na ang hangin at parang naririnig na namin ang yabag ng kaaway, kapag si Ka Digo ang nagsasalita at nagbibigay ng atas, mas natatakot pa akong madulas at madapa sa maniobra kaysa mamatay.

Minsan, hindi ko matandaan kung paano sumingit ang mga linya n’yang ito, “Preserbasyon ang pag-atras. Lumakad ka nang walang

Sa isa namang episode ng Tinig ng Rebolusyon na si Ka Digo ang tokang host, ang litanya niya ay, “Patapos na ang 2013. Itinakda ng pasistang AFP na patapos na rin diumano ang unang yugto ng kampanyang supresyon nilang Oplan Bayanihan. At pagyayabang pa nila, sa susunod na taon ay papasok na sila sa konsolideysyon piryud. Irelebant na raw ang NPA. Ang ibig sabihin nila n’yan ay nawalan na tayo ng saysay bilang isang rebolusyonaryong hukbo ng mamamayang api. Mga pulis na lamang daw ang kokontrol sa pis en sekyuriti sa kanayunan. Malaking kabulaanan! Binigo na natin ang Oplan Bayanihan at ang alin mang kampanyang supresyon ng estado sa

nakaraan! Sa oras pa lamang na sinusulat ng mga pulpol na militari taktisyan ang kanilang Oplan, bigo na ito! Ang ipinagyabang sa midya ni Koronel Eduardo Año ng Solcom noong nakaraang taon na kakaunti na lamang at kasya na lamang daw sa isang traysikel ang NPA dito sa atin ay sasampal sa mukha nila. Mga kasama, hindi na tayo kakasya sa bus! Kahit istanding pa! Ang pagbigong sa Oplan Bayanihan ay ginagawa natin hindi sa antas ng iskwad, o platoon, o kumpanya, o isang larangan. Binibigong natin ito sa pinakaminimum sa antas ng rehiyon kasabay ang iba pang mga rehiyon sa lahat ng panig ng bansa. Tumanaw tayo sa mga susunod na taon sa bata-batalyong laki ng yunit ng Bagong Hukbong Bayan

sa lahat ng ating Teatrang Gerilya.”

Sa loob-loob ko ay ito ang Kumander ng NPA. Mula sa uring magbubukid na pinanday ng Digmang Bayan. Parang nasa dulo lamang ng mga daliri niya ang estratehiya at taktika ng pakikidigmang gerilya. Nang maging estudyante ko si Ka Digo sa batayang paggamit ng kompyuter, siya ang pinakamasigasig na matuto.

*Aalis akong iiwan ang
bakpak.
Magaang ang balikat,
pero mabigat ang dibdib.
Aalis akong nakasapatos,
may malambot na sapin
ang paa
pero nakabaon ang tinik
ng makahiya, mahapdi*





*ang hiwa ng dahat sa
pagitan ng daliri.*

.....

*Iiwan ko ang
pinakamatitibay
na kubo, hindi humahapay
sa anumang bagyo, o lindol.
Hindi natutupok ng
anumang apoy.
Hindi naninikluhod ang haligi
sa anumang kalamidad,
hinding-hindi nasisindak.*

.....

*Naririto ang maraming anak
na maituturing
Mga Inay at Itay
na hindi man siyang
nagluwal sa akin
ay kasing-giliw
ng mga magulang ko kung
magsabing,
“Kumain na ba kayo?”
at “Ingat.”*

Mga simula ng tula na di-
natapos. Iyan ang last entry sa
journal ko.

“Umatend ka sa aktibidad
namin, sige na plis,” masuyong
pagyayaya ng kasintahan ko.

“Tungkol saan?”

“E di ba may panawagang
maglunsad na tayo ng mga
konsol aktibiti para sa lahat
ng Parti at UGMO members
in taym sa 45th anibersari
selebreysyon.”

“Sige!”

“Magsi-share ka ng TOD
experience mo dun, ha.”

Noong mismong araw ng
aktibidad, may naka-project
sa pader na anino ng mga NPA
na naglalakad. Sa ibabaw nito
ay nakasulat ang Pakamahalin
ang Bagong Hukbong Bayan.



Tinawag ako sa harapan. Entrada ko agad:

Sa isang jeep na bumibyaheng hangganang Quezon-Bicol sila nagpana-panagpo.

“Pare, badge ha. Army ito.”

“Brad, pulis,” sabay pakita ng tsapa.

“Mama, ayre ho ang bayad. NPA ako,” at saka siya pumara at bumaba.

T.O.D. - Tour Of Duty

*SAB at RM - Saligang Alituntunin ng Bagong Hukbong Bayan at
Regulasyong Militar*

GP - Grupong Pang-organisa

MKLRP - Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino

i-uula - paglilipat ng pwesto ng hayop-pantrabaho

*nag-rekon - pinaiksing reconnaissance, terminong-militar para mag-observa sa
paligid ng kampo*

pik-iw - saging na maliliit ang bunga

kimpi - talangka, katang

*Kalatas - Pangrehiyong pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan sa
Southern Tagalog*

MLP - Mala-Legal na Pangkat, detached team ng NPA

GSM - Ganap na Samahang Masa

Taskum - Tasa-Kumentaryo

dahat - matataas na damo na matalas at nakakasugat ang dahon



HANAY

NI SORAL MALAYA

waring 'sang pamilyang matikas
yaong mga nakahanay

ah! mga bagong rekluta pala nitong
ating hukbong bayan!

at, bagamat sa simula'y nangangalay

ano pa't makalipas lang ang ilang araw,
sila na'y masasanay

di lang sa paghanay, kundi pati na rin
sa arawang pag-iral,
may pag-alam at paggamay

kaya naman, sa susunod pang mga paghanay
turingan nila'y higit na sa magkakapatid,
bunso man yan o panganay
may makauring pagtuturingan,
pagtuwang at pagdamay.



MANGINIG KA HANGGANG TALAMPAKAN, PANGINOON

NI SILVIA MADIAGA



Mula sa Sulong ng NDF-Mindanao, Enero 2013

Manginig ka hanggang talampakan, Panginoon,
 Ginawin ka sa pawis mong
 walang silbi sa Inang Lupa—
 Lupang pinagpala ng kalyuhing mga kamay,
 Lupang malaong ipinagkait sa mga nagbubungkal.
 Nangangatal mong igala ang makapangyarihang tanaw
 Sa mga kamalig ng parahag-ot, koprasan ng paralukad,
 mga banas, uyapad, kahagnaan, ayop, bangkag
 mga liwanag, kaingin, payaw, basak
 Sa malalawak na plantasyon ng goma, pinya, palkata
 Sa magkakarugtong na kampo ng mga sakada

Nagbabawa na ang lason ng iyong pangako't nobena
 Nawawalan ng talim ang mga pamahiin mo't bibliya.
 Ang mga bulung-bulong ay nagiging pulong;
 mga grupo'y nagiging samahan, nagiging unyon.
 Mangatog na ang iyong tuhod, Panginoon,
 Magsumukot kang kasama
 ang mga kabagang mong puting santo-santita
 Wala nang dalang kilabot ang inyong latigo at espada;
 mga baril, bilangguan, batas
 Sa masang magsasakang ngayo'y umaaklas.
 Mula sa palusong, operasyon tago
 tungo sa dayalog, komprontasyon...
 Kumpiskasyon!
 Hinahamon nila ang inyong mga babala't banta
 Ang di ipinawika sa kanila'y iniusual ng sandata
 Baya'y umaalsa, bayan ay lalaya
 Itatanghal ang tunay na langit dito sa lupang sagana
 At di ka na kikilanling Panginoong
 Maylupa.

koprasan - Bikol ng pinaglulutuan ng tinutuyong kopra

kamalig - Bikol ng maliliit na kubo sa taniman

parahag-ot - Bikol ng magsasakang gumagawa ng mga hibla ng abaka mula sa saha

paralukad - Bikol ng magsasakang gumagawa ng kopra

banas at bangkag - iba't ibang Ilokong katawagan sa palayang walang patubig sa bundok

uyapad - Hiligaynon ng palayang tubigan

kahagnaan- Cebuano ng palayang tubigan sa Leyte

ayop at liwanag - iba't ibang katawagan sa mga kaingi

basak - Cebuano ng palayang tubigan sa Cebu

payaw - hagdan-hagdag palayan sa Kordilyera

TIYO CARDING

NI KALAYAAN ESGUERA

*Mula sa **Sulong** ng NDF-Mindanao, Enero 2013*



Nagpadala og mensahe
si Tiyo Carding
Ang tiyo nato nga dili tiyo
May mensaheng gipaabot
Nagsuksuk og 45
Kulang daw iyang bahin
sa humay nga giani.


Pag-ingon ko nga gidumog ang tanom
Sa peste ug ilaga,

Gihatagan tag semana aron mag-alsa-balutan
Dugay na daw gani ang semana
Kay wala man tay mga gipanag-iyahan
O, husto siya. Wala tay gipanag-iya bisag unsa
Ang yutang dugay na natong gitikad dili atoa
Ang kabaw nga gialimahan dili atoa
Hasta ang humay ug mais dili sab atoa.
Wala kitay gipanag-iya gawas sa kusog
Nga naglatay sa atong kaugatan
Ug kining sundang nga gitakin
ug dugay nang gibaid niining malungtarong pag-alsa

TIYO CARDING

SALIN NG ULOS

Nagpahatid ng mensahe
 si Tiyo Carding
 Ang tiyo nating di naman tiyo
 May mensaheng ipinaabot
 Nakasukbit ng .45
 Kulang daw ang kanyang parte
 sa palay na inani.
 Nang sinabi kong ang tanim ay inatake
 Ng peste at daga,
 Binigyan tayo ng 'sang linggo para mag-alsa-balutan
 Matagal na nga daw ang linggo
 Dahil wala naman tayong pagmamay-ari
 Oo, tama siya. Wala tayong pagmamay-ari kahit ano.
 Ang lupang matagal na nating binubungkal ay hindi sa atin
 Ang kalabaw na inaalagaan ay hindi sa atin
 Maging ang palay at mais ay hindi rin sa atin.
 Wala tayong pagmamay-ari maliban sa lakas
 Na dumadaloy sa ating mga ugat
 At itong sukbit na itak
 na laon nang hinasa nitong matagalang digma.



SI ROSITA AT SI YOLANDA

NI MARIA CATALONAN

*Maikling kwento mula sa panayam kina Ka Gabby
at Ka Louie*



Sa kanilang bahay na tulad ng bahay ng sino mang bata, hindi makatulog si Dodot sa tunog ng haplit ng ulan sa bintana. Parang pinalakas pa ng dilim ang pagaspas ng mga dahon ng mga punong nagsasayaw sa hangin.

“Pahinga na, Anak, malayo sa atin ang dinaraan ng bagyo. huwag kang matakot, wala tayo sa panganib.” Hinaplos-haplos

ng ina ang buhok ng nababalisang bata. “Ituwid mo nga ang katawan mo, masyado ka nang nakabaluktot, o, pwede ka nang isilid sa sako.”

Napangiti nang hilaw si Dodot sa biro ng ina. Hindi naman talaga siya natatakot sa hangin at ulan. Ang totoo’y nag-aalala siya sa dinaraan ng bagyo—ang lugar na kinaroroonan ng kanyang ama.

“Si Tatay...”

Hindi niya mabigkas ang kanyang nadarama, ngunit nadakip agad ito ng ina.

“Maraming tutulong sa Tatay mo, sa lahat sa kanila, sa mga tinatamaan ng bagyo. Kukwentuhan na lang kita, ha. Makinig ka at magpakapanatag.”

“Tulad mo, alalang-alala si Ka Rosita sa nangyayari nang tumama ang superbagyong Yolanda sa Tacloban, sa Leyte. Hindi lang kasi ang tatay niya ang nandun, kundi buong pamilya niya—tatay, nanay, mga kapatid. Di ba, nabalitaan naman natin ang nangyari sa Tacloban, hinampas ng mga higanteng alon ang buong syudad, mas mataas pa sa simbahan, kasing taas ng bahay-kubong pinaglalaruan mo sa ibabaw ng punong-kahoy...

Tulad ng Tatay mo, malayo si Ka Rosita sa kanyang pamilya. Isa siyang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan at kumikilos siya sa hanay ng masa ng Tarlac. Kaya’t narinig na lang niya sa radyo ang nangyari. Ilang beses niyang sinubukang tumawag sa kanilang bahay pero nasira pala ng bagyo ang lahat ng linya ng telepono doon kaya walang sumasagot. Sa sobrang pagkabahala, nagpaalam siya sa mga kasama na uuwi muna para tumulong sa pamilya niyang nasalanta ng bagyo.

Pero iba ang naisip ng mga kasama sa kanyang yunit. Napakalakas ng dumaang bagyo, at hindi kakayanin ni Ka Rosita ang tumulong kung mag-isa lamang siya. Kaya pinagpasyahan nilang maglunsad na lang ng operasyon tulong sa kanilang lugar para makapagpadala ng tulong, hindi lang sa pamilya ni Ka

Rosita, kundi sa iba pang pamilyang nasalanta ng bagyo.

Syempre, nag-aalangan si Ka Rosita kung uubra ang ganoong plano. Kadaraan pa



lang ng Bagyong Santi sa Gitnang Luzon. Di man kasing lakas ni Yolanda, hindi rin naman pipitsuging bagyo si Santi dahil *supertyphoon* ito. May dala nga siyang itak, bareta de kabra, at sudsod ng pison nang dumaan siya, kaya pinatumba niya ang maraming poste ng

koryente, inilipat ang ilang bubong sa katabing bahay, pinadapa ang mga tanim ng masa doon— sibuyas, palay, at mais—marami ang nabunot. Pinahapay rin ang mga puno ng kalamansi at mangga, nakahubad na kumakaway na ngayon sa langit ang kanilang mga ugat. Paano pang tutulong ang mga magsasaka rito kung sila nga'y nangangailangan din ng tulong? Pero wala naman siyang magawa, dahil putol naman ang mga byahe papuntang Tacloban.

Nang pulungin ng yunit ng hukbong bayan ang mga grupong pang-organisa ng magsasaka, kababaihan at kabataan sa baryo, nagkaisa silang tutulong kahit katatapos pa lang ng pananalanta ni Santi, dahil mas malawak ang dinaanan ni Yolanda. At ang mga nasalanta roon ay mga masa ring katulad nila na walang maaasahang tulong mula sa reaksyunaryong gubyerno.

Habang nagtuturuan, nagduduruan, nagsisisihan at nagpapasahan ng pananagutan ang mga pulitiko sa pambansang gubyerno at sa lokal na gubyerno, ang mga kasama sa hukbong bayan ay nakahiram ng isang kulung-kulong na may 15 litrong gasolina, at naglibot sa mga baryo para manawagan at mamahagi ng mga polyeto. Pinulong nila ang mga grupo sa iba't ibang baryo. Ipinaliwanag nila kung paanong ang kayabangan at

kabagalan ng gubyrerno ay nagpapalala pa sa kahirapan ng mga nasalanta.

Tumawid ang panawagan sa mga kaibigan, kamag-anak, kapitbahay. Dumagsa ang mga *volunteer* para sa pangangalap ng *relief goods*, mga nanay, mga tatay, na mga kasapi ng PKM at MAKIBAKA. Ang mga kabataang kasapi ng KM ay tumulong sa pagpipinta ng mga banner na inilagay sa mga sasakyang naglibot, sa paggawa ng mga polyeto, at paghahakot ng mga natipon. Ang mga hindi nakasama sa pangangalap ay nag-ambag para sa sasakyan, gasolina at pagkain ng mga *volunteer*. Nagtakda ng mga lugar sa bawat baryo kung saan ihahatid ang mga natipong tulong.

Sa paglilibot ng mga sasakyan, kusang lumabas sa kanilang bahay ang masa para iabot ang tulong.

May isang batang humabol sa sasakyan ng mga *volunteer*, bitbit ang supot na may isang gatang na bigas at kalahating kilong asukal. Nagsigawan ang mga bata sa palibot para tumigil ang tricycle, pero malayo na nang mapansin ng mga nakasakay na kasama. Hapung-hapo ang bata sa kahahabol, kaya ang *volunteer* na lang ang bumaba para balikan ang bata.

May isang magsasakang may gamit sa pangongoryente ng isda na nagpahiram ng kanyang baterya para magamit sa sound system ng naglilibot na sasakyan.

May isang 95 taong gulang na lola na pagkabasa ng polyeto ay inutusan ang anak na umutang ng isang salop na bigas sa tindahan para iambag sa





mga biktima ng bagyo.

May mga tindahan namang nadaanan na nagbigay ng ilang balot ng noodles at mga sardinas.

Ang ilang gatang na bigas ay naging ilang salop hanggang naging ilang kaban. Ang ilang pirasong damit o kumot ay naging puu-puong sako, ang sampu-sampung pisong ambag ay naging ilang libo.

Hanggang ang mga upisyal ng burges na gubyrno sa lugar ay nagbigay na rin ng kanilang ambag sa mga kasama. Nanawagan na rin ang mga simbahan. Dumagdag ang ambag na mga sasakyan, gasolina, lugar na bagsakan ng tulong, at mga mamamayang tumulong sa paghakot. Dalawampu't isang barangay sa apat na bayan ng Tarlac ang kumilos para tumulong sa mga biktima ni Yolanda.

Bawat balot ng relief goods na kanilang inihanda ay nilagyan ng maliit na sulat, mga mensahe ng pakikiisa. May mensaheng nakikiramay sa kanilang pagkakasalanta. May paghimok sa kanila na magpakatatag at patuloy na magsikap makabangon. At may mga mensahe ring nagpapaalala na kung ano man ang mangyari, ipagpatuloy ang pakikibaka, at naririto ang malawak na masang handang tumulong sa kanila.

Ipinasa ang saku-sakong nabalot na relief goods sa mga kasama sa ibang organisasyon, at ipinasa sa iba pang kasama, at ipinasa, at ipinasa, hanggang makarating sa baryo nina Ka Rosita. At pagkatapos ng ilang panahon, naugnayan niya sa selpon ang mga kamag-anak, at maliban sa isa na nabagsakan ng pader, lahat ay ligtas. Tumulong pa nga sila sa paglilinis ng balon na mapagkukunan ng inuming tubig, at sa iba pang mamamayan sa baryo na mas malala ang pinsala kaysa kanila.

Ang mamamayan sa larangang gerilya nina Ka Rosita ay ilan lamang sa malawak na masa ng sambayanang Pilipino na tumutugon sa mga kagipitang hinaharap ng kapwa nila masa sa pamumuno ng bagong gubyernong itinatatag ng rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan. Habang lumalakas ang rebolusyon, habang tumataas ang kamulatan at lakas ng masa, ay lalong nakatitiyak sila ng mabilis at taus-pusong pagtutulungan sa pamumuno ng Partido at ng hukbong bayan.

“Kaya nga, Anak, huwag kang mag-alala kay Bagyong Zorayda na dumadaraan kina Tatay mo ngayon. Naharap nga ng mamamayan sa Mindanao noon si Bagyong Pablo at patuloy sila ngayong nakikibaka, patuloy na sumusulong ang digmang bayan. Hindi mapapabayaang ang Tatay mo...”

Ngunit nakanganga ang bibig ni Dodot. Tumutulo na ang laway.

Nakangiting inayos ng ina ang kumot ng nahimbing na anak. Siya man ay nag-aalala rin sa kanyang asawa at mga kasama nitong mandirigma ng hukbong bayan dahil alam niyang basa at nilalamig sila ngayon dahil hindi naman kaya ng mga pansamantalang bubong sa gubat ang lakas ng hangin. Subalit alam niyang walang bagyo, walang operasyong militar ng kaaway, walang malawak na kagutuman, ang hindi kayang harapin at pangibabawan ng rebolusyonaryong mamamayang nagkakaisa at matibay ang kapasyang lumaban.

kulung-kulong - ang sasakyang ginagamit sa pagbahahe ng mga hayop sa bukid tulad ng baboy at kalabaw



MASS WORK

NI JOVEN OBRERO

In mass work there is another kind
 of waiting
 We wait for the peasants to gather
 and build their group
 We wait for them to speak, we listen long
 and hard to what they have to say
 We wait for them to understand our call
 before they'll make a move

But as reason turns to fervor and
 fervor into action
 We reap our gains painstakingly and
 theory becomes material force
 group by group, barrio by barrio
 guerilla front by guerilla front
 our mass base grows.
 In turn the masses wait for us
 with the sweet fruits in season
 and to update us of what goes on
 in the barrio.
 How the land contractors came.
 Who were for or against the lease.
 We listen to each essential and
 intimate detail. They wait for
 our opinions and our suggestions
 what to do, how to go about things.

But the enemy comes to destroy what
 we have built
 They kill and ravage, loot and burn
 in a frenzy to maintain their tyranny.

At times we can't do anything but wait
 in the peripheries, quietly and in secret.
 Only the masses know where we are,
 they bring us food and information.
 Very soon, and after many casualties, the
 enemy subsides
 to attend to other areas and many other areas
 till they are stretched to breaking point.

Then we rebuild again, and again.
 Group by group, barrio by barrio
 guerilla front by guerilla front
 the masses will wait for us.
 Patiently and
 without fail. The masses will wait for us.

Waiting is indeed a discipline
 a test of iron will
 and in our war, a way of life.



MASS WORK

SALIN NG ULOS

Sa gawaing masa ay may kakaibang tipo
 ng paghihintay
 Hinihintay natin ang mga magsasakang magtipon
 at magtayo ng kanilang grupo
 Hinihintay natin silang magsalita, nakikinig tayo nang matagal
 at matiyaga sa anumang sasabihin nila
 Hinihintay nating magagap nila ang ating panawagan
 bago sila gumawa ng anumang kilos

Ngunit kapag ang katwiran ay nagiging damdaming maalab at
 ang damdaming maalab ay nagiging pagkilos
 Inaani natin ang ating mga tagumpay at
 nagiging materyal na pwera ang teorya
 grupo at grupo pa, baryo at baryo pa
 larangang gerilya at mas marami pang larangang gerilya
 lumalago ang ating baseng masa.
 Kapalit nito'y hinihintay na tayo ng masa
 dala ang pinakamatamis na mga prutas ng panahon
 at upang balitaan tayo ng mga pangyayari
 sa baryo.

Kung paano dumating ang mga kontratista sa lupa.
 Kung sinu-sino ang sang-ayon o tutol sa pagpapaarkila.
 Nakikinig tayo sa bawat esensyal at
 masikot na detalye. Hinihintay nila
 ang ating mga opinyon at mungkahi
 anong dapat gawin, paano haharapin ang mga pangyayari.

Ngunit dumarating ang kaaway para sirain ang alinmang
 naitayo natin
 Pumapatay sila at nananalanta, nandarambong at nanununog
 Sa hibang na pagpapanatili ng kanilang tiranya.

May mga panahong wala tayong magawa kundi maghintay
 sa mga gilid, tahimik at lihim.
 Ang masa lang ang nakaaalam kung tayo'y nasaan,
 Hinahatdan nila tayo ng pagkain at balita.
 Di magtatagal, pagkatapos ng maraming kaswalti, ang
 kilos ng kaaway ay huhupa
 upang humarap sa iba pang erya at maraming iba pang erya
 hanggang mabanat na sila sa bingit ng pagkasira.


Pagkatapos ay magtatayo tayong muli, at muli.
 grupo at grupo pa, baryo at baryo pa
 larangang gerilya at mas maraming larangang gerilya.
 Hihintayin tayo ng masa
 Matiyaga at
 Tiyak na tiyak. Hihintayin tayo ng masa.

Tunay ngang ang paghihintay ay isang disiplina
 isang pagsubok sa bakal na kapasyahan
 at sa ating digma, ang atin nang pamumuhay.



MAPULANG PAGPUPUGAY KAY KASAMANG GAB

NI YENG KASANAG



Sa pulang larangan ng Gitnang Luzon, pinanday ang isang matapat na Komunista, masigasig na punong kumander ng BHB, huwarang kasama, mapagmahal na asawa, at rebolusyonaryong ama. Sa depensibang labanan sa Bubon Dos, Camiling, Tarlac noong gabi ng Hulyo 30 hanggang madaling araw ng Hulyo 31, 2013, hindi sila sumuko sa harap ng ilandaang kaaway. Ubos-kaya silang lumaban hanggang magbuwis ng buhay. Kasamang nasawi ni Ka Gabriel sina Ka Rustom (Mateo Maong Capinding), Ka Johnny (Andrew Manuel), Ka Diego (Rodolfo dela Cruz), Ka Daniel (Rendal Garingo), at si Ka Irish o Ka Eli (Rachel Dorothy Holanda).

Siya si Kasamang Nicolas Villaflor Patun-og. Nagwakas ang kanyang buhay ngunit hindi ang kanyang maningning na pakikibaka. Nakatatak na ang kanyang kasaysayan, ang kanyang bayanihan. Alamat na si Ka Gab ng sambayanan at ang alamat ay nananatiling buhay.

Sa kahabaan ng riles at komunidad ng maralita sa Caloocan ay kilala siya bilang Ka Gani at Ka Levi. Sa probinsya ng Aurora, Ka

Brando at Ka Mayet. Pero sa Pampanga at Bataan Ka Gabriel o Gab ang pangalan niya. Ka Miguel, Ka Brix, Ka Mael at Ka Gani naman sa Zambales. Ka Aquil sa Pangasinan. Sa Tarlac, siya ay si Ka Dado. Sa kanyang pamilya, siya ang magiliw, masipag at simpleng si Ola. Siya rin ang malambing at maalalahaning si Tatay Nick sa kanyang mga anak. Siya si Pangga, mapagmahal na asawa at kasama.

Iba't ibang pangalan, iisang katauhan na ang kabayanihan ay hindi malilimot magpakailanman.

Buhay niya ang buhay na kakahig bago makatuka. Sa burak ng estero at bunton ng basura sa makikipot na eskinita ng syudad, natuklasan niya ang karapatang ipinagkait ng estado sa kagaya niya. Namulat, nag-organisa, nakibaka para sa pambansang demokrasya!

Aktibista. Hayskul. Kasapi ng Gamma Epsilon. Working student sa *janitorial services*. Matalino. Pag-asa ng mga kapatid na makakatulong sa hinaharap. Organisador sa komunidad ng maralita sa Caloocan. Wala pang disi-otso nang nagpultaym. Matalas sa pagsapol sa kongkretong kalagayan ng lipunan, matiyaga sa panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri, masigasig sa propaganda, at nasanay makipag-aralan sa mga kasama at masa. Malapit sa masa, magiliw na kasama.

Agad siyang nagboluntaryo nang itayo ang Alex Boncayao Brigade (ABB) habang Kalihim ng Komiteng Seksyon ng Partido sa Caloocan at masiglang namuno at lumahok sa mga operasyong partisano na nagtatamasa ng malawak na suporta ng masa.

Sinalungat ang agos ng hibang na insureksyunismong lunsod. Kumapit nang mahigpit sa saligang prinsipyo. Nagtiwala sa masa, nanalig sa Partido. Di siya iginupo ng nananalasang rebisyunismo.

Kalaunan, dumami ang proyektong militar na iniaatas sa kanila. Hindi na umaalinsunod sa linyang masa ang marami rito. Kaya

noong 1991, tatlo silang nagpasya na lisanin ang kalunsuran kahit walang pahintulot ng kanilang nakakataas na organo. Ang kanilang ginawa ay naghudyat para sumunod din ang iba. Ang mga nagpatianod sa agos ng linyang SCO ay nalulong sa lantay militar na gawain, nahiwalay sa masa at nabulid nang tuluyan sa korapsyon at gangsterismo.

Masalimuot man ang landas ng pagwawasto, sa malawak na larangan ng Gitnang Luzon kanyang binuno. Batayang prinsipyo, binalik-aralan at isinapuso. Umugat sa magsasaka, pinagtibay ang paninindigan. Sa kanayunan pangunahin ang armadong pakikibaka.

Sa Aurora siya ganap na naging Pulang mandirigma, di ng partisano, di ng ABB kundi ng BHB. Naging bahagi ng pagpapanibagong sigla ng Aurora at higit pang paglawak. Taong 1993 ay naging kagawad ng Komiteng Probinsya. Mula sa yunit na laking-iskwad noong 1995, nadagdag pa ang isang laking seksyong DYG sa Sentral Aurora kung saan gumampan siya bilang kalihim at CO. kasabay na naitayo ang dalawang iskwal sa Timog Aurora at isa pang iskwal sa hilaga. sa sentrong bayan ng Baler, naitayo ang hayag na mga organisasyong masa ng kabataan, kababaihan at katutubo. mula sa pagiging pinakahuling probinsya sa Gitnang Luzon noong 1992, ang Aurora ang naging pinakamalaki, sa usapin ng hukbong bayan at kasapian ng Partido noong 1995. Noong 1998, naging delegadong may boto sa kumperensyang naghalal ng Komiteng Rehiyon ng Gitnang Luzon.

"Ililipat ka na sa Pampanga-Bataan. Ikaw ang CO ng yunit, rekoberi at ekspansyon ang gawain. Bukod sa militar, kaharap din ninyo doon ang MLPP-RHB." Ito ang buod ng atas sa kanya ng Partido noong 1998. Ito ang kauna-unahang paggampan niya bilang CO sa ibang probinsya na bago pa man din sa kanya. Gayunman, ito ang kasanayan niya. Dito siya sinanay ng Partido at ng Hukbo. Lagi niyang sinasabi sa mga sinasanay na opisyal, "Hindi ka bibigyan ng tungkulin ng Partido kung hindi mo kaya. Bago mo sabihing hindi kaya, sabihin mo munang

“sisikapin kong kayanin.” Palasak rin niyang ekspresyon ang “manalig ka sa Partido!”

Pinamunuan niya ang konsolidasyon sa kabundukan ng Floridablanca na nagsilbing angklahan ng gawain sa laylayan ng Bataan at Pampanga. Tampok dito ang pag-aangat sa antas ng mga organisasyong masa at pagtatayo ng mga sangay ng Partido sa lokalidad. Inilunsad nila ang rebolusyong agraryo sa kabundukan, kakumbina ng masisiglang pakikibakang masa sa kapatagan at baybaying dagat ng Bataan. Sa ganito lumahok ang malawak na masa sa digmang bayan, inilantad at itinaboy ang RHB sa saklaw ng larangang gerilya.

Pinapanauli at pinagyaman niya ang kulturang *matubag* o ang grupo ng mga mandirigmang Ayta bilang kwerpo ng milisyang bayan. Pagpapakita ito ng mataas niyang pagpapahalaga sa katutubong kultura at matiyagang pamamatnubay para isanib ito sa rebolusyonaryong kultura at pakikibaka. Saanman siya pumunta, malapit sa kanya ang katutubo. Kaya nga sa lugar ng katutubo niya piniling idaos ang kanilang kasal noong 2000 at Ayta na kasapi ng Partido ang isa sa kanilang ninong sa kasal.

Tinalunton ang kabundukang sementeryo ng hukbo kung tagurian. Pinukaw sa malaong pagkakahimbing ang mga nananahang nilalang. Sa kalaharan, mga burol at dalisdis kasama silang naglinang. Itinayong pulang larangan, muog ng digmang bayan.

Pinamunuan niya ang pagbubuo ng larangan sa Timog Zambales noong 2000. Bilang tanging *senior cadre* sa yunit, siya ang pangunahing tumiyak sa pampulitikang tungkulin ng BHB at matiyagang nagsanay ng mga giyang pampulitika at opisyal militar. Hawak ang wastong relasyon ng konsolidasyon at ekspansyon, mabilis nilang pinatatag ang base sa kabundukan at nagpalawak sa dalisdisan ng San Marcelino, Subic, Castillejos patawid sa haywey tungong baybaying dagat ng San Felipe, Cabangan, Botolan at Palawig. Ibinunga ng inilunsad nilang rebolusyong agraryo at tuluy-tuloy na pagbira sa may krimen sa mamamayan at kontra-rebolusyonaryong elemento ang pagsigla

ng rekrutment sa BHB at paglaki ng kasapian ng Partido sa lokalidad. Taong 2002, tumayo nang hiwalay na larangang gerilya ang Timog Zambales sa Pampanga-Bataan. Kalaunan, pinagdugtong ng Timog ang Botolan, Iba at Palawig sa Hilaga at Tarlac sa silangang bahagi.

Kahit nanalasa ang Operation Bantay Laya, hindi naipagkait ng estado ang estratehikong mahabang kabundukang Zambales at ang masa na siyang makapal na gubat para sa pag-iral ng BHB. Sa katunayan, sa ilang pagkakataon ay kinupkop nito ang mga yunit ng hukbo mula sa kapatagan ng Pampanga, Bataan, Bulacan at Tarlac. Lunsaran din ito ng mahahalagang pagtitipon ng rehiyon.

Ikalawang hati ng taon 2006 nang itagubilin ng nakatataas na organo na tumulak ang buong platun ng Timog Zambales sa Norte para buuin ang larangan ng North Zambales-Western Pangasinan. Walang bahid ng alinlangang tumalima siya sa atas ng Partido. Nang iniwan niya ang Timog Zambales, malalim at malapad na likuran na ito ng kapatagan ng Timog na bahagi ng Gitnang Luzon.

Magkakanugnog na larangan, malaking teatro ng digma. Umpisa sa pinag-isang tropa, sa larangang pinag-isa. Mga kahinaan at limitasyon, sama-samang lalagpasan. Mataas na antas ng digma'y pag-aaralan sa mismong pagganap sa digmang bayan.

Katuwang ang mga bagong itinalagang kadre, pinatatag nila ang mabundok na bahagi ng Masinloc, Candelaria at Sta Cruz. Sa maikling panahon ay inabot ang laylayang bahagi ng mga ito. Taong 2008, pinagsanib ang yunit ng Tarlac at Zambales. Binuo ang larangan sa Kanlurang plangka na labas sa hangganan ng probinsyal na pagkakahati ng reaksyunaryong gubyerno. Higit na pinalakas ang pamumuno ng Partido sa pagsasanib ng mayamang karanasan at kaalaman ng mga kadre at mandirigma. Ipinagkatiwala sa kanya ng Partido ang pagiging punong kumander ng pinagsanib ng yunit. Muli, tinanggap niya ang tungkulin at masikhay itong ginampanan.

Taktikal na iniwan ang bahaging kapatagan ng Tarlac at laylayan ng Zambales upang patatagin ang estratehikong kabundukang hangganan ng Tarlac, Zambales at kanlurang Pangasinan. Bilang Punong Kumander, pinangunahan niya ang pagbabata sa mga



kahirapan at sakripisyo na hinihingi sa ganitong kalagayan. Malaki ang ginampanan ng seksyong pam-pulitika ng yunit para pasiglahin ang gawaing pampulitika sa hukbo at iangat sa antas pang-ideolohiya ang pagharap sa mga hirap at sakripisyo.

Ang pagsulong sa pagtatayo ng baseng masa at rebolusyong agraryo ay sinalubong ng malalaking kampanyang militar. Subalit hindi naitaboy at nakulong ng estado ang BHB sa hindi mataong lugar sa kabundukan at hindi napigilan ang pag-abante ng BHB sa patag na makapal ang masang magsasakang dapat organisahin. Sa tuluy-tuloy na pagbaka sa konserbatismo sa pulitika at larangang militar, nakamit ng larangan ang lapad sa kapatagan hanggang baybaying dagat.

May kalakasang pinanday mula sa mga kahinaan. May kahinaang palatandaan ng ibayong pagsulong. Pamamatnugot ng Partido ang laging isinasapuso. Hanggang kamatayan ang prinsipyo'y hindi nagupo.

Kagawad siya ng Komiteng Rehiyon sa Gitnang Luzon. Bilang pinuno, demokratiko ang kanyang istilo. Matamang nakikinig. Mapanghikayat ang kanyang paraan. Huwaran ng simpleng pamumuhay at puspusing pakikibaka. Matiyagang maglinaw ng mga disiplina't patakaran. Namumuno sa pamamagitan ng halimbawa upang mahikayat ang mulat na disiplinang bakal sa hanay ng mga Pulang mandirigma. Magiliw at mapagbiro siya sa masa at kasama. Dulugan ng may problema, gawain man o personal. Ninong siya ng halos lahat ng kasamang ikinakasal.

Karaniwang mandirigma siya sa araw-araw. Masayang kalahok sa gawain – ehersisyo, pagluluto, pangangahoy, pag-iis-is at pagdadala ng kaldero. Hindi siya makata o manunulat pero aktibo sa gawaing kultura. Minsan ay gumampan siyang papet na nagmonolog sa kalagayan ng mga manggagawa. Tuwang-tuwa ang masa nang nakita siyang nakaupo na maliit ang mga kamay at paa'y umikli. Nasorpresa maging ang mga kasama sa pagtatanghal. Hindi rin siya pahuhuli sa kantahan sa mga pulong masa. Sa kampo, sanay na ang mga kasamang marinig siyang kumakanta ng mga rebolusyonaryong awitin sa kanyang pwesto o sa kusina. Inspirado sa solong konsyerto o duweto nilang mag-asawa, sasabay na rin ang ibang mga kasama at mapupuna na sila sa ingay kasunod ng tahimik na tawanan.

Punong kumander militar, kaya mapagsuri siya sa kanyang mga kakayanan at limitasyon. Nangunguna sa pamumuna at pagpuna-sa-sarili at sa paglalagom. Puspusan ang kanyang pagsisikap na mamuno ayon sa hinihingi ng pagsulong ng gawain. Ikinalulugod niya ang pag-abante sa kasanayan at kaalaman ng mga bago at higit na mas batang mga kumander. "Kailangang dumami tayo. Mabilis na susulong ang digma kung marami tayo." Sa katunayan, ipinahayag niya ang kahandaang magbigay-daan sa pagsulong ng ibang kumander na pwedeng pumalit sa kanya kung may higit na karapat-dapat sa tingin ng Partido.

Sa kanya, ang pagiging Punong kumander ay hindi kakambal ng senyoridad o tagal sa BHB. Ito ay nangangahulugan ng responsibilidad at pananagutan na kailangang ubos-kayang gampanan, tanganan at panindigan. Ito ay kahandaang magsakripisyo, pagiging bukas na matuto at pakikipag-aralan sa mga Pulang mandirigma at kapwa kumander, at sa masa. Ito ay kapasyahang pamunuan ang BHB para gampanan ang tungkulin bilang pangunahing instrumento at katuwang ng Partido sa pagpapatupad ng programa ng DRB hanggang sa ganap na tagumpay. "Ang pagiging pinuno ay pagiging rebolusyonaryong ama ng pamilya, walang ibang hangad kundi ang magandang kinabukasan ng kanyang mga anak – mabubuting anak ng

bayan na nagpapanday ng bagong lipunan.”

Sa kanyang mga anak, siya ang malambing at maalalahaning tatay. Halos pitong taon silang di nagkita. Malaking sakripisyo pero di niya maiwanan ang yunit para dumalaw. Mahigpit ang sitwasyong militar. Kailangang ikonsonsolida ang yunit. Mahal na mahal niya ang mga anak kaya't kahit malayo, hindi siya nagkulang sa pamamaraan para ipadama ang kanyang pagmamahal - sulat, tawag sa telopono, at tulang likha nilang mag-asawa na nilapatan ng musika ng mga kasama. “Kahit kami ay malayo, kapiling namin kayo sa isip at sa puso. Pagmamahal namin sa inyo, nagpapaalab sa prinsipyong paglingkurang ang masa hanggang tagumpay.”

Sa kanyang asawa, siya ang mapagmahal na kasama sa buhay at pakikibaka. Malambing, maalalahanin, maasikaso, pinagkukulay rosas ang paligid. Lagi niyang sinasabi, “Dapat pangalawa lamang ako sa puso mo. Kailangang maunang lagi ang pagmamahal sa rebolusyon.” Ito rin ang malimit niyang payo sa mga kasamang magkarelasyon at mag-asawa. Para sa kanya, anumang mga pagkakaiba at tunggalian ay malulutas kapag may pagkakaisa sa prinsipyo. Mas malusog ang mga pusong umiibig kapag inaruga ng makauring pagmamahal.

Ang tanging parangal na kanyang hiling, ibayong isulong ang kanyang simulain. At sa inyong paggunita sa kanyang kadakilaan, halawin ang aral ng kanyang kabayanihan.

Siya si Kasamang Nicolas Villaflor Patun-og. Ang kwento ng buhay niya ay kwento ng karaniwang taong mulat, rebolusyonaryo at inihandog ang buhay bilang isang Komunista. Karaniwang taong rebolusyonaryo at Komunista, kaya't naiiba at katangi-tangi.

Mabuhay ka, Ka Gab!



AKO ANG BAGONG HUKBONG BAYAN!

NI MACARIO SALAKAY

*Ito ay nirebisang bersyon mula sa orihinal na isinulat noong Ika-29
ng Marso 2009 sa larangan ng Tarlac, Central Luzon*

Ako ang Bagong Hukbong Bayan!
Luwal ng isang maigting na makauring tunggalian
Maalab na inaruga, masuyong kinalinga
Na aking Inang Larangang pandigma.

Nuno ko ang magigiting na mga bayani't martir
Ng makaysayang pagtutuos sa Mactan, Pugadlawin at Tiradpass
At ngayon – sa panahon ng pambubusabos ng hayok na
Imperyalistang Kano
Ako ang Pulang hukbo ng nag-aalsang sambayanang Pilipino!

Patnugot ko ang Marxismo-Leninismo-Maoismo
At ang Partido Komunista ng Pilipinas
Ako ay may patnubay sa pagtahak sa kadiliman
Tinatanglawan ng dakilang liwanag ang wastong landas.

Ang agham at sining ng digmang bayan
Gintong pamana ng Tagapangulong Mao
Sa aki'y animong kaluluwang nagkatawang lupa,
Sa pamumuno ng lider - gerilyang Amado Guerrero ang ngalan.

Ako ang hukbong may mga pulang kumander at mandirigma
Diwa nila'y di pagagapi, disiplina'y aserong bakal
Paninindiga'y walang kasingtibay, sila ang pinakamahuhusay
At pinakamabubuting mga anak ng bayan.

Ako ang isang diklap na naging isang kaparangan ng apoy
Naglalagablab, natutupok mga kabundukang madadawag
Pinagbabaga maging ang lupang tigang,
Ningas ko'y pagapang mula sa kabundukan pasulong sa kapatagan.

Ang taglay kong init ay nagpapaalab sa puso't
 Damdamin ng mga api't kapuspalad ng kanayunan
 Kaalinsabay ay nagsasanib ang talas ng isip at lakas ng bisig
 Moog ng paglaban ang dating tumatangis na mga bukid.

Masdan ang bumabangong alikabok, sumasanib sa hangin
 Isang dambuhalang buhawing nagtataglay
 Ng Pulang kapangyarihang sa mga panginoong dantaong naghahari
 Ay walang pakundangan at sa kanila'y magbabagsak!

Nakapagtitipon ako ng armadong lakas
 Sa walang puknat na pagwakwak sa dibdib
 At pagbigwas sa ulo ng pasistang halimaw
 Tunay na tigreng papel ang mga palalong mandarahas.

Sa pagdiriwang ng aking apatnapu't limang taong kapanganakan
 Milyun-milyong anakpawis sa buong kapuluan
 Ang iisang sigaw ay himagsikan
 Ito'y panandang bato sa kanilang kasaysayan.

Ako ang Bagong Hukbong Bayan!
 Ako ang pandurog sa bulok at naghihingalong kaayusan
 At sa pagkakamit ng pambansang demokrasya at kalayaan
 Ako ang sandigan sa pagtitindig ng sosyalistang lipunan!

Ako ang Bagong Hukbong Bayan!
 Ako ang sumisikat na araw sa
 malayong Silangan!
 Tagumpay ko'y paglagot sa
 Imperyalistang tanikala!
 Ito'y aking alay sa paglaya ng
 sangkatauhan!



MALUTONG GABON

NI SORAL MALAYA

pakamahalin mo yaong kinatitirikan ng 'yong mga paa;
pagkat sa lupang yan idinilig ang dugo, ng mga tulad mo ring
nangarap na makahulagpos sa dalita...


at, ngayon ngang ika'y nakatapak na sa matabang lupa;
marapat lamang na simulan mo nang malalim na umugat at
matamang masanay sa kapaligiran...

pagkat yaong mababatong mga sapa,
matataas at masusukal na mga tubuhan,
makikipot na pilapil sa mga ginintuang palayan,
hanggang sa pinakapayak na tahanan ng ating mga magsasaka:

ang syang magsisilbing muog mong bakal at kubling likuran.

o, aking inang larangan, maligayang kaarawan.

Malutong Gabon - pulang lupa



Ang inang larangan ay larangang gerilya sa Tarlac, na naging pinakaunang larangan ng Bagong Hukbong Bayan nang itayo ito noong Marso 29, 1969.

SA KRB, HIGIT NA MALAKAS ANG MAMAMAYAN

NI VENER STO. DOMINGO

*Panayam sa Tagapangulo ng Komiteng Rebolusyonaryo ng Baryo.
Salin mula sa Sulong NDF-Mindanao, Enero 2013.*



SA MGA BARYO NG MINDANAO at sa iba pang bahagi ng bayan, unti-unti nang ipinupunla ng rebolusyonaryong kilusan ang tunay na kapangyarihan ng masang maralita — ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika ng mamamayan. Sa pakikipanayam kay Ka Naryo, tagapangulo ng isang Komiteng Rebolusyonaryo ng Baryo (KRB) sa liblib na barangay ng Caraga, makukuha natin ang ilang kaalaman hinggil sa itinatayong kapangyarihan ng masa o pundasyon ng ating gubyerno.

Vener Sto. Domingo (VS): Bilang tagapangulo ng KRB, pwede mo bang isalaysay kung ano itong KRB?

Ka Naryo (KN): Ang KRB ay pagbabago ng sistema ng gubyerno. Binubuwag ang burges na gubyerno tungo sa gubyerno na mamamayan ang nagpapatakbo sa pulitika, ekonomya at kultura.



paghulog ng balota sa halalan ng KRB

At sa kasalukuyang yugto, sumusuporta sa armadong pakikibaka. Bilang namumuno ng bagong gubyrerno, kaila-
ngang matibay, matatag, palaban. Yung lumalaban talaga dahil napakaraming problemang nasasalubong. Maraming problema ang mamamayang saklaw. Tinitiyak ng namumuno na naipatatupad ang gawain ng isang gubyrerno sa pamamagitan ng mga miembro nito. Halimbawa nito ang mga batas na pinagtatibay ng KRB.

VS: Paano ka nila pinili bilang tagapangulo?

KN: Sa pamamagitan ng eleksyon, ngunit walang pangangampanya; prinsipyo ang umiiral.

VS: Sa tingin mo at batay sa iyong karanasan, bakit ang isang myembro ay napipiling

tagapangulo ng KRB?

KN: Sa bahagi ko, siguro dahil kilala na nila ako mula nang itinatayo ang PKM (asosasyong magsasaka) hanggang itinatayo ang KRB. Sa mahabang panahon, kilala ng mga tao ang bawat kandidato, dahil magkakapitbahay lamang. Kilala ang mga gawi at prinsipyo ng bawat isa. Sa proseso ng pamamahala, ang kakayahan at pagtitiwala ay nakikita na ng mamamayan. Hindi nila inonombra iyong marami pang bagahe sa sarili.

VS: Iba pala talaga ang eleksyon sa KRB kung ihahambing sa eleksyon sa barangay?

KN: Malaki ang pagkakaiba. Sa burges na eleksyon, hindi pa nga nakapaghahain ng kandidatura, mayroon nang nanggugulo sa mga tao, nariyan ang pag-iinuman, pamimili ng boto. Ang iba, sariling kusa, pero kadalasan pera-pera talaga. Ang kanilang pagkandidato ay trapong pulitika, hindi sa serbisyo kundi para sa kanilang sarili. Sa eleksyon ng KRB, inihahanda ang kandidato para maglingkod. Kapag nananalò,

nalulungkot dahil maraming trabahong haharapin, ang hindi nanalo, natutuwa (tawanan). Sa burges ang natatalo, nalulungkot; ang nanalo, masaya.

VS: *Nalulungkot ka pala?*

KN: Hindi naman, hindi dapat ikalungkot ang maraming responsibilidad. Ang paglilingkod naman talaga ang ating sinumpaang.

VS: *Mabuti at hindi sumama ang loob ng kapitan ng barangay at iba pang opisyal ng baryo? At ano ang kanilang papel ngayong may KRB na?*

KN: Ang mga opisyal ng baryo ay matagal nang kumilala na may dalawang gubyerno sa Pilipinas. Kapag may mga tunggalian sa baryo, hindi kapitan ng barangay

ang direktang tumatanggap. Sasabihin niya, “doon ninyo dalhin sa inyong mga datu (KRB) ang inyong mga problema dahil doon yan malulutas”. At ang pangulo ng KRB ang magrerekomenda bago pa siya kumilos. Natutuwa sila, dahil wala na ang sakit ng ulo nila, dahil wala na silang aayusin (tawanan). Dito sa amin, wala nang nagsasampa ng kaso sa aming kapitan. Sa KRB talaga pumupunta. Kung may isasampa o ikokoordina sa kanya, tumutugon kaagad siya. Ang mga opisyal sa barangay ay tumutulong sa pagdedepensa ng mamamayan, laluna sa panahon ng militarisasyon. Madali naman silang lapitan.

VS: *Pagkatapos ng eleksyon, ano naman ang inyong mga aktibidad bilang namumuno sa barangay?*

KN: May plano-programa. Bawat buwan may pulong. Pag-uusapan ang mga batas at patakaran sa loob ng gubyerno at baryo, ang pagpapaunlad sa ekonomya, ang iskedyul ng mga aayusin.





Tinutulungan ng KRB ang mga walang bahay o kulang ang kakayahan sa paggawa ng bahay. Dahil may gilingan, hindi na kami gagastos ng mataas na pamasahé sa pagpapagiling sa

Tuluy-tuloy ang pagkilos para magkabenepisyo ang lahat. Pag-uusapan ang mga pamamaraan para umunlad.

VS: *Ano ang kasalukuyang proyekto ng KRB sa inyong baryo? Nakakatulong ba talaga ito sa mamamayan?*

KN: Maraming proyekto. Pagkukumpuni ng eskwelahan, pagpapalitaw ng mga kita sa hag-otan, *chainsaw* at gilingan ng mais; pagtatayo ng kooperatiba sa pagbebenta at pamimili; pagpapaunlad ng abakahan, maisan at kamotehan. Nakakatulong talaga sa amin. Ang mga makina ng hag-otan ay nagpabilis sa produksyon kaya mas tumaas ang presyo. Sa *chainsaw*, hindi lumaki ang gastos namin sa pagtatayo ng bahay; gasolina at opereytor lamang ang bayarin at donasyon sa *maintenance*.

bayan.

Malaki ang naitulong ng kooperatiba sa mamamayan sa kanilang araw-araw na pangangailangan; halimbawa, kung may isang daan siya, di na siya bababa pa ng baryo; 50 pesos ang pamasahé palabas at 400 pesos papasok. Higit sa lahat, dahil ang kooperatiba ay kanya at sa mamamayan din, kaya hindi negosyo, kundi serbisyo. Maraming nagtataakang mga tagapatag dahil mas mura sa bundok. Halimbawa ang mga pulitikong pumunta ay nagulat dahil mas mura. Ang aming sagot, dahil may kooperatiba.

Ginagawa ang pagmamantine o pagsasaayos ng kalsada sa pamamagitan ng pakikiusap na tumulong ang mga negosyanteng pumapasok sa

erya para mamili ng uway, palkata, at iba pa.

Lahat ng proyekto ay nagla-laan para sa armadong pakikibaka ayon sa pangangailangan ng mga kasama; tulad ng produkto ng mga sama-samang pagsasaka.

VS: *Ano ang mga kahirapang inyong nasasalubong at paano ito hinarap?*

KN: Nalulutas naman ang mga kahirapan. Militarasyon talaga ang aming pinakakahirapan dahil nahi-hinto ang pagpapatakbo ng gubyerno. Nakikita nilang umuunlad na kami kaya naninira naman ang mga sundalo ni Aquino.

VS: *Natural na hindi lingid sa kaaway na militar na organisado talaga kayo. Paano ninyo hinarap ang mga atake ng kaaway?*



KN: Kailangang matapang sa pagharap sa mga pakikibaka. Matapang sa pagharap sa kaaway.

VS: *Sa tingin mo, kaya ba talagang makairal itong gubyerno ng mamamayan sa baryo?*

KN: Bakit naman hindi? Nagsimula ang rebolusyonaryong kilusan dito noong 1981, mga 30 taon na, nakapundar na, umunlad na, hindi na masugpo ng gubyerno. Programa ng rehimeng Aquino na durugin kami, tayo; sa halip, ang kanyang gubyerno ang unti-unting nadudurog. Dahil nga sa mamamayan ang gubyerno at mismong ang mga tao ang nagpapatakbo. Disiplinado, planado. Sa labanan talo naman talaga ang kaaway. Labanan sa baril talo ang kaaway. Labanan sa propaganda talo ang kaaway.

Dahil sa gabay ng Partido at rebolusyonaryong landas na tinatahak ng mamamayan, makakamit ang tagumpay at uunlad tungo sa sosyalismo.

VS: Ano ang iyong mensahe sa ibang baryo na gusto ring magtayo ng KRB?

KN: Sa KRB, kamtin natin ang ating estado, ang estado ng mamamayan.

Manindigan tayo, magpatatag ng paninindigan at pananaw. Bahagi ng pagpawi natin sa pagsasamantala at pang-aapi ng mga naghaharing uri ang pagpupundar natin ng mga KRB. Kaya walang takot na ipundar natin ang gubyerno ng mamamayan para palitan ang burges reaksyunaryong gubyerno na di makamamamayan kundi para sa naghaharing uri. Aking hinihikayat ang buong kasapian at inaapi na manindigan at labanan ang bulok na sistema ng reaksyunaryong pamahalaan para kamtin ang tunay na demokrasya, kalayaan at kaunlaran na matagal nang minimithi ng mamamayan.



HINGGIL SA REBOLUSYONARYONG HUSTISYA

NI LANDAY BAWEH

isinalin mula sa Sulong NDF-Mindanao, Enero 2013



Ano ang ibig sabihin ng rebolusyonaryong hustisya?

Bilang isang rebolusyonaryong gubyernong umiiral na may sariling mga batas at patakaran, ito ay may sistemang hudisyal at ligal kung saan nakabatay ang pagpapatupad ng rebolusyonaryong hustisya.

Pangunahing layunin ng rebolusyonaryong hustisya na kamtin ang tunay na hustisyang panlipunan laluna para sa mga inaapi at pinagsasamantalahan. Mahigpit itong ipinatutupad ayon sa mga patakaran at alituntunin ng rebolusyonaryong kilusan at kumikilala sa mga internasyunal na batas katulad ng *Protocol 1 & 2 ng Geneva Conventions*, at ng *Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law*

Sa lahat ng dako ng buong kapuluan maingat na itinatayo ng rebolusyonaryong kilusan ang mga Hukumang Bayan.

Ano ang kaibahan ng hustisyang ipinapataw ng reaksiyunaryong estado sa hustisyang ipinatutupad ng rebolusyonaryong kilusan?

Magkaiba sila sa esensya. Ang buong sistemang ligal ng reaksiyunaryong gubyerno ay nagkukunwaring para sa mamamayan, at nangingibabaw sa lahat ng uri ngunit ang totoo'y sinusupil ang mamamayan laluna ang masang anakpawis at pinapaboran o ipinagtatangol ang naghaharing uri.

Isinusulong at ipinatutupad ng mga batas ng demokratikong gubyernong bayan ang mga batayang demokratikong interes ng mamamayan. Halimbawa nito ang mga batas para sa tunay na reporma sa lupa na pabor sa pinakamahihipap na magsasakang walang lupa. Sa pangkalahatan, ang rebolusyonaryong hustisya ay nakabatay sa katotohanan at sa mga probisyon ng Mga Alituntunin sa Pagtatayo ng Demokratikong Gubyernong Bayan, ang Saligang Batas ng itinatayong gubyernong bayan. Nilalayon nito ang pagsulong ng rebolusyon, sinusupil ang kontra-rebolusyon, ipinapataw ang parusa ayon sa bigat ng kasalanan, at nilulutas ang suliranin ng buong sambayanan.

Pinagbibintangan ng kaaway na isang “kangaroo court” o huwad at lutong Macaw lamang ang Hukumang Bayan (People’s Court). Ano ang iyong masasabi tungkol dito ?

Hindi totoo iyan. Kung "kangaroo court" ang Hukumang Bayan, walang mangyayaring kalutasan sa napakaraming kasong inihahain sa ating mga larangan at baseng gerilya sa pamamagitan ng hudisyal na sistema ng rebolusyonaryong kilusan.

Sa lahat ng dako ng buong kapuluan, maingat na itinatayo ng rebolusyonaryong kilusan ang Hukumang Bayan. Importanteng



instrumento ito sa sistema ng demokrasya ng mamamayan, isang institusyong ang nasa likuran at ang ipinagtatanggol ay ang mga karapatan ng mamamayan laban sa mapanupil at mapagsamantalang mga uri at nilulutas ang mga tunggalian sa hanay

ng mamamayan. Ang pinakamahalaga ay nilulutas ang mga kasong inihahabla sa Hukumang Bayan at tinutugunan ang makatarungang kahi-ngian ng mamamayan ayon sa sistemang ligal at hudisyal na pinairral ng kilusan.

Ano ang matatatag na batayan na ang itatalaga sa Hukumang Bayan ay may kakayahan sa pagsusuri at pagdesisyon?

Kailangang ang magiging myembro ng Hukumang Bayan ay mayroong mahusay na rekord bilang namumuno sa organisasyong masa at kinikilala sa kanilang integridad, kahusayan, at matalas na kaisipan. Kadalasan, sila ay mga responsableng masa at kasapi ng Partido sa lokalidad na subok sa pamumuno at pagkilos at nagtataguyod sa mga pundamental na prinsipyo ng gubyernong bayan. Tinitiyak din na ang itatalaga sa Hukumang Bayan ay hindi kamag-anak o kaibigan o kaaway ng akusado o ng nagsasakdal. Mayroon ding mga pagsasanay na ginagawa sa mga umuupo sa Hukumang Bayan.

Sa mga erya ng Lumad, mahalagang maunawaan ang sistema ng hustisiya na isinasagawa ng tribu, ano ang kanilang konsepto sa krimen at ano ang angkop na mga parusa at hakbang hinggil dito. Kadalasan, mayroon silang mga nakakatanda (*elders*) na higit na nakakaalam sa mga batas at patakaran ng tribu. Sa erya ng mga Moro, kinikilala rin natin ang kanilang mga korte (*Shariah*) at ang sistema ng hustisiyang gumagana sa kanilang komunidad.

Napakahalaga na maunawaan ang iba't-ibang uri ng pampulitika at pangkulturang usapin ng mga pambansang minorya.

Anong mga kaso, halimbawa, ang naharap na ninyo sa Hukumang Bayan?

Napakarami na, depende sa krimen. May mga krimen laban sa Saligang Batas ng Demokratikong Gubyernong Bayan, laban sa pampublikong kaayusan at kapayapaan, at mga krimen laban sa interes at seguridad ng mamamayan. Iba't ibang mga krimen ang inaakyat sa hukumang bayan. Sa aming karanasan lamang, may mga kaso hinggil sa paglabag sa karapatang pantao, panggagahasa, *incest*, *landgrabbing*, matinding pagsasamantala at pang-aapi sa mga manggagawa, *murder*, pagnanakaw ng kalabaw, pangungulimbat ng pondo ng mamamayan, *kidnapping*, pagbebenta ng droga, at marami pang iba.

Kapag nasa teritoryo at naggagawaing masa, hindi maiiwasang mayroong masalubong na mga kasong isinampa ng mamamayan para lutasin, litisin at husgahan. May mabibigat, at may magagaan lamang. Ang magagaan na kaso ay arbitrasyon lamang ang ginagawa o pag-uusap-usap. Ang mabibigat na kaso ay isinasampa sa mas mataas na korte. Kailangang kilalanin kung ang akusado ang pangunahing gumawa ng krimen, kakutsaba o tumulong lamang. Kailangan lagi ang masusing pag-aaral at pagtimbang-timbang. May sinusunod na sistemang hudisyal.

Lahat ba ng mga kaso na inyong nasasalubong ay isinasampa sa Hukumang Bayan?

Hindi naman. Mara-ming kaso tulad ng mga tunggalian sa hanay ng mamamayan ang malulutas sa arbitrasyon o pag-



uusap. Mga kaso ito na hindi antagonistiko o maaaring pag-uusapan lamang katu-lad ng tunggalian ng magkakapitbahay, away ng mag-asawa, mga tanim na nasira dahil nakapasok ang mga kambing o kalabaw ng kapitbahay, di kalakihang utang na di nabayaran, at iba pa. Sa ganoong kalagayan, ang mga responsableng masa ang nag-aayos nito, mga nasa komite sa arbitrasyon ng mga organisasyong masa. Ngunit mayroon ding mabibigat na kaso sa hanay ng mamamayan tulad ng *homicide*, *sexual harassment* at *rape* na kailangan talagang isampa sa Hukumang Bayan.

Si SPO1 Faizhal Juhaili, POW na maayos na tintrato at pinalaya ng pamahalaang bayan.



Paano ang pakikitungo ng Hukumang Bayan sa mga nadarakip na kaaway?

Kung nadakip ang kaaway, halimbawa mga sundalo ng AFP, kikilalanin silang mga *Prisoners of War* o **POW** at ihahabla sila sa korteng militar ng NPA, hindi sa Hukumang Bayan. Titingnan ng korteng iyon kung may *war crimes* ba siya at/o mga krimen laban sa internasyunal na mga batas ng digmaan tulad ng *Protocol 1 & 2* ng *Geneva Convention*, o di kaya'y mga paglabag sa *CARHRIHL*. Ang korteng militar ng NPA ang may awtoridad nito at hindi ang Hukumang Bayan. Ngunit kung may mga reklamo ang mamamayan laban sa sundalong iyon, maisasampa nila ito sa natakandang korte. Ang lahat ng ito ay bahagi ng sistemang ligal at hudisyal ng rebolusyonaryong kilusan.

Ano itong sinasabing sistemang ligal at hudisyal ng rebolusyonaryong kilusan?

Ito ang sistema para makamit ang rebolusyonaryong hustisya. Sa

gitna ng malakas na atake ng kaaway at ayon sa ipinapahintulot ng kalagayan, ipinapatupad natin ang tamang proseso ng sistemang hudisyal. Ang ganoong proseso ang tumitiyak na umuusad ang kaso nang walang pagkabalam, isinasagawa ang syentipikong pagsusuri kaugnay ng kaso, kinakamit ang katotohanan na di na dumaraan sa mga nakakaantalang teknikalidad, at higit sa lahat, tinatamo ang hustisya. Tinatanaw rin dito ang pampulitika at pangkulturang konteksto ng kaso at hanggang sa rehabilitasyon ng akusado. Dahil epektibo at mahusay ang sistemang hudisyal, mahigpit itong kinikilala ng masa, alyado at kahit ng ilang korte at husgado ng reaksyunaryong gubyerno. Ang buong prosesong sinusunod ay sumasaklaw sa:

- a. panimulang imbestigasyon sa kaso, pagsasampa ng sakdal, pagbubuo ng isang hukumang bayan para sa paglilitis ng kaso;
- b. *pagbibigay sa akusado ng paunang pabatid (prior notice) ng pagsasakdal sa kanya at ng mga kasong isinampa laban sa kanya at, kung kriminal ang kaso, paghiling na kusang sumuko sa mga rebolusyonaryong awtoridad at humarap sa hukumang bayan para sa paglilitis.*
- k. *pagbibigay ng pagkakataon sa isang nasasakdal na makapagtanggol at pagtitiyak sa pagkakaroon niya ng abugadong tagapagtanggol;*
- d. *paglalabas ng hukuman ng warrant of arrest o mandamyento de aresto para arestuhin ang nasasakdal sa kasong kriminal kung hindi kusang haharap o tumatangging iharap ang sarili sa hukuman;*
- e. *pagdaraos ng patas at obhetibong paglilitis (kadalasang ginagawa sa harap ng publiko at makalalahok ang mamamayan para ibigay ang kanilang opinyon). Ipakikita sa paglilitis ang mga ebidensya at pangyayari. Ilalatag din ang ebidensya at kontra-argumento o mga bagong ebidensya. (Artikulo*



4, *Bata-yang Karapatan at Tungkulin ng Demokratikong Gubyerong Bayan*)

- g. paghuhusga kung may sala o walang sala ang akusado. Mararating ang pasya sa pamamagitan ng botohan ng mga hukom. Isasalaysay ng bawat hukom ang mga batayan ng kanyang boto. Kailangan ang 2/3 na mayorya para sa parusang kamatayan. Ang lahat ng desisyon ay ipaliliwanag ng namumunong hukom (*presiding judge*). (*Kabanata III, Artikulo 5, Patnubay sa Pagtatatag ng Demokratikong Gubyernong Bayan*)
- h. pagpapalaya sa pinawalang-sala;
- i. pagbibigay ng pagkakataon sa hinusgahang may sala na iparepaso at iapela ang kaso;
- l. pagpapatupad sa desisyon matapos kumpirmahin, repasuhin at matalo ang apela.

May kinikilala rin bang mga karapatan ang akusado katulad sa burges na korte ?

Mayroon. Iginagalang ng rebolusyonaryong kilusan ang mga karapatan ng isang akusado at nagbibigay-daan sa tamang proseso sa pagpapatupad ng hustisya sa kanyang kaso. Kabilang dito ang:

- a. karapatang kilalaning inosente hanggang mapatunayang may sala
- b. karapatan laban sa arbitraryong pag-aaresto na wala pang naunang kasong isinampa (maliban kung nahuli sa akto sa pagsagawa ng krimen)
- k. karapatang malaman ang kasong isinampa sa kanya
- d. karapatang humarap sa panimulang imbestigasyon
- e. karapatang dumaan sa patas at makatarungang paglilitis
- g. karapatang idepensa ang sarili
- h. karapatang iapela ang desisyon ng hukuman

Saklaw ba ng sistemang hudisyal na ito ang mga myembro ng NPA o kasapi ng Partido na nagkasala? Mapaparusahan ba sila ng Hukumang Bayan?

May sariling mga alituntunin ang NPA sa mahigpit na pagpatupad

ng disiplina tulad ng Punto IV sa Batayang Alituntunin ng BHB. Sa mga krimen kaugnay ng digmaan (*war crimes and crimes against humanity at paglabag sa IHL*), naririyang ang *CARHRIHL* at *Protocol 1 & 2 ng Geneva Conventions*. Hindi Hukumang Bayan kundi ang Korteng Militar ang naglilitis sa mga myembro ng NPA na nakagawa ng krimen. Ngunit titingnan pa rin ang katangian ng krimeng nagawa at ang mga sirkunstansyang nakapagpapabigat at nakapagpapagaan.

Kapag kasapi ng Partido ang nakagawa ng krimen, ipapailalim siya sa mga proseso at aksyong pandisiplina ng Partido at matapos ito, maaari siyang iharap sa Hukumang Bayan kung kinakailangan.

Kapag parusang kamatayan ang naging hatol, ano naman ang prosesong sinusunod?

Awtomatik na iaangat ang desisyon sa mas mataas na korte o sa pinakamataas na organo/korte sa rehiyon at isasangguni ito sa Kataastaasang Hukumang Bayan sa rehiyon o sa kasalukuyang katumbas nito. Sa mga mayor at kumplikadong kaso, kailangang siyam na hukom ang bubuo sa korte at 2/3 ang kailangang boto para sa hatol na maksimum na parusa. Ngunit kailangan ang masusing pagtitimbang; kailangan nating higit na matuto at mapaunlad ang sistemang hudisyal.



Ano ang pinakamahirap na naranasan ninyo sa pagpapatupad ng rebolusyonaryong hustisya?

May kakulangan pa ang mga kasama sa masinop na pag-aaral at dokumentasyon laluna sa mabibigat na kasong kriminal at sibil na isinasampa sa mga rebolusyonaryong awtoridad.

Kulang pa rin ang pagsasanay sa mga Hukumang Bayan.

Mahalaga ang dokumentasyon para maging bahagi ito ng kabang-yaman ng mga karanasan sa rebolusyonaryong hurisprudensya at mapaunlad pa ang sistema sa hustisya ng rebolusyonaryong kilusan at ng Demokratikong Gubyernong Bayan. Ngunit dahil sa dami ng gawain sa larangan at sa sunud-sunod na kilos ng kaaway, minsan di nabibigyan ng prayoridad ang pagdodokumento sa mga kaso. Malaki ang maitutulong ng mga kasamang abugado at mga kadre at masang may sapat na karanasan sa rebolusyonaryong hurisprudensya para patuloy na buuin at paunlarin ang mga Hukumang Bayan sa antas baryo, munisipalidad, rehiyon at sa Kataas-taasang Hukumang Bayan.




UGNAYAN

NI SORAL MALAYA

ito ang mga naghihiwalay sa atin;
 university ave,
 elliptical road,
 komonwelt,
 nasyunal haywey
 at napakatrapik
 na ekspreswey
 -sa isang panig



-at sa kabila nama'y
 malawak na palayan,
 masukal na tubuhan,
 kalat-kalat na mga
 dasdas,
 sapa,
 ilog
 at mga kugunan.
 matataas na mga gasangan
 at magkakanugnog na mga kabayanan.



ito naman ang mga nagdurugtong sa atin;
 piketlayn ng mga obrero sa Pentagon,
 lakbayan ng mga ortilano sa Department of Agrarian Reform,
 kontra demolisyong piket sa San Roque't Corazon De Jesus,
 iglap rali ng Kabataang Makabayan sa piling mga kalsada ng
 kalunsuran

-sa isang panig

-at sa kabila nama'y

bungkalan ng mga magsasaka sa mga lupang tiwangwang
 hakbang pamuwersa sa mga dambuhala't mapanirang minahan,
 hakbang pamarusa sa mga lambat paniktik ng kaaway at mga kriminal,
 pag-usbong ng mga pulang binhi ng kapangyarihang pampulitika
 sa mga purok na di aakalaing maaring punlaan
 at, mga opensibang taktikal na may koordinadong kumpas at
 paniguradong bigwas

lahat ng ito at marami pang mga dahilan
 ang siyang esensyal at batayang materyal na ating pinagkaisahan
 at patuloy na pagsasalubungan

dahil sa gitna ng mga bagay
 na sa 'ti'y nagdurugtong at naghihiwalay;
 lagi't lagi'y pumapagitna ang makauri nating digmaang
 s'ya ring nagsisilbing makauri nating ugnayan.



PAGPAPASYA NG ISANG INA

NI KA DEZ



Labing-anim na taon na akong FT. FT sa pag-aalaga ng lbata, paggampan ng gawaing bahay, pagiging asawa, sa pagbabadyet ng sahod at pagharap sa mga nag-uusbungang karaniwang problema ng pamilyang Pilipino.

Noong Abril, nagkaroon ako ng oras makapagbakasyon. Sa kabundukan ako ng Davao dinala ng pagkakataon kung saan namamalagi ang tiyuhin ko sa mahabang panahon bilang isang myembro ng Partido Komunista. Dito ako nagkaroon ng oportunidad na mas lalong maunawaan kung ano at para kanino ang ibinuwis na buhay ng aking ama, bakit hindi siya natakot manindigan sa kanyang pinaniniwalaan. Ngunit ang inakala kong panandaliang pahinga ay mauuwi sa pagbubukas ng daan tungo sa pagsisimula ng panibagong kabanata ng aking kasaysayan. Muling nabuhay ang mga katagang “itutuloy ko ang laban ng tatay ko” na mahaba na ang panahong napalitan ng “tama na, sila na lang”.

Muli, gusto kong manindigan hindi bilang isang anak

kundi bilang isang ina at bilang isang magiging lola sa darating na panahon. Isang inang may pagnanasang makibahagi sa pagbabago ng lipunan upang sa pag-usbong at paglago ng kanyang salinlahi ay di na niya danasin ang mapait na karanasang dulot ng kulturang umiiral at lipunang malapyudal, malupit at mapagsamantala sa mga babae at mahihina, bagkus ay matatamasa niya ang pinagbuwisan ng buhay ng maraming mandirigmang ina para sa tunay na demokrasya at kalayaan ng kanyang susunod na henerasyon.

Nais ko ring manindigan bilang tao, para sa kapwa tao'y kikilos at nang sa kinabukasan ang lahat hindi lamang ang pamilya niya ang may sapat na pagkain sa lamesa kundi ang lahat ng masang salat at kapos.

Nais kong manindigan para sa karapatan na mabuhay ng maayos -- ng isang matandang Lumad at suklian ng tunay na serbisyo ang mahigpit niyang yakap na siyang nagpaguho sa sinimento ko nang pangako.

Ngayon buo na ang puso kong kumilos at gampanan ang aking papel bilang isa sa milyun-milyong Pilipinong matagal nang pinagsasamantalahan at pinaghaharian ng iilang umaangkin sa kapangyarihang tayo ang tunay na nagmamay-ari. May lakas na akong maging isa sa mga lumalaban upang bawiin ang yamang tayo ang lumikha. Handa na akong makihanay sa mga kawal ng masa kapalit man nito'y gabi-gabing pagluha pagkat hindi maka-kapiling ang mga mahal na anak, kapalit man nito'y k a t o t o h a n a n g hindi ko na magagampanan ang



responsibilidad ko bilang asawa.

Alam ko, darating ang panahong maiintindihan ng aking pamilya kung bakit gusto kong dito sa kabundukan kasama ang hukbo at masa magsimula ang pahina ng aking pakikibaka. Ang hukbo at kalagayan ng masang Lumad ang naging tulay upang muli akong mamulat sa katotohanang hindi “sapat ang sila lang” pagkat habang lumalakas ang kaaway, habang lumalala at dumadami ang pagpatay at paglabag sa karapatang pantao, habang hindi napapalitan ng totoo ang huwad na demokrasya, hanggat hindi tayo nakakalaya sa kuko ng mabangis at mapang-aping imperyalistang US, hanggat iba ang namumuwalan sa pagkaing ang magsasaka ang nagtanim at nag-ani, habang may manggagawang pagod na pagod sa maghaponing paggawa ngunit halos walang sahurin, hanggat may babaeng pinagpaparausan ng atrasadong kultura, habang may maralitang masang kahig ng kahig pero wala pa ring matuka, habang may katutubong minamaliit at pinandidirian at habang may iba pang uri na pinagkakaitan ng kanilang karapatan ay kailangan nating palakasin, paramihin at paunlarin ang pwersa ng pulang mandirigmang puputol sa tanikalang gumagagapos sa kalayaan ng sambayanan.

Alam kong balang araw, mapagtatanto din ng aking mga anak na sila ang pangunahing dahilan kung bakit mas ninais kong mahiwalay sa kanila at dito sa kabukiran magpanday ng sandatang magagamit nila sa pagtapos sa bulok na sistema ng lipunan.



Nais kong ang mga sakripisyong kaakibat ng desisyong maging isang hukbo ng masa ang maghubog at magpalakas sa mithiin kong paglingkuran ang masa.

Labing anim na taon kong ipinikit ang mga mata,

iyon din ang tagal ng panahong naghihintay lamang ako sa pagdating ng araw ng tagumpay ng rebolusyon. Bakit ko pa patatagalin, palilipasin ang panahon ng paghihiwalay sa aking mga anak kung gagawin ko rin sa hinaharap? Paano kung sa



panahong iyon ay wala na akong lakas ng pangangatawan at kung kailan tuluyan nang kinain ng bulok na kultura't sistema ang kinabukasan ng aking mga anak?

Kaya't habang may lakas pa ako'y mangangahas akong lumabas sa munti naming tahanan, mangangahas akong maging isang ina na lalaban para sa kalayaan at kapayapaan, karapatan at katarungan hindi lamang ng aking anak kundi ng iba pang anak ng bayan upang sa kinabukasan ay sila mismo ang magtatanggol at lilikha ng sarili nilang kalagayan at di ang iilang tuso't mapanlinlang na nakaupo sa kapangyarihan.



FREE(DOM) VERSE

NI KARLO KANUYOS



Pagliyabin ang nararamdaman,
pag-alabin ito nang walang patlang;
paglagablabin ang kahapon at ngayon,
sa daloy ng digmang gumuhit ng kasaysayan.

Iwaksi ang kasiphayuan,
pabahain ang rumaragasang daloy ng paglaban;
ang tinig ay magiging hiyaw ng dalisay na adhikain,
punglong tutugis sa kanilang nanggagahis.

Wakasan ang kabalintunaan,
paghariin ang pinaghaharian;
sa pag-aklas ng mga bisig na paglaya ang asam,

bawiin ang sa atin at pag-ugatin ang tunay na makabuluhan.

Ilapat ang aral ng nakaraan sa kasalukuyan,
idireksyon ang silakbo ng sinimulang siklab
nang di magmistulang aparisyon ang lagim na nililok ng dilim,
hanggang sumulong sa pag-igpaw at tuluyang
mamamayani ang lakas.

Tumindig at panindigan ang diwang mapanlaban,
Yakapin ang kalayaan sa saliw ng kanyang himig at panawagan;
Bawat paghulagpos ay lalagot sa bawat kawing ng tanikala
at magtatanghal sa teatrong pinanday ng pakikibaka.



LUZON, VISAYAS, MINDANAO

*mula sa North Eastern Mindanao Region,
awitin sa tono ng Song of the Barricades*

Luzon, Visayas, Mindanao,
buong bayan, palayain.
Lumang gapos ay lagutin;
mga tirano'y gapiin.
Sumulong nang buong tapang,
ipagwagi digmang bayan.
Mapulang bukas kakamtin
ng sambayanan.

I

Sa gabay ng Partido
dadagundong ang larangan.
Sa siklab ng digmaan,
tagumpay sa mamamayan
Kaya tayo na, ating isulong ang paglaya!

(koro)
Luzon, Visayas, Mindanao,
buong bayan palayain.
Lumang gapos ay lagutin;
mga tirano'y gapiin.
Sumulong nang buong tapang,
ipagwagi digmang bayan.
Mapulang bukas kakamtin
ng sambayanan.

II

Mga manggagawa
at mga magsasaka,



kilos na't magkaisa,
lagutin ang tanikala.
Kaya tayo na
ating itanghal ang paglaya!

(Koro)

Luzon, Visayas, Mindanao,
buong bayan palayain.
Lumang gapos ay lagutin;
mga tirano'y gapiin.
Sumulong nang buong tapang,
ipagwagi digmang bayan.
Mapulang bukas kakamtin
ng sambayanan.

III

Pagtibayin ang hanay;
walang hihiwalay.
Paghahari ng iilan
atin nang papalitan.
Kaya tayo nang
igiit paghahari ng bayan.

(koro)

Luzon, Visayas, Mindanao,
buong bayan palayain.
Lumang gapos ay lagutin;
Mga tirano'y gapiin.
Sumulong nang buong tapang,
ipagwagi digmang bayan.
Mapulang bukas kakamtin
ng sambayanan.



(Balik sa I, ulitin ang Koro)

PASASALAMAT

Nagpapasalamat ang Patnugutan ng **Ulos** sa lahat ng kasamang nag-ambag ng obra at tumulong sa pagbubuo ng isyung ito ng **Ulos**. Salamat kina Kasamang Liway at Kasamang ... na lumikha ng pabalat, sa mga kasamang nagbigay ng kanilang panahon at karanasan sa panayam, sa publikasyong **Inang Larangan** ng Gitnang Luzon at **Sulong** ng Mindanao na pinagkunan ng ilang mga likhang sining na ginamit sa isyung ito.